Tunay na Kaligayahan Maaaring Maging Iyo

Kabanatang Isa

Ang Tunay na Kaligayahan ay hinahangad nating lahat at pinagsisikapang makamit. Anuman ang ating pagkamamamayan, lahi, edad, kasarian, katayuan sa lipunan, karunungan, relihiyon o pinag-aralan, nais nating lahat na makaranas at magtamasa ng Tunay na Kaligayahan.

Ang katotohanang mayroon tayong iisang hangarin na magkamit at magtamasa ng Tunay na Kaligayahan ay nagsasabi sa atin na ang kaligayahang iyon ay dapat maging bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay at ang bawat isa sa atin ay may katuwiran at karapatan sa pagsasaliksik o paghahanap ng Tunay na Kaligayahan.

Ang buong sistema ng sanlibutan ay palaging nagtatangkang magbigay sa atin ng kahit na anong bagay na maaaring magdulot sa atin ng Tunay na Kaligayahan, ngunit kung tayo'y tapat tungkol sa uri ng ating buhay, dapat nating aminin na hindi talaga tayo maligaya; mayroong kulang!

Naniniwala ang mga may-akda ng aklat na ito na ang bawat tao, maging sinuman siya ay may karapatan at nakalaan na magkaroon ng tunay na maligayang buhay, kaya ngayo'y ibinabahagi namin sa iyo na:

Ang Tunay na Kaligayahan ay <u>MAAARING</u> Maging Iyo…

Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa. Ang lahat ay mabuti. Ang daigdig noon ay isang napakagandang paraiso na kung saan ay inilagay Niya ang unang lalaki at babae matapos na lalangin sila ayon sa Kanyang larawan at wangis.

Napakaganda at pinagpala ang kanilang buhay habang pareho silang naghaharing kasama ng kanilang Lumikha. Binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihan at pamamahala sa lahat ng mga nilikhang nabubuhay sa lupa at sila'y sinabihang maging mabunga, magpakarami, punuin ang lupa at supilin ito. Inatasan sila ng Diyos na mamahala sa lahat ng bagay maging hanggang sa pagbibigay ng mga pangalan sa mga hayop.

Ang Hardin ng Eden, na kanilang tahanan ay isang paraiso. Kasiyahan at ligaya ang talagang ibig sabihin ng salitang "Eden." Mayroon silang patuloy na pagsasamahan at pakikipagkaisa sa kanilang Lumikha at sila'y kasundo ng Kanyang mga nilalang. Noo'y walang kasalanan, walang karahasan, walang sakit o karamdaman, walang kakulangan o anumang uri ng paghihirap, at walang kamatayan. Ito ang plano noon ng Diyos para sa lahat ng tao at ganoon pa rin hanggang ngayon!

Si Adan, ang unang tao, at si Eva na kanyang asawa, ay nagkaroon ng pinakamagandang buhay na maaaring maranasan ng sinuman sa ibabaw ng lupa, at ito man ay plano rin ng Diyos sa buong sangkatauhan - ang lahat ng isisilang mula kina Adan at Eva. Sagana sila sa lahat ng bagay na totoong magpapaligaya sa kanila, ngunit upang mapangalagaan ang kanilang kaligayahan, ang Diyos ay mayroong ipinagbawal sa kanila.

"Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakanin ang bungang iyon; mamamatay ka kapag kumain ka niyon."

Binigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng kakayahang pumili. Sila'y hindi Niya nilikha na parang mga puppet o robot. Nais Niya ng isang relasyon sa kanila na batay sa tiwala at paggalang sa isa't isa. Ayaw ng Diyos na sila'y mamatay kaya't pinagbilinan Niya silang huwag kumain mula sa isang punong iyon. Hindi sila nagtiwala sa Diyos at sila'y nalinlang gaya ng sumusunod:

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ni Yahweh. Minsa'y tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kang kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?" Tumugon ang babae, "Hindi naman! Ipinakakain sa amin ang anumang bunga sa halamanan, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Pag kami raw ay kumain ng bunga nito o humipo man lamang sa punong iyon, mamamatay kami."

"Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay," wika ng ahas. "Gayon ang sabi ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon, magkakaroon kayo ng pagkaunawa. Kayo'y magiging parang Diyos; malalaman ninyo ang mabuti at masama." Napakaganda sa paningin ng babae ang punongkahoy at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Nabuo sa isipan niya na mabuti ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain. Kumuha rin siya para sa kanyang asawa, at kumain din ito.

Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtagnitagni at ginawang panakip sa katawan. Pagdadapit-hapon, narinig nilang naglalakad sa halamanan si Yahweh, kaya't nagtago sila sa kahuyan. Datapwat tinawag ni Yahweh ang lalaki at tinanong, "Saan ka naroon?"

Natakot po ako nang marinig ko kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad," tugon ng lalaki. "Sinong may sabi sa iyong hubad ka?" tanong ng Diyos. "Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?" "Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin," tugon ng lalaki. "Bakit mo naman ginawa iyon?" tanong ng Diyos sa babae. "Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain," tugon naman niya.

Ang mga bunga ng kapasyahan nina Adan at Eva na sila'y hindi nagtiwala sa kanilang Lumikha, at hindi naniwala sa Kanyang Salita, ay lubhang nakapinsala sa buong lahi ng tao, noon at ngayon. Ang di-pagsampalataya at pagsuway nina Adan at Eva ay nagdala ng kasalanan sa sanlibutan at naglayo sa sangkatauhan sa Kanilang Lumikha. Lahat ng uri ng kasamaan at pagkamakasarili, kasama na ng sakit, karamdaman, at maging ng kamatayan, ay sumunod sa kanilang di-pagsampalataya at pagkakasala.

Pinili nina Adan at Eva, mga magulang ng sangkatauhan, ang maniwala sa ahas, sa diyablo, kay Satanas, sa halip na maniwala sa kanilang Diyos na Maylalang. Hindi lamang inilayo ang tao sa Diyos sa pamamagitan ng kasalanan, kundi si Satanas ay nagkaroon ng kapangyarihan ngayon sa sangkatauhan. Sina Adan at Eva ay binigyan ng Diyos ng kapangyarihan sa lahat ng mga nilalang sa lupa kasama na ang ahas, ngunit dahil sa pagsunod nila sa diyablo sa halip na gamitin ang kanilang kapangyarihan sa kanya, sila'y naging alipin ng kasalanan at ni Satanas, sa halip na mamahala at maghari na kasama ng Diyos na kanilang Lumikha.

Ang buhay nila sa lupa at ng buong sangkatauhan ay hindi na tulad sa naunang layunin ng Diyos. Ang pamumuhay ay naging pananatili lamang sa halip na isang buhay na puno ng mga pagpapala at kasaganaang mula sa Diyos. Ang pagpasok ng kasalanan sa sanlibutan, bunga ng pagkahiwalay ng tao sa Diyos at ng paglaganap ng gawain ni Satanas sa daigdig ngayon, ay nagpa-

paunawa sa atin kung bakit ang sangkatauhan ay nasa ganitong kaguluhan, kalituhan, at ligalig at kung bakit ang mga tao ay dumaranas ng napakababang antas ng pamumuhay, kasama ng pagkamakasarili, ng sakit at karamdaman, kahirapan, pagpapakamatay, pagpatay, kasalanan at kahibangang sekswal, paghihimagsik laban sa awtoridad, diborsyo, droga at paglalasing, at ng iba pang kasamaan ng lipunan.

Dahil sa kawalan ng kaalaman at sa pakana mismo ng diyablo, maraming taong naninisi sa Diyos, o sa "mga diyos" sa magulong kalagayan ng mundo ngayon at sa mga suliraning kinakaharap nila sa kanilang buhay, sa pamilya, at sa bansa. Dahil hindi naiintindihan kung ano talaga ang problema, at wala namang tunay na solusyong nakakatulong, ang mga tao'y nakikipaglaban upang mabuhay at makaungos at maaari pa ngang magtagumpay sa buhay, ngunit matutuklasan lamang sa bandang huli na sila'y nahaharap sa kamatayan, sa paghuhukom, at kawalang-hanggan na walang Diyos.

Ang mga tao sa lahat ng dako ay dumaraan araw-araw sa mga palagiang galaw ng buhay at sila'y nagsisikap makatagpo ng bagay na magbibigay-kasiyahan sa kanilang uhaw, subalit sila'y nabibigo. Ang kaaliwan sa mga palabas, mga makamundong libangan, sex, droga, alak, isports, propesyon, mga relasyon, maging ang relihiyon, ay hindi nakapagpupuno sa kawalang hinugisan ng Diyos na tanging ang relasyon sa kanilang Lumikha ang maaring pumuno. Si Satanas at ang kanyang makamundong sistema ay nagbibigay ng pansamantalang kasiyahan, ngunit ito'y panandalian lamang at sa huli ay nagdudulot pa ng ibayong sakit at kawalan.

Ang Diyos, na sa Kanyang larawan at wangis tayong lahat at nilikha, ay patuloy na nagpapahalaga at nagmamahal sa sangkatauhan, bagaman ang mga tao'y nagpalayo na sa Kanya dahil sa kasalanan at di-pagsampalataya. Bagama't hindi nagbabago ang Kanyang pag-ibig sa atin, ang ating Lumikha ay hindi maaaring lumabag sa mga atas na ginawa Niya tungkol sa mga bunga ng kasalanan; kapag ginawa Niya ito, hindi na mapagkakatiwalaan ang Kanyang Salita. Kaya, kailangan Niyang maglapat ng lunas upang malutas ang suliranin ng sangkatauhan nang sa ganoon ay muli Siyang magkaroon ng pakikisama sa atin at ibalik tayo sa ating datihang kapayapaan, pagpapala, at kasaganaan, pati na rin ang ating kapangyarihan sa lupa na Diyos din ang nagbigay, habang itinataas natin ang katotohanan at katapatan ng Kanyang Salita.

Kailangang mabigyang-kasiyahan ang katarungan ng Diyos. Kailangang maparusahan ang pagkakasala at pagsuway ng tao. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan, ito'y hindi lamang ang paghinto ng buhay ng ating katawan kundi pati na rin ang ating kamatayang espirituwal, na ito ay ang pagkahiwalay sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong namamatay sa kasalanan ay pumupunta sa impiyerno at walang-hanggang nahihiwalay sa presensiya ng Diyos, bagaman noong una ang impiyerno ay isang lugar na inilaan para sa diyablo at sa kanyang mga anghel na nagkasala.

Gayunman, sa halip na puksain ang buong sangkatauhan, nagbigay ang Diyos ng daan upang maligtas ang mga tao mula sa kanilang kasalanan at maipagkasundo sa kanilang Lumikha nang sa gayo'y magkaroon sila ng pakikisama sa Diyos at magkaroon ng buhay na noon pa ma'y ninanais na ng Diyos para sa kanila. Gumawa Siya ng paraan upang matubos tayo, upang bilhin tayo mula sa pamilihan ng pang-aalipin ng kasalanan, at mula sa kapangyarihan ni Satanas sa ating buhay. Ginawa ito ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay mahimalang ipinanganak sa bayan ng Bethlehem, sa Israel. Isang dalagang birhen na ang pangalan ay Maria ang ina ng Anak ng Diyos na si Jesus. Nilukuban ng Banal na Espiritu ng Diyos si Maria, kaya kanyang ipinaglihi at isinilang ang Banal na Sanggol na si Jesus.

Bago pa man mangyari, ang lahat ng ito ay ipinahayag na daan-daang taon bago Siya ipinanganak, tulad din ng layunin ni Jesus sa pagparito sa lupa at ng iba pang mga pangyayari sa Kanyang buhay. Ang lahat ng mga propesiya tungkol sa Kanya ay natupad maging hanggang sa kaliit-liitang detalye. Siya'y lumaki sa paglingap ng Diyos at ng tao, nabuhay ng tatlumpu't tatlong taon dito sa lupa at tinupad ang Kanyang layunin sa pagparito, pagkatapos nito'y bumalik Siya sa Kanyang Ama sa langit.

Si Jesus ay naiiba sa ibang tao. Wala siyang amang taga-lupa. Hindi Niya kadugo si Adan. Ang Diyos ang Kanyang Ama, at kahit tinukso Siya ni Satanas, gaya nina Adan at Eva noong pasimula, hindi Siya kailanman nagkasala. Napagtagumpayan Niya ang bawat pakana at ang bawat tukso ng diyablo. Ginampanan Niyang palagi ang kagustuhan ng Diyos at namuhay nang may lubusang pagsunod sa Kanyang Ama na nasa langit.

Kaya, natupad ni Jesu-Cristo ang plano ng Diyos para sa katubusan ng sangkatauhan. Siya ang solusyon ng Diyos sa ating problema. Sa halip na parusahan tayo dahil sa ating mga kasalanan, pinarusahan ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus, alang-alang sa atin. Si Jesu-Cristo, ang tanging perpekto at walang kasalanang tao na lumakad sa ibabaw ng mundong ito, ay nag-alay ng Kanyang buhay para sa iyo, sa akin, at sa buong sangkatauhan. Si Jesu-Cristo ay ipinako sa krus, namatay mahigit 2,000 taon na ang nakalilipas at dumanak ang Kanyang napakahalagang dugo bilang kabayaran para sa ating mga kasalanan, upang tubusin tayo mula sa pagkakasala at sa mga idinudulot nito, at mula sa kapangyarihan ni Satanas sa ating buhay.

Si Jesu-Cristo ang naging kapalit natin. Siya ang dumanas ng ating kaparusahan doon sa krus. **Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.** Nakipagpalit Siya ng pu-

westo sa atin. Siya'y naging tulad sa kung ano tayo noon upang tayo'y maging tulad sa kung ano Siya ngayon. Doon sa krus ay pinasan Niya ang ating mga kasalanan, sakit at karamdaman sa sarili Niyang katawan at bilang kapalit nito'y ibinigay Niya sa atin ang Kanyang katuwiran, kalusugan, at masaganang buhay. Kinuha Niya ang ating pagkatalo at ibinigay Niya sa atin ang Kanyang tagumpay. Siya'y namatay upang mabuhay tayo nang masagana gaya ng unang hangarin ng Diyos.

Si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; at siya'y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa. Pagkatapos, napakita siya sa mahigit na 500 kapatid na nagkakatipon. Pagkatapos nito, umakyat si Jesu-Cristo sa langit na kung saan Siya ngayo'y naghahanda ng lugar para sa lahat ng magpapasyang manampalataya sa Kanya at tatanggap sa Kanya bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon. Darating ang araw na babalik si Jesus upang dalhin sa Langit at manatili doon magpakailanman ang lahat ng nananampalataya sa Kanya.

Ginapi ni Jesu-Cristo ang kasalanan, sakit, karamdaman, kamatayan, at ang lahat ng mga gawa ng diyablo. Siya'y buhay at matagumpay na naghahari ngayon at magpakailanman. Ginawa Niya lahat ito para sa iyo, sa akin, at sa buong sangkatauhan; at para sa bawat lumalapit sa Kanya at nagtitiwala sa Kanya, at nananalig sa Kanyang dugong dumanak at tumatanggap sa Kanya bilang kanilang sariling Tagapagligtas at Panginoon. **Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon.**

Lahat ng nasa aklat na ito ay batay sa Katotohanang nakatala sa Salita ng Diyos, ang Biblia. Ang Biblia ang nakasulat na talá, kasaysayan, at pagpapahayag ng Kanyang sarili sa sangkatauhan. Iningatan ng Diyos ang Kanyang Salita sa loob ng libo-libong taon upang ikaw at ako ay makaalam kung ano ang dapat paniwalaan, kung paano tayo maliligtas mula sa pagkakasala, at kung paano tayo matutubos, mapapanumbalik, at maipagkakasundo sa Diyos, na ating Lumikha, ating Tagapagligtas, at ating Kaibigan.

Nabasa mo na ngayon ang Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, na Siya'y namatay sa Krus may dalawang libong taon na ang nakalilipas, alang-alang sa iyo, at para sa iyong mga kasalanan bilang iyong kapalit upang panumbalikin ka sa Diyos. Siya ang dumanas ng iyong kaparusahan at paghihirap, upang hindi ka na mapunta pa sa impiyerno pagkamatay mo at magdusa ng walang hanggang parusa. Dahil sa iyong kasalanan ay nagkaroon ka ng utang na hindi mo kayang bayaran. Binayaran Niya nang buo ang utang na iyon para sa iyo. Mismong buhay Niya ang ipinambayad upang tubusin ka, at ginawa Niyang lahat ito upang patunayan ang Kanyang pag-ibig sa iyo. Minamahal ka ng Diyos!

Paano mo tutugunan ang pag-ibig ng Diyos habang pinag-iisipan mo ang katotohanang ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak upang mamatay

alang-alang sa iyo nang sa gayon ay maibalik ka Niya sa Kanyang sarili? At paano mo tutugunan ang pag-ibig ni Jesus sa iyo, na kusang-loob Siyang namatay alang-alang sa iyo at dumanas ng kaparusahang para sa iyo upang magkaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan? At paano ka tutugon sa Espiritu Santo, na Siyang nagpapahayag tungkol kay Jesus sa iyo ngayon? Paano ka tutugon? Mayroon kang dalawang pamimilian!

Maaari kang tumugon nang may pananalig at sumampalataya ka sa Evanghelyo, o maaari kang tumugon nang walang pananalig, at itakwil mo ang Magandang Balita tungkol kay Jesus. Maaari mong tanggapin ang napakahalagang kaloob ng Anak ng Diyos na binayaran Niya mismo ng Kanyang sariling buhay, o maaaring wala kang gagawin at sa gayo'y itinatakwil mo Siya at ang lahat ng Kanyang iniaalok sa iyo. Maaari mong tanggapin ang pagpapatawad ng Diyos at sa gayo'y makasundo mong muli ang iyong Lumikha, o maaari kang manatiling patay sa iyong mga kasalanan magpakailanman. Maaari kang tumawag sa Pangalan ng Panginoon at ikaw ay maliligtas, o maaari kang magpatuloy na napapahamak, walang Diyos at walang pag-asa.

Nais ng Diyos na magtiwala ka sa Kanya at tanggapin mo ang Kanyang Anak na si Jesus at ang lahat ng mga kasunod nitong pagpapala, ngunit nais ni Satanas na magduda ka sa Diyos tulad ng ginawa nina Adan at Eva noong pasimula at manatili ka sa iyong kalagayan sa ilalim ng kanyang kapangyarihan. Nais ng Diyos na pagpalain ka. Nais ni Satanas na maisumpa ka. Gusto ng Diyos na tulungan ka. Gusto ni Satanas na saktan ka. Nais ng Diyos na mabuhay kang malaya mula sa epekto ng kasalanan. Nais ni Satanas na mabuhay kang alipin ng kasalanan. Nais ng Diyos na mabuhay ka sa kasaganaan at kalusugang mula sa Kanya. Gusto ni Satanas na mabuhay ka sa paghihikahos at sa karamdaman. Ang Diyos ang may-akda ng buhay. Si Satanas ang may-akda ng kamatayan. Gusto ng Diyos na lumigaya ka sa Langit na kasama Siya magpakailanman. Gusto ni Satanas na magdusa kang kasama niya sa impiyerno magpakailanman.

Ang sinasabi ko'y tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. **Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.** Pinagaling Niya ang maysakit, binigyan ng paningin ang bulag, binigyan ng pandinig ang bingi, at pinapagsalita ang pipi. Pinalayas Niya ang masasamang espiritu, binuhay Niya ang patay, pinagaling ang mga ketongin, at pinalakad ang lumpo. Pinagaling Niya ang bawat lumapit sa Kanya nang may pananampalataya, gaano man kalubha ang kanilang sakit o karamdaman. Pinatawad Niya ang mga kasalanan ng bawat taong naglagak ng pagtitiwala sa Kanya. **Si Cristo Jesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. At naparito ang Anak ng Diyos upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.**

Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman. Ang Kanyang mga ginawa 2,000 taon na ang nakalilipas, ay Kanya pa ring ginagawa ngayon. Mapagkakatiwalaan mo si Jesus. Totoo ang pag-ibig Niya. **Sapagkat siya ang katuparan ng lahat ng pangako ng Diyos. Dahil sa kanya, nakasasagot tayo ng "Amen" sa ikaluluwalhati ng Diyos.** Nang sabihin ni Jesus, **"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko"**,, iyon na nga ang ibig Niyang sabihin. Wala nang ibang daan pabalik sa Diyos, maliban sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Sinabi ni Jesus, **"Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang nananalig sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; at sinumang nabubuhay at nananalig sa akin ay hindi mamamatay kailanman?"**

Sinasabi ng Biblia, **"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya (Jesus) ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos."** Sinasabi rin ng Biblia, **"Kung ipahahayag ng iyong mga labi na "si Jesus ay Panginoon" at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka."** Nasusulat din, **"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."**

Ngayon na ang oras ng iyong pagpili, na siyang pinakamahalagang desisyon na gagawin mo sa buong buhay mo. Hindi basta nagkataon lang na dumating ka sa lugar at oras na ito. Ang pag-ibig ng Diyos ang nagdala sa iyo sa puntong ito. Ang Kanyang Banal na Espiritu ang nagdadala sa iyo papalapit sa Kanya upang ikaw ay maligtas at magkaroon ng isang lubos na panibagong buhay-isang buhay na may kapayapaan, kagalakan, kapanatagan, kaligayahan, at kasaganaan—at ng pangako ng buhay na walang hanggan sa Langit.

Kung ang napili mo ay ang manatili sa kalagayan mo ngayon sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, kailangan mong bumalik at muli mong basahin ang kabanatang ito at mataimtim mong pag-isipan ang iyong kapasyahan. Kung nais mong mapanumbalik sa iyong Lumikha at mabuhay ng ayon sa buhay na talagang hinahangad Niya para sa iyo kasama na ang mga pagpapala nito, maaari mong bigkasin ngayon din ang panalanging ito:

Mahal kong Diyos,

Salamat sa paglikha Mo sa akin ayon sa Iyong Larawan at Wangis; salamat din na hindi Ka nagsasawa sa akin, sa pagpapahalaga at pagmamahal mo sa akin na ibinigay Mo ang Iyong Kaisa-isang Anak na si Jesus-Cristo, na namatay bilang kapalit ko upang tubusin ako mula sa pagka-alipin sa kasalanan, at mula sa kapangyarihan ni Satanas, lahat ng ito'y sa pamamagitan ng dumanak na dugo ni Jesu-Cristo.

Ngayon at dito ay napagpasyahan kong sumampalataya sa Pangalan ni Jesu-Cristo, at binubuksan ko ang pintuan ng aking puso at tinatanggap ko si Jesus sa aking buhay, bilang aking Tagapagligtas, aking Manggagamot,

aking Tagasagip, aking Manunubos, at Tagapagbigay ng aking mga pangangailangan. Sa pamamagitan ng aking bibig ay ipinapahayag ko si Jesu-Cristo na Panginoon at sa aking puso'y sumasampalataya ako na binuhay Mo Siyang muli mula sa mga patay. Naniniwala akong si Jesus ay buhay at Siya rin ang kahapon, ngayon at magpakailanman. Tumatawag ako sa Pangalan ng Panginoon upang maligtas ngayon din!

Salamat sa pagliligtas mo sa akin at sa pagpapatawad at paglimot mo sa aking mga kasalanan. Binabago ko ngayon ang paraan ng aking pag-iisip at damdamin, at dahil sa Iyong pag-ibig sa akin, nilalayon ng aking puso na ako'y mabuhay nang may pag-ibig sa Iyo at sa aking kapuwa. Naniniwala akong Ikaw lamang ang Tunay na Diyos. Ikaw na ngayon ang Numero Uno sa aking buhay. Mula sa sandaling ito, nais kong makilala Ka at gawin ang Iyong Kalooban, sa halip na mabuhay akong hiwalay sa Iyo gaya ng dating pamumuhay ko. Itinatakwil ko si Satanas at ang lahat at anumang bagay na nagtataas ng sarili laban sa pagkakilala sa Iyo at sa Iyong Salita.

Salamat sa pagtanggap mo sa akin bilang ako, sa pagtanggap mo sa akin bilang Iyong anak, at sa pagbibigay mo sa akin ng isang lubos na bago at masaganang buhay na puno ng lahat ng Iyong pagpapala, na para bang hindi ako nagkasala kailanman. Salamat sa Iyong pagiging aking Ama na nasa Langit at sa Iyong kaloob na Buhay na Walang Hanggan. Ang Iyong pag-ibig, pagpapatawad, at pagtanggap ay hindi ko lubos na nauunawaaan, ngunit tinatanggap kong lahat ito na may pusong nagpapasalamat at nagpapakumbaba, at ako'y umaasang lalago ako sa relasyon ko sa Iyo at sa pagtuklas ko kung sino ako bilang Iyong anak.

Hindi ko na pagdududahan kung Ikaw ay naririyan, ni pagdududahan man ang Iyong Salita. Pinaniniwalaan ko kung ano ang sinasabi Mo tungkol sa Iyong sarili. Naniniwala akong isinasagawa mo ang lahat ng ipinangako Mong gagawin Mo, at ako'y naniniwalang ginawa mong lahat para sa akin ang lahat ng bagay na sinasabi Mong ginawa Mo para sa akin. Naniniwala rin ako na ako'y tulad ng sinasabi mo kung ano ako, at taglay ko ang sinasabi Mong taglay ko ngayon, at ako'y naniniwalang magagawa ko ang lahat ng sinasabi Mong magagawa ko.

Kaya, tinatanggap ko ang aking bago at karapatdapat na lugar sa Iyong pamilya bilang Iyong anak. Nagpapasalamat ako dahil sa aking Bagong buhay at ako'y handang mamuhay tulad sa alam Mong pinakamabuti para sa akin. Amang nasa Langit, punuin Mo po ako ng Iyong Banal na Espiritu, ituro mo sa akin ang Iyong mga landas, akayin at lubos na patnubayan Mo ang aking buhay, habang ako'y nagmamahal at nagtitiwala sa Iyo na papatnubay sa akin sa buong Katotohanan. Tulungan Mo akong palaging malaman kung ano ang kalugudlugod sa Iyo, at bigyan Mo ako ng tapang na gawin ito. Gusto ko po talagang bigyan ka ng kasiyahan.

Jesus, salamat sa pagpasan Mo sa aking mga kasalanan, mga karamdaman, at sakit, at ang mga ito'y pinasan Mo sa Iyong katawan doon sa krus, at salamat sa pagtanggap Mo sa parusang nararapat sa akin dahil sa aking mga kasalanan. Ang pagbubuwis mo ng Iyong dugo at ang iba pang mga ginawa Mo dahil sa pag-ibig Mo sa akin ay nag-uudyok sa akin na mabuhay para sa Iyo at parangalan Ka sa pamamagitan ng aking buhay. Ako'y nagpapasalamat na Ikaw ngayo'y naninirahan sa akin, na Ikaw ay mananatiling narito, at kailanma'y hindi Ka aalis. Sumasampalataya ako sa Iyo, Jesus. AMEN!

Talá ng Aking Desisyon

Dapat na malaman ng lahat ng nasa Langit, ng nasa lupa, at ng nasa ilalim ng lupa, na tinanggap ko na si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay. Sa aking puso'y Naniniwala ako na binuhay Siyang muli ng Diyos mula sa mga patay, at sa pamamagitan ng aking bibig ay ipinapahayag ko Siyang Panginoon.

Pangalan: _____

Petsa: _____

Oras: _____

Lugar: _____

Sumulat ka sana at sabihin mo sa amin ang tungkol
sa iyong desisyon, upang magalak kaming kasama mo
at upang maipanalangin ka namin:

DenSu Ministries
P.O. BOX 764
MANILA CPO
1099 PHILIPPINES

Sa Iyo na Ngayon
Ang Tunay na Kaligayahan

Kabanatang Dalawa

Sa Iyo na Ngayon ang Tunay na Kaligayahan. Kung buong puso mong binigkas ang panalanging nasa Kabanatang Isa mayroon ka nang bago at buhay na relasyon sa iyong Diyos na Lumikha, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus-Cristo.

Hindi mo mauubos-maisip ang napakagandang buhay na inilaan sa iyo ng Diyos, at ang pinakamagandang bahagi nito ay hindi ito matatapos at madaragdagan pa ng kaluwalhatian araw-araw, sa buhay na ito at sa Kawalang-Hanggan.

Ang Kabanatang Dalawa ng aklat na ito ay magbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo sa pagsisimula mo ng iyong bagong buhay kay Jesus. Ang iyong pag-iisip at ang iyong dahilan para mabuhay ay lubusang mababago. Matutuklasan mong ikaw ay isa nang ganap na bagong tao, ang dati ay wala na at narito na ang bago, at ang lahat ng ito ay mula sa Diyos.

Matututuhan mo rin kung paano mabuhay nang matagumpay laban sa iyong natalong kaaway na si Satanas. Si Jesu-Cristo ay nabuhay nang matagumpay laban sa diyablo noong Siya'y nakatira pa rito sa lupa, at pagkatapos ay lubusang Niyang ginapi ito sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay. Ang tagumpay at kapangyarihan ni Jesus sa diyablo ngayo'y nasa sa iyo.

Sa Iyo na <u>NGAYON</u> ang Tunay na Kaligayahan…

Binabati ka namin sa iyong desisyon na manumbalik sa iyong Lumikha sa pamamagitan ng pananampalataya sa dumanak na dugo ni Jesu-Cristo, ang Kanyang Sakripisyo sa Krus para sa iyo. Ito ang pinakamahalagang desisyon na nagawa mo.

Huwag mo sanang kalimutang ilista ang petsa, oras, at lugar ng iyong desisyon na tanggapin si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas noong tumawag ka sa pangalan ng Panginoon upang maligtas. Ito'y magiging isang makahulugang paggunita at paalala para sa iyo, at para kay Satanas at sa kanyang mga demonyo.

Naibalik na ngayon ang iyong relasyon sa Diyos na para bang hindi ka kailanman nagkasala. Nasa iyo ngayon ang kapangyarihan ni Cristo kay Satanas, tulad ng na kay Adan at kay Eva bago sila nagkasala, ngunit ito'y hindi nangangahulugang titigil na si Satanas sa pagtatangkang impluwensyahan ang iyong pag-iisip at lagyan ng pag-aalinlangan ang iyong isipan tungkol sa iyong desisyon na manumbalik sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

Gaano man kalaki ang iyong pagbabago at paglago sa iyong relasyon kay Jesus, ang diyablo ay hinding-hindi magbabago. Siya'y dumating upang pumatay, magnakaw, at pumuksa, at ang ilan sa mga taktikang ginagamit niya ay ang takot, pagsisinungaling, mga paratang, pandaraya, panggigipit, at paghatol. Sa Biblia, siya'y tinatawag na "ama ng mga kasinungalingan." Nasira na ang kanyang kapangyarihan sa iyo, ngunit sisikapin niyang mahikayat kang hindi pa ito nasira. Tandaan mo, siya'y isang sinungaling.

Subalit mayroong isa pang hindi magbabago kailanman, at iyon ay ang Diyos, ang Kanyang Salita at ang Kanyang Anak na si Jesus, na siyang Salitang Nabubuhay. Wala kang dahilan para matakot sa diyablo. Isa ka na ngayong anak ng Diyos, at mas makapangyarihan si Jesus na nasa iyo, kaysa sa iyong kaaway na diyablo.

Ang unang larangan na kung saan ang diyablo ay magtatangkang salakayin at linlangin ka ay ang iyong katatapos na desisyon na tanggapin si Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Ang labanan ay magaganap sa iyong isip. Lalagyan niya ng lahat ng uri ng pag-aalinlangan ang iyong isip upang pagdudahan mo ang iyong bagong relasyon sa Diyos. Takot si Satanas sa iyo ngayon.

Pinapagduda niya sina Adan at Eva sa kanilang relasyon sa Diyos, na nagbunsod sa kanilang pagsuway sa Diyos, na naging dahilan upang sila'y mapahiwalay sa Diyos. Ginamit sana nila ang kapangyarihan at pamamahalang ibinigay ng Diyos sa kanila at sinagot ang pagtukso ni Satanas upang sila'y magduda, sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos, tulad ng ginawa ni Jesus-Cristo nang Siya'y tuksuhin ng diyablo sa disyerto. Si Jesus ang iyong halimbawa, hindi sina Adan at Eva.

Natalakay na natin ang tungkol sa pagtukso kina Adan at Eva, ngayon nama'y suriin natin ang mga detalye ng pagtukso ng diyablo kay Jesu-Cristo:

Umalis si Jesus sa Jordan, puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu doon sa ilang, at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso ng diyablo. Hindi siya kumain sa buong panahong iyon, kaya't gutom na gutom siya.

Sinabi sa kanya ng diyablo, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, iutos mo na maging tinapay ang batong ito."

Ngunit sinagot siya ni Jesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'"

Dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian ng sanlibutan. Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng mga kahariang ito," wika ng diyablo. "Ipinagkaloob ito sa akin at maibibigay ko sa kaninumang ibigin ko. Kaya't kung ako'y sasambahin mo, magiging iyong lahat ito."

Sumagot si Jesus, "Nasusulat, 'Ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.'"

At dinala siya ng diyablo sa taluktok ng templo ng Jerusalem, at sinabi sa kanya, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat, 'Ipagbibilin niya sa kanyang mga anghel na ingatan ka,' at 'Aalalayan ka nila, upang hindi ka matisod sa bato.'"

Subalit sinagot siya ni Jesus, "Nasusulat, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos!'"

Pagkatapos siyang tuksuhin ng diyablo sa lahat ng paraan, ito'y umalis at naghintay ng ibang pagkakataon. Bumalik si Jesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kumalat sa palibot na lupain ang balita tungkol sa kanya. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga; at dinakila siya ng lahat.

Tinangka rin ng diyablo na pagdudahin si Jesu-Cristo tungkol sa Kanyang relasyon sa Diyos. Sinabi niya, **"Kung Ikaw ang Anak ng Diyos"?** Sumagot si Jesus sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at sinabi Niyang **"Nasusulat."**

Si Jesu-Cristo na nagtagumpay laban kay Satanas sa tuwing Siya'y tinutukso upang pagduduhan ang Diyos, ang Kanyang Ama na nasa Langit, ang ating halimbawa kung paano natin haharapin ang mga pagtukso ng diyablo. Dapat din tayong sumagot sa pamamagitan ng Salita ng Diyos kapag mayroon ta-

yong iniisip o naririnig, kahit salungat sa Salita ng Diyos ang ating nararamdaman o nakikita.

Ang relasyon ng bawat anak ng Diyos ay dapat nakabatay sa pananampalataya. Ang di-pagsampalataya at di-pagtitiwala sa Salita ng Diyos ang naging sanhi ng pagsuway at pagkakasala at pagkahiwalay ng tao sa Diyos. Kaya ang pananampalataya at pagtitiwala sa Salita ng Diyos ang tanging paraan upang maipanumbalik ang tao sa Diyos.

Sinasabi ng Biblia, **"At hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa kanya. Sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat maniwalang may Diyos, at siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa kanya."** Ano ang pananampalataya sa Diyos? Iyon ay ang paniniwala na Totoo ang sinasabi ng Diyos at gagawin ng Diyos ang Kanyang sinasabi.

Ang diyablo ay sinungaling at kinamumuhian niya ang Katotohanan. Kinamumuhian niya ang Diyos na hindi maaaring magsinungaling, at kinamumuhian din niya ang pananampalataya sa Diyos at ang bawat mayroong pananampalataya sa Diyos. Siya'y kaaway ng Diyos at kaaway rin ng Katotohanan at ng sinumang sumasampalataya sa Diyos at namumuhay ayon sa Katotohanan.

Sina Adan at Eva ay hindi nagtiwala sa Diyos at sa Kanyang Salita noong sila'y tuksuhin ni Satanas. Sa halip, sila'y nakinig, naniwala, at sumunod sa mga salita nito at sa mga kaisipang kinatha nito at hindi batay sa Salita ng Diyos.

Sa Kabanatang Isa ng aklat na ito, inihain sa iyo ang maraming Katotohanan mula sa Salita ng Diyos, ang Biblia, tungkol sa panunumbalik mo sa Diyos na iyong Lumikha, at kung paano ka maliligtas mula sa iyong mga kasalanan at maisauli ka sa orihinal na plano at layunin para sa iyong buhay, upang magtamasa ka ng kapayapaan, kagalakan, at Tunay na Kaligayahan sa buhay na ito at sa Walang Hanggan.

Sa mga Katotohanang ito dapat nakasalig ang iyong pananampalataya sa Diyos. Hindi mo maaaring pagkatiwalaan ang iyong mga nararamdaman, mga akala o ang iyong karunungan. Dapat mong malaman na ikaw ay ligtas na at naibalik na sa Diyos, sapagkat sumampalataya ka sa Kanyang Salita at ginawa mo ang ipinagagawa Niya sa iyo, tapos!

Dapat mong tandaan na bobombahin ni Satanas ang iyong isipan ng mga pagdududa tungkol sa iyong kaligtasan at sa bago mong relasyon sa Diyos. Tatangkain ng iyong damdamin at karunungan na magduda ka, at ganoon din ang gagawin ng ibang tao.

Gayunman, ang Espiritu Santo na naninirahan sa iyo ngayon ay tutulong sa iyo upang maalala mo ang Salita ng Diyos, at habang sumasampalataya ka sa Diyos at sa Kanyang mga Pangako, ang Espiritu ng Diyos ay magpapatotoo

kasama ng iyong espiritu na ikaw ngayon ay Kanyang Anak. At sa pagpili mo na maniwala sa Salita ng Diyos nang higit sa iyong nararamdaman o iniisip, at higit sa sinasabi sa iyo ng iba, ang Diyos ng kapayapaan ay makakasama mo.

Napakahalagang matutuhan mo kung paano gamitin ang kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa iyo. Nais mong mabuhay nang matagumpay bilang Cristiano, hindi talunan, ngunit dapat mong gamitin ang mga espirituwal na sandata na ibinigay ng Diyos sa iyo. Nakamtan na ni Jesu-Cristo ang tagumpay para sa iyo. Dahil dito, kaya mo na ngayong talunin si Satanas sa tuwing tutuksuhin ka niya upang magduda ka sa Salita ng Diyos.

Magkaroon tayo ng pagsasanay sa paninindigan sa iyong bagong pananampalataya sa Diyos. Sa gawing ibaba ay ang ilang kaisipan, mga nararamdaman, o mga salita na maaaring dumating sa iyo, kasama na rin dito ang iyong katugunan mula sa Salita ng Diyos:

1. Hindi ka pa totoong ligtas. Kailangan mong gumawa ng mabubuting bagay upang maligtas. Hindi puwedeng basta tumawag ka lang kay Jesus at manampalataya ka lang upang maligtas.

Nasusulat, **"Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman,"**, at naniniwala ako sa Salita ng Diyos.

Nasusulat, **"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon"**, at ako'y tumawag sa Pangalan ng Panginoon, at ngayo'y ligtas na ako.

Nasusulat, **"Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka."** Ipinahayag ng aking bibig na si Jesus ay Panginoon, at buong puso akong naniniwala na binuhay Siyang muli ng Diyos mula sa mga patay, kaya ako'y ligtas.

2. Hindi ka totoong anak ng Diyos. Anak ka pa rin ng diyablo, at may kapangyarihan pa rin siya sa iyong buhay.

Nasusulat, **"Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak. Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya at pinatawad sa ating mga kasalanan"**, at naniniwala ako sa Salita ng Diyos.

Nasusulat, **"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos."** Tinanggap ko si Jesus bilang aking Tagapagligtas at Panginoon, at sumampalataya ako sa

Kanyang pangalan. Kaya, ako ngayo'y Kanyang anak. Naniniwala ako sa Kanyang Salita.

Nasusulat, **"Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos—at iyan ang totoo!"** Salamat sa Diyos dahil sa Kanyang pag-ibig at sa Kanyang Salita, at dahil ako'y ginawa Niyang Kanyang anak.

3. Hindi ka pa totoong napatawad sa iyong mga kasalanan. Napakarami mong kasalanan kaya't hinding-hindi ka mapapatawad ng Diyos.

Nasusulat, **"Kaya nga, hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipag-isa kay Cristo Jesus. Wala na ako sa ilalim ng batas ng kasalanan at kamatayan sapagkat pinalaya na ako ng batas ng Espiritung nagbibigay-buhay, bunga ng pakikipag-isa kay Cristo Jesus."** Ako ngayo'y na kay Cristo Jesus at malaya na mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan.

Nasusulat, **"Sumusulat ako sa inyo, mga anak, sapagkat ipinatawad na ang inyong mga kasalanan, alang-alang kay Cristo."** Salamat, Panginoon na ang aking mga kasalanan ay napatawad na dahil sa Iyong Pangalan.

Nasusulat, **"Sapagkat ipapatawad ko sa kanila ang kanilang mga kasalanan, At lilimutin ko na ang kanilang mga kasamaan."** Salamat, Panginoon na hindi mo na inaalala pa ang aking mga kasalanan.

4. Hindi ka makakatiyak na ikaw ay ligtas na at mayroong Buhay na Walang Hanggan.

Nasusulat, **"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."** Salamat, Panginoon sa pagbibigay Mo sa Iyong Anak na si Jesus bilang aking kahalili upang ako'y magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan.

Nasusulat, **"Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y di sila mapapahamak; hindi sila maaagaw sa akin ninuman."** Salamat, Jesus sapagkat ang mga Salita Mo'y totoo at salamat sa Iyong Kaloob na Buhay na Walang Hanggan.

Nasusulat, **"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."** Naniniwala ako sa Salita ng Diyos.

Nasusulat, **"at bigyan ng pag-asa sa buhay na walang hanggan. Bago pa lalangin ang sanlibutan, ang buhay na ito'y ipinangako na ng Diyos na hindi marunong magsinungaling."** Ako'y naniniwalang hindi maaaring magsinungaling ang Diyos.

Nasusulat, **"At ito ang ipinangako sa atin ni Cristo: buhay na walang hanggan."** Salamat sa pangako Mong Buhay na Walang Hanggan.

Nasusulat, **"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, ngunit wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos. Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong nananalig sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan."** Tinanggap ko ang Anak ng Diyos kaya ako'y mayroong Buhay na Walang Hanggan. Salamat po, Diyos, na ibig Mong matiyak ko na mayroon akong Buhay na Walang Hanggan.

5. Walang nabago sa iyong buhay. Ikaw pa rin ang dating ikaw, at wala kang maaasahang anumang pagbabago ngayon.

Nasusulat, **"Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na."** Ako ngayo'y na kay Cristo Jesus, kaya ako ay isa nang bagong nilikha. Salamat sa Iyo, Diyos, na wala na ang aking dating buhay, at ang Iyong bagong buhay ay narito na. Higit sa lahat, salamat po na ang aking bagong buhay ay isang kaloob na walang bayad mula sa Iyo.

Nasusulat, **"Sa pamamagitan ng isa lamang paghahandog ay kanyang pinapaging-banal magpakailanman ang mga nililinis niya."** Salamat po, Diyos, na nakikita mo ako bilang sakdal habang ginagawa mo akong banal. Pinaniniwalaan ko ito, Panginoon!

Nasusulat, **"at ang dapat makita sa inyo'y ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, kalarawan ng kanyang katuwiran at kabanalan."** Salamat po, Diyos na ako'y binabago mo upang maging katulad sa Iyong Larawan.

Naniniwala kami na ang mga bahaging ito ng Salita ng Diyos ay magbibigay sa iyo ng kapangyarihan at kakayahang talunin ang kaaway ng iyong kaluluwa kapag tinangka niya o ng sinuman na lagyan ka ng pag-aalinlangan sa iyong bagong relasyon sa Diyos. Kapag nagkakaroon ka ng pag-aalinlangan, sagutin mo ito sa pamamagitan ng pagbigkas ng Salita ng Diyos nang may pananampalataya, at ang diyablo at ang kanyang mga alinlangan ay tatakas sa iyo.

Ang Salita ng Diyos ang siyang dapat na may kontrol sa iyong buhay, ngayong ikaw ay ligtas na at isang anak ng Diyos. Hindi mo maaaring hayaang ang iyong buhay ay kontrolin ng iyong mga iniisip, nararamdaman, nakikita o naririnig. Ang Salita ng Diyos ay Katotohanan at ang Katotohanan ang iyong pamantayan ngayon.

Ikaw ay ligtas na sapagkat sinasabi ng Salita ng Diyos na ligtas ka na. Ikaw ay anak ng Diyos sapagkat sinasabi ng Salita ng Diyos na ikaw ngayon ay isang anak ng Diyos. Mayroon kang Buhay na Walang Hanggan sapagkat sinasabi ng Salita ng Diyos na mayroon ka nito. Ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na sapagkat sinasabi ng Salita ng Diyos na ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na.

Narito ang mga salitang tutulong sa iyo sa pagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin para sa Katotohanang natutuhan mo sa Kabanatang Dalawa:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Maraming salamat po sa pagpapahayag mo ng Iyong sarili sa akin at sa pagpapanumbalik mo sa akin tungo sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Jesu-Cristo. Salamat po na may pagtitiwalang masasabi ko ngayon, batay sa Iyong Salita, na ako'y Iyong anak, na ako'y isa nang bagong tao at ngayo'y may bagong buhay, na ako ngayo'y ligtas na sa kabayaran at kapangyarihan ng kasalanan, at hindi Mo na inaalala pa ang aking mga kasalanan.

Salamat po, Ama, na ako ngayo'y may Buhay na Walang Hanggan, at pati na rin ang isang masagana at pinagpalang buhay dito at ngayon. Salamat, Panginoon, na ginawa mong lahat ito para sa akin, at ang mga ito'y hindi nakasalalay sa aking mabubuting gawa, kundi sa aking pananampalataya sa Iyo at sa Iyong ipinangako sa akin sa Iyong Salita, ang Biblia. Ang lahat ng ito'y walang bayad na kaloob Mo sa akin, sapagkat minamahal mo ako at nais Mong magkaroon ng kaugnayan sa akin.

Salamat po, Jesus, sa lahat ng ginawa Mo para sa akin. Ang pagpapakita Mo ng Iyong pag-ibig sa akin ay hindi abot ng aking pag-unawa at pag-intindi, ngunit abot ng aking pananampalataya. Naniniwala akong mahal mo ako anupa't kinuha mo ang akin sanang paghihirap sa Krus, at ako'y nagpapasalamat.

Naniniwala rin ako na tinalo Mo si Satanas sa pamamagitan ng Iyong dugong dumanak noong namatay Ka sa krus, at tinalo Mo rin siya sa pamamagitan ng Salita ng Diyos nang Ikaw ay tuksuhin niya sa ilang nang apatnapung araw.

Salamat po, Jesus, sa pagtalo mo kay Satanas alang-alang sa akin, at sa pagpapakita Mo sa akin kung paano ko mapagtatagumpayan ang kanyang mga pakana at mga pagtukso sa pamamagitan ng paggamit ng Salita ng Diyos, tulad ng Iyong ginawa.

Tulungan Mo po akong mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Iyong Salita, maging anuman ang aking iniisip, nararamdaman, o naririnig. Si Jesus-Cristo ang aking halimbawa, hindi sina Adan at Eva. Pinili kong su-

munod sa Iyo, saan Mo man ako dalhin. Lalo Mo pang ipahayag sa akin ang Iyong sarili, at ang Iyong plano para sa aking bagong buhay. Mahal kita!

Sa Pangalan ni Jesus ito ang aking dalangin,
Amen!

Ang Tunay na Kaligayahan ay Kalooban ng Diyos para sa Iyo

Kabanatang Tatlo

Ang Tunay na Kaligayahan ay Kalooban ng Diyos para sa Iyo! Ang Diyos ay isang mabuti at mapagmahal na Diyos at ang kabutihan mo lamang ang nais Niya para sa iyo. Ngayong nauunawaan mo na ang batayan ng iyong pananampalataya sa Diyos, at ang iyong karapatang maging Kanyang anak, dapat mo nang simulan na malaman ang mga katangian ng Diyos upang makabuo ka ng malapit na relasyon sa Kanya.

Sa pag-alam mo ng mga katangian ng Diyos ay magkakaroon ka ng personal na pagkakilala sa Kanya. Ang pagiging Cristiano ay hindi tungkol sa relihiyon, kundi sa relasyon, isang malapit na relasyon sa iyong Lumikha sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Kanyang Anak.

Makakatulong ang kabanatang ito sa pag-alam mo kung ano nga ang katulad ng Diyos, hindi kung ano ang sinasabi ng sanlibutan, ng diyablo, at ng relihiyon kung ano talaga Siya. Habang Siya'y ipinapahayag sa iyo ng Espiritu ng Diyos, ang iyong pag-ibig at pagtitiwala sa Kanya ay lalong lalakas, at mararanasan mo ang Kanyang mga Pagpapala at Presensiya sa bawat araw ng iyong buhay.

Ang personal na pagkakilala mo sa Kanya ay mag-aakay sa iyong pagka-unawa ng Kanyang perpektong kalooban, plano at panukala para sa iyong buhay.

Ang Tunay na Kaligayahan
ay Kalooban ng Diyos para sa Iyo…

Ang pamumuhay na ayon sa Katotohanan ay magiging kapanapanabik sa iyo at magdadala sa iyo ng maraming pagpapala mula sa Diyos, kasama ng Tunay na Kaligayahan, sa bawat araw ng iyong buhay. Natanggap mo na ang pinakadakilang pagpapala, ang Katotohanan na ikaw ngayon ay may isang buhay na relasyon sa Diyos, ang iyong Lumikha, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Hindi ka na mapaparusahan dahil sa iyong mga kasalanan, kundi walang hanggan mong makakapiling si Jesus sa Langit.

Ikaw ngayon ay isang lubos na bagong nilalang dahil sa iyong relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Jesus-Cristo. Gugugulin mo ang iyong buong buhay at ang Kawalang-Hanggan sa pagtuklas kung ano talaga ang kahulugan nito para sa iyo. Nang iligtas ka Niya, may ginawa ang Diyos sa iyo na hindi mailarawan ng salita lamang at hindi mauunawaan o maiintindihan kaagad-agad.

Ikaw ay isang sanggol kay Cristo, at katatapos mo pa lamang Maipanganak na Muli, ngunit ikaw ay lalaki araw-araw habang kumakain ka ng Salita ng Diyos. Ang Espiritu Santo, na naninirahan ngayon sa iyo ay magpapahayag ng Salita ng Diyos sa iyo. Tuturuan ka Niya at papatnubayan ka Niya sa buong Katotohanan, at pasisimulan mong tuklasin at saliksikin ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa iyo.

Halimbawa, itinuturo ng Salita ng Diyos na ikaw ngayo'y isa nang anak ng Diyos, kaya't ikaw ay isang tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Ang ibig sabihin nito'y iyong Ama na nasa Langit ang Lumikha ng Sansinukob, at ang lahat ng Kanya ay sa iyo rin.

Hindi na ang dati ang iyong pagkatao ngayon. Wala na ang luma, narito na ang bago, at ang lahat ng ito'y mula sa Diyos. Maaaring isipin mong hindi ka karapatdapat sa lahat ng ito, subalit hindi ka na maaaring mag-isip sa dating pamamaraan tungkol sa iyong sarili. Dapat mong mabatid na mahalaga ka sa Diyos. Ang halaga mo ay batay sa presyo na ibinayad Niya upang matubos ka mula kay Satanas sa kanyang pamilihan ng pagka-alipin sa kasalanan.

Mahalaga ka sa Diyos. Nilikha ka Niya at mayroon Siyang plano at layunin para sa iyong buhay na angkop sa Kanyang Malaking Plano ng Pag-ibig para sa buong sangkatauhan. Pinatunayan Niyang ikaw ay mahalaga sa Kanya nang bayaran Niya ang ganoon kalaking presyo upang matubos ka. Ang buhay at ang dumanak na dugo ng Kanyang kaisa-isang Anak ang Kanyang ipinambayad. Pinarusahan Niya ang perpektong Anak ng Diyos alang-alang sa iyo. Hinayaan Niyang si Jesus ay mamatay para sa iyo at pasanin ang iyong mga kasalanan, mga sakit at karamdaman upang ikaw ay maibalik sa Kanya.

Iyon ay hindi masusukat na pag-ibig. Huwag mong hahayaang ang diyablo o ang sinuman ay maging mababa ang pagtingin sa iyo na para bang ikaw ay walang kabuluhan o maliit lang ang halaga. Itinakda na ng iyong Lumikha ang iyong halaga, at hindi na ito mababago kailanman. Kapag nagkaroon ka

ng pagdududa sa iyong presyo o halaga sa Diyos, isipin mo lamang si Jesus na namatay sa Krus para sa iyo, na hinampas upang ikaw ay gumaling, at dumanak ang Kanyang mahalagang Dugo para sa iyong mga kasalanan. Walang hanggan ang pag-ibig ng Diyos sa iyo, at walang katumbas ang iyong presyo at halaga sa Kanya. Ikaw ngayon ay Kanyang anak magpakailanman. Iyon ang Katotohanan!

Itinuturo sa atin ng Biblia, ang Salita ng Diyos, na **"Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos."** Ang iyong bagong buhay sa Diyos ay naganap sa pamamagitan ni Jesus. Sinabi Niya, **"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."** Si Jesus ang tanging daan patungo sa Diyos.

Isa ka na ngayong tagasunod ni Jesus. Ang buong buhay mo ay naka-sentro kay Jesus.

Dapat nakatuon kay Jesus ang iyong pananampalataya. Si Jesu-Cristo ang malinaw na larawan ng Diyos. Sinasabi ng Biblia, **"Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan. Tinanggap niya mula sa Ama ang kapangyarihan at kadakilaang ito bilang bugtong na Anak."** Si Jesu-Cristo ang Nabubuhay na Salita ng Diyos. Dapat na makilala kang ikaw ay kay Jesus.

Si Jesus ay naparito sa lupa upang hanapin at iligtas ang nawawala, at iyon ay ang buong sangkatauhan, kabilang ikaw at ako. Ang walang sala at perpektong buhay ni Jesus dito sa lupa ay para sa ating lahat. Ang Kanyang tagumpay laban kay Satanas ay para sa ating lahat. Ang mga hampas at parusa na tinamo ng Kanyang katawan ay para sa ating lahat. Ang Kanyang dugong dumanak sa Krus ay para sa ating lahat, gayundin ang Kanyang kamatayan, ang Kanyang pagkalibing, ang Kanyang pagbaba sa Impiyerno, ang Kanyang Muling Pagkabuhay, at ang Kanyang Maluwalhating Pag-akyat sa Langit.

Malibang para sa atin, si Jesu-Cristo ay walang dahilan sa pagparito sa lupa. Wala Siyang kailangang patunayan at wala ring kailangang pagpakitaan ng galing. Wala Siyang sariling kasalanan na dahilan upang Siya'y mamatay, at nang Siya'y mamatay, ibinigay Niya ang Kanyang buhay; hindi ito kinuha sa Kanya. Ang kamatayan Niya ay isang boluntaryong pagkakaloob ng Pag-ibig ng Diyos.

Dapat na lubusang nating ilakip ang ating mga sarili kay Jesus upang maunawaan at mapakinabangan natin kung Sino Siya at kung ano ang Kanyang gi-

nawa alang-alang sa atin. Isa sa mga pinakadakilang Katotohanan na maaari nating isipin ay ang Kanyang Paghalili sa atin.

Samakatuwid, nang si Jesu-Cristo ay parusahan at namatay sa Krus, ikaw ay pinarusahan at namatay sa Krus na iyon. Nang si Jesu-Cristo ay inilibing, ikaw ay inilibing. Nang si Jesu-Cristo ay pumunta sa Impiyerno, ikaw ay pumunta sa Impiyerno. Nang si Jesu-Cristo ay binuhay mula sa mga patay, ikaw ay binuhay mula sa mga patay. Nang si Jesu-Cristo ay umakyat sa Langit, ikaw ay umakyat sa Langit.

Lahat ng ginawa ni Jesus ay para sa iyo at sa akin. **Si Jesus ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.** Sinabi Niya, **"Walang makakukuha nito sa akin; kusa ko itong ibinibigay."**. Nang si Jesu-Cristo ay namatay sa Krus bilang kahalili natin, iyon ay pinagpasyahang gawa ng pag-ibig ng Ama at ng Anak.

Naparito rin si Jesu-Cristo sa lupa upang ipakita sa sanlibutan ang Diyos, ang ating Ama na nasa Langit, ang Lumikha ng Sansinukob. Dinaya ni Satanas ang tao tungkol sa kung ano talaga ang Diyos. Ang mga kasinungalingan niya ay naglarawan sa Diyos na kaiba sa kung ano talaga Siya, na isang mapagmahal na Ama na nasa Langit na tanging kabutihan lamang ang hinahangad para sa Kanyang mga anak.

Daan-daang taon nang lumalayo ang tao sa Diyos, dahil sa pandaraya ng ating kaaway at dahil sa di-pagkaalam sa kung ano talaga ang Diyos at kung gaano kalaki ang Kanyang pag-ibig para sa ating lahat. Maliwanag Niyang ipinakita ang Kanyang katangian sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus, na hindi lamang ang Daan pabalik sa Diyos, kundi Siya ring nagpapakita kung paano tayo, bilang mga anak Niya, ay makikipag-ugnayan sa ating Ama na nasa Langit sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Bilang mga anak Niya, hindi na tayo dapat matakot sa Diyos. Hindi na Niya tayo parurusahan, sapagkat ang parusa ay tinanggap na ni Jesus para sa atin. **Tinawag tayo ng Diyos hindi upang parusahan, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.** Bilang mga anak ng Diyos, hindi natin Siya dapat takbuhan at pagtaguan. Dapat tayong tumakbo patungo sa Kanya at lumapit sa Kanya.

Ang larawan ng Diyos, bilang iyong Ama na nasa Langit, ay hindi dapat manggaling sa larawan ng pagtrato sa iyo ng iyong ama dito sa lupa. Dapat mong mabuo ang larawan ng iyong Ama na nasa Langit mula sa Biblia, ang nakasulat na Salita ng Diyos, at mula kay Jesus, ang Nabubuhay na Salita ng Diyos.

Kung magkagayon, makikipag-ugnayan ka sa Kanya sa tamang paraan, at matatanggap mo ang mga pagpapala at ang iyong mana bilang isang anak ng Diyos.

Narito ang ilan sa mahahalagang salita mula sa Biblia:

Si Yahweh ay papurihan, purihin mo, kaluluwa,
Ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina.

Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan,
At huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan.

Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad,
At anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat.

Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas,
At pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag.

Sa sarili ang dulot n'ya'y kasiyahan habang buhay,
Kaya naman ang lakas ko ay lakas ng kabataan,
Katulad ng sa agila ang taglay kong kalakasan.

Si Yahweh ay humahatol, ang gawad ay katarungan;
Natatamo ng inapi ang kanilang karapatan.

Ang balangkas niya't utos kay Moises ibinilin;
Ang kahanga-hangang gawa'y nasaksihan ng Israel.

Kay ganda ng kalooban, mahabagin itong Diyos,
Kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos.

Banayad nga kung magalit, hindi siya nagtatanim;
Yaong taglay niyang galit, hindi niya kinikimkim.

Kung siya ay magparusa, di katumbas ng pagsuway;
Di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan.

Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya,
Gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya.

Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran
Gayon din niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan.

Kung paano nahahabag ang ama sa anak niya
Gayon siya nahahabag sa may takot sa kaniya.

Hindi ba't napakagandang larawan itong ating Ama na nasa Langit? At ito ay isang sulyap lamang sa pag-ibig, kabutihan, biyaya, at kaawaan ng Diyos. Ang pagsasalarawang ito sa Diyos ay isinulat maraming taon bago ipinanganak si Jesu-Cristo, subalit ngayon ay si Jesus mismo ang ating pinakamagandang larawan ng Diyos.

Gaya ng nakasulat sa Biblia, **"Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak. Siya ang**

nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, siya'y lumuklok sa kanan ng Diyos, ang makapangyarihan sa lahat."

Nakasulat din sa Biblia, **"Sapagkat ipanganganak ang isang sanggol na lalaki at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan."**

Si Jesus mismo ang nagsabi, **"Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama."** Nais ng Diyos na malaman natin kung ano Siya talaga at kung ano ang ginawa Niya para sa atin upang magkaroon tayo ng malapit at personal na relasyon sa Kanya. Kung magkagayon, tayo'y magiging tulad sa lahat ng katangiang inaasahan Niya sa atin nang tayo'y Kanyang likhain, at malulubos ang ating kasiyahan sa buhay, dito at ngayon at hanggang sa Walang Hanggan.

Sinabi rin ni Jesus, **"…inaari ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama."** Ikaw ngayon ay isa nang kaibigan ni Jesu-Cristo, at nais Niyang malaman mo ang lahat ng natutuhan Niya mula sa Kanyang Ama na nasa Langit.

Ipapahayag sa iyo ng Espiritu ng Diyos na naninirahan sa iyo ang Ama at ang Anak upang Siya'y makilala mo nang personal at may malapit na relasyon sa Kanya, gaya ng nararapat. Gaya ng nasusulat, **"Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, Hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao, Ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya. Subalit ito'y inihayag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Nasasaliksik ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang pinakamalalim na panukala ng Diyos. Walang nakaaalam sa iniisip ng isang tao maliban sa kanyang sariling espiritu. Gayon din naman, walang nakaaalam sa mga iniisip ng Diyos maliban sa Espiritu ng Diyos. Hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu ng Diyos ang tinanggap natin upang ating maunawaan ang mga kaloob niya sa atin."**

Mula sa bahaging ito ng Salita ng Diyos, natutuhan natin na hindi tayo nagkakaroon ng personal na pagkakilala sa Diyos sa pamamagitan ng ating likas o mga pisikal na pandama, kundi sa pamamagitan ng pagpapahayag mula sa Banal na Espiritu ng Diyos. Nais ng Diyos na malaman natin ang lahat ng mababuting bagay na Kanyang inihanda para sa atin at walang bayad na ibinigay Niya sa atin. Tunay na gusto ng Diyos na Siya'y ating makilala at matanggap natin ang lahat ng Kanyang mga pagpapala.

Nasusulat, **"Hindi niya ipinagkait ang sarili niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat. Kung naipagkaloob niya sa atin ang kanyang Anak, hindi ba niya ipagkakaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak?"** Nasusulat din, **"Hindi siya nagkakait ng mabuting mga ba-**

gay Sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal," at **"Bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim.".**

Nakikita natin na nais lamang ng Diyos ang mabuti para sa atin. Si Jesu-Cristo ay hinampas, nagdusa, at namatay para sa atin upang iligtas tayo mula sa kasalanan, karamdaman, sakit, paghihirap, at mula sa lahat ng mga gawa ng diyablo. Nais ngayon ng Diyos na ating taglayin at tamasahin ang lahat ng mababuting kaloob at pagpapala na buong katapatang binili ni Jesu-Cristo para sa atin nang tubusin Niya tayo mula sa pagkakasala at sa sumpa nito sa pamamagitan ng Kanyang mahalagang dumanak na dugo.

Dapat mong paniwalaan na kalooban ng Diyos para sa iyo ngayon ang ikaw ay **malusog ang pangangatawan tulad ng alam kong mabuting kalagayan ng iyong buhay espirituwal.** Ito ang malinaw na itinuturo ng Biblia at ipinakita ni Jesu-Cristo sa lahat ng tao, noong Siya'y lumakad at namuhay sa mundong ito. Sinasabi ng Biblia, **"Ang sinasabi ko'y tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo."**

Pinagaling ni Jesus ang may sakit, binigyan ng paningin ang bulag, ng pandinig ang bingi, at pinapagsalita ang pipi. Pinalayas Niya ang masasamang espiritu, binuhay ang mga patay, pinagaling ang mga ketongin, at pinalakad ang mga lumpo. Pinagaling Niya ang lahat ng lumapit sa Kanya nang may pananampalataya, gaano man kalubha ang kanilang sakit o karamdaman. Pinatawad Niya ang mga kasalanan ng lahat ng taong nagtiwala sa Kanya. Naparito si Jesu-Cristo sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan, at Siya'y nahayag upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.

Si Jesu-Cristo ay buhay, at Siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang mga himalang ginawa Niya 2,000 taon na ang nakalilipas ay ginagawa pa rin Niya hanggang ngayon. Si Jesus ay palaging maawain at tumutugon sa mga pangangailangan ng lahat ng nakakasalamuha Niya. Mahimala pa nga Niyang binigyan ng pagkain ang libo-libong katao noong kailangan nila ng pagkain. Siya'y nagmahal at nagmalasakit sa tao nang higit kaysa sinuman. Ganoon talaga si Jesus!

Bilang mga anak ng Diyos, mahalagang malaman natin kung ano ang maaasahan natin sa ating Ama na nasa Langit. Palaging mabuti ang Kanyang kalooban para sa atin. Nasusulat, **"Huwag kayong umayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba na kayo at magbago ng isip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos—kung ano ang mabuti, nakalulugod sa kanya, at talagang ganap."** Sinasabi rito na ang kalooban ng Diyos ay mabuti, kaayaaya, at sakdal.

Huwag mong hayaang ang diyablo o ang sinuman ay magsabi sa iyo ng naiiba sa nasa Salita ng Diyos. Mababago ang iyong pag-iisip kapag itinuon mo ang iyong paningin kay Jesus na pawang kabutihan lamang ang ginawa para sa lahat ng nagtiwala sa Kanya. Sa lahat ng panahon ay sinunod ni Jesus ang kalooban ng Kanyang Ama na nasa Langit.

Ngayo'y alam mo na, na kalooban ng Diyos na ikaw ay maging pinagpala, tunay na maligaya, malusog, masagana sa lahat ng bagay, pinatawad, at ligtas sa lahat ng mga gawa ng diyablo. Nalalaman mo ito sapagkat ito ang sinasabi ng Salita ng Diyos, at ipinakita ni Jesus sa mundo ang kalooban ng Diyos.

Ngayon ang magandang oras na balikan ang buod ng mga bagay na iyong natutuhan sa Kabanatang Tatlo sa pamamagitan ng panalanging ito na may pasasalamat sa Diyos:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Maraming salamat po na Ikaw ay Ikaw, at kung ano Ka, at ako'y umaasa sa Iyo na hinding hindi ka magbabago o magsisinungaling. Ako'y nagpapasalamat na Ang Tunay na Kaligayahan ay Kalooban Mo Para Sa Akin, at tanging ang ikabubuti ko lamang ang nais mo para sa akin, sapagkat sadyang ganoon Ka talaga. Kahangahanga Ka!

Salamat Panginoon, sa Espiritu Santo, na pumapatnubay sa akin sa buong katotohanan at sa akin ay nagpapahayag tungkol kay Jesus, kasama ng lahat ng bagay na inihanda Mo para sa akin. Salamat po, Diyos, na nais Mong malaman ko ang lahat tungkol sa Iyo at wala kang inililihim sa akin.

Salamat, O Jesus, na itinuturing Mo akong isang kaibigan kaya't binabahaginan Mo ako ng lahat ng mga bagay, upang lubusan at personal kitang makilala, at sa gayo'y magkaroon tayo ng malapit na relasyon.

Alam kong ako'y isang Sanggol kay Cristo, ngunit umaasa akong ako'y lalaki at magiging malakas dahil sa Panginoon habang nakatutok ang aking paningin kay Jesus. Gustong-gusto kong matuklasan ang lahat ng mga bagay na inilaan Mo para sa akin habang ako'y nagpapatuloy sa bawat araw sa aking bagong buhay bilang Cristiano.

Salamat, Panginoon, na ipinapahayag Mo sa akin kung gaano ako kahalaga sa Iyo. Hindi ko hahayaang sabihin sa akin ng ibang tao na hindi ito totoo. Ako'y isang anak ng Diyos at ang lahat ng sa Iyo ay aking nakamtan bilang pamana. Lahat ng pangangailangan ko'y ipinagkakaloob Mo. Ako'y masagana, ako'y mayaman at malusog, at ang kaluluwa ko'y sumasagana rin. Lahat ng ito'y dahil kay Jesus at dahil ako'y sa Kanya. Ang pag-ibig Mo ay higit sa lahat ng bagay na aking pinangarap.

Salamat, Panginoong Jesus, na ang lahat ng dahilan ng pagparito Mo sa lupa ay para sa akin at sa mga katulad ko. Hindi Ka naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang Iyong sarili para sa akin. Salamat na ang Ama ay ipinakita Mo sa akin sa pamamagitan ng Iyong pagpapagaling, pagliligtas at pagsaklolo sa mga tao. Salamat po na maaari kong malaman na gagawin Mo rin ang ganoon para sa akin. Minamahal kita!

Sa pangalan ni Jesus ito ang aking dalangin,
Amen!

Si Jesus ay Nasa Iyo—
Ang Tunay na Kaligayahan

Kabanatang Apat

Si Jesus ay Nasa Iyo - Ang Tunay na Kaligayahan! Ang Panginoong Jesu-Cristo na naninirahan sa iyo ay ang lahat lahat na kinakailangan mo upang maging Tunay na Maligaya.

Kailangang magtiwala ka kay Jesus bilang iyong Tagapagligtas at Panginoon. Ngayo'y matututuhan mo kung paano magtiwala sa Kanya sa lahat ng bagay sa iyong buhay.

Buong buhay mo ang gugugulin upang lubos mong matuklasan si Jesus, ngunit dito sa Kabanatang Apat, matutuklasan mo ang mga pangunahing katangian ni Jesu-Cristo at sa gayo'y matutuklasan mo rin ang pagiging kumpleto sa Kanya.

Matutuklasan mo na ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos ay nananahan kay Jesus at sa Kanya, ikaw ay kumpleto. Sa madaling salita ay wala ka nang kakailanganin pa; ang lahat ng kakailanganin mo ay matatagpuan kay Cristo na naninirahan sa iyo.

Ito ay isang kahangahangang katotohanan mula sa Salita ng Diyos. Isipin mo na ang lahat lahat na kakailanganin mo ay naninirahan sa pagkatao mo araw-araw.

Si Jesus ay Nasa Iyo—Ang Tunay na Kaligayahan…

Si Jesu-Cristo ay naninirahan ngayon sa iyo at ikaw ay naninirahan sa Kanya. Ayon sa Biblia, **"Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang Una, ang panganay na Anak—ang unang nabuhay na muli upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay."** Sa madaling salita ay wala ka nang kakailanganin pa. Ikaw ngayon ay ang lahat lahat ng ayon sa layunin ng paglikha ng Diyos sa iyo.

Ang pagiging kumpletong ito ay na kay Jesus, at dahil ikaw ay nasa Kanya at Siya ay nasa iyo, wala ka nang hahanapin pa. Lahat ng pangangailangan mo ngayon ay natutugunan sa pamamagitan ni Cristo. Si Cristo na nasa iyo ang pag-asa sa kaluwalhatian.

Basahin mo at pagbulay-bulayan ang mga sumusunod na talata ng Kasulatan mula sa Biblia, at tutulong ang mga ito sa pag-unawa mo kung gaano ka pinagpala ng Diyos:

Si Yahweh ang aking Pastol, hindi ako magkukulang.

Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan,
At inaakay niya ako sa tahimik na batisan,
Binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan.

At sang-ayon sa pangako na kaniyang binitiwan
Sa matuwid na landasi'y doon ako inaakay.

Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan,
Hindi ako matatakot pagkat ikaw'y kaagapay;
Ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang.

Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang,
Ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway;
Nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan
At pati na ang saro ko ay iyong pinaaapaw.

Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan,
Sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay;
Doon ako sa templo mo lalagi at mananahan.

Si Jesus ay ipinapakilala rito bilang Pastol at ikaw ay isa sa Kanyang mga tupa. Sa mga nakaraang Kabanata, ikaw ay tinukoy namin bilang isang anak ng Diyos, at ikaw nga ay gayon. Subalit sa kabanatang ito, tatalakayin din natin ang iyong relasyon kay Jesu-Cristo sa ibang paraan.

Paulit-ulit mong basahin ang bahaging ito ng Salita ng Diyos at hayaan mong gawin ito ng Espiritu Santo na totoo para sa iyo. Nais ng Diyos na pumasok Siya sa kaibuturan ng iyong pagkatao sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Nais Niyang maging makatotohanan Siya sa iyong buhay upang ikaw ay Kanyang mahalin at pagpalain nang higit pa sa iyong kayang isipin.

Sapagkat ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao. Walang makapagtatago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit. Habang nagbubulay-bulay ka sa Salita ng Diyos at ang Kanyang Kabutihan at Pag-ibig ay inihahayag doon, ang kalooban mo'y hihipuin ng Espiritu ng Diyos, babaguhin ka, at palalakihin ang iyong puso at kaluluwa, upang lalo mong maranasan ang pag-ibig ni Cristo.

Si Jesus ang iyong Pastol. Papatnubayan ka Niya at ibibigay ang iyong pangangailangan. Aaliwin ka Niya at pagpapalain. Hindi ka magkukulang sa anuman. Siya ang Mabuting Pastol na nag-aakay sa iyo sa landas ng buhay at naglalayo sa iyo sa kapahamakan. Wala kang dahilan upang matakot o mabalisa. Tinutugunan ng iyong Pastol ang lahat ng iyong mga pangangailangan at iniingatan ka Niya at binabasbasan ng kapayapaan at kagalakan.

Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, At huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Siya ay sangguniin sa lahat mong mga balak, At kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong lakad. Huwag kang magtiwala sa iyong sarili! **May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito.** Sumunod ka kay Jesus. **Siya ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay.** Hindi ka Niya ililigaw.

Hindi ka iiwan ni Jesus ni pababayaan man. Ang aking Ama, na nagbigay sa kanila sa akin, ay lalong dakila sa lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama. Sapagkat natitiyak kong ang kamatayan, ang buhay, ang mga anghel, ang mga pamunuan, ang mga bagay sa kasalukuyan, ang mga bagay na darating, ang mga kapangyarihan, ang kataasan, ang kalaliman, o ang alinmang nilalang ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos—pag-ibig na ipinadama niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Panatag ka kay Jesus. Basahin mo at pagbulay-bulayan ang mga sumusunod na bahagi ng Salita ng Diyos mula sa Biblia:

Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataas-taasan,
At nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan;
Makapagsasabi sa kanyang Panginoon: "Muog ka't tahanan,
Ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan."

Ikaw'y ililigtas niya sa panganib, sa umang na bitag,
At kahit ano mang mabigat na salot di ka magdaranas.
Lulukuban niya sa lilim ng kanyang malabay na pakpak,
Sa kalinga niya ay natitiyak mo na ikaw ay ligtas;
Iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y tapat.

Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay,
Maging sa gagawing biglaang paglusob pagsapit ng araw.
Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim,
Di ka matatakot sa kasamaan mang araw kung dumating.

Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao,
Sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo;
Di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano.
Ikaw'y nagmamasid at sa panonood iyong mamamasdan,
Yaong masasama ay makikita mong pinarurusahan.

Sapagkat si Yahweh ang iyong ginawang tagapagsanggalang,
At ang pinili mong mag-iingat sa 'yo'y Kataas-taasan,
Di mo aabuting ikaw'y mapahamak, at walang daratal
Kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan.
Susuguin niya ang maraming anghel, sila'ng susubaybay,
Kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan.
Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas
Nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas.

Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik,
Di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis.
Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin,
At iingatan ko ang sinumang taong ako'y kikilanlin.

Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan,
Aking sasamahan at kung may hilahil ay sasaklolohan;
Aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan.
Sila'y bibigyan ko't gagantimpalaan ng mahabang buhay,
At nakatitiyak na ang tatamuhin nila'y kaligtasan!"

Ito ang mahalagang pagpapahayag ng iyong relasyon sa iyong Lumikha, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Nagmamalasakit ang Diyos sa iyo. Paulit-ulit mong basahin ang mga salitang ito at isipin mo kung ano ang sinasabi ng mga ito, at paniwalaan mo ang mga ito na para bang sadyang isinulat para sa iyo mula sa Diyos. Ang Biblia ay isang sulat ng pag-ibig ng Diyos sa lahat ng naniniwala sa Kanya.

Wala pang nagmahal sa iyo nang tulad sa pagmamahal ni Jesus. **Dahil dito, ako'y naninikluhod sa Ama, na siyang pinagtutularan ng pagkaama sa bawat sambahayan sa langit at sa lupa.**

Hinihiling ko, ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan, na palakasin niya ang inyong buhay espirituwal sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. Nawa'y manahan si Cristo sa inyong puso sa pamamagitan ng inyong pananalig sa kanya upang sa inyong pag-uugat at pagiging matatag sa pag-ibig, maunawaan ninyo, kasama ng mga hinirang, kung gaano ka-

dakila ang pag-ibig ni Cristo. At nawa'y makilala ninyo ang di matingkalang pag-ibig na ito upang mapuspos kayo ng kapuspusan ng Diyos.

Sa Diyos na makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin—sumakanya ang kapurihan sa pamamagitan ng iglesya at ni Cristo Jesus magpakailanman! Amen.

Hindi mo mauubos ang Pag-ibig ng Diyos, ni ang Kanyang kayamanan, ni ang Kanyang kaawaan, ni ang Kanyang kabutihan, ni ang Kanyang biyaya, ni ang Kanyang pagpapatawad, ni ang Kanyang kapangyarihan, ni ang Kanyang kapayapaan, na hindi matarok ng iyong pag-unawa. Ang lahat ng sa Diyos ay sa iyo, at ang Kanyang yaman ay walang katapusan.

Ang lahat ng sa Diyos at ang lahat ng tungkol sa Diyos ay nababalot kay Jesus na nasa iyo, at ikaw ay nasa Kanya. **Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman.** Siya'y buhay at gagawin Niya para sa iyo ang ginawa Niya para sa mga sumampalataya sa Kanya noong Siya'y lumakad dito sa lupa may dalawang libong taon na ang nakalilipas.

Naparito si Jesus sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. Naparito Siya upang hanapin at iligtas ang nawala. **Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.** Naparito Siya upang baliktarin ang sumpa sa sangkatauhan dahil sa kasalanan at upang panumbalikin at pagkasunduin ang tao at ang Diyos. Naparito Siya upang bigyan tayo ng Buhay na Walang Hanggan.

Ang Buhay na Walang Hanggan ay hindi lamang magpakailanman, kundi ito ay isa ring kalidad ng buhay dito at ngayon. Ayaw ng Diyos na manatili tayo sa pagka-alipin sa alinmang epekto ng kasalanan o sa alinmang pakana ni Satanas. Nilinaw ito ni Jesu-Cristo nang pagalingin Niya ang mga may sakit, nang patawarin Niya ang mga makasalanan, palayasin ang mga demonyo, pakainin ang mga nagugutom, at tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga sumasampalataya sa Kanya. Iyon ang Kanyang gagawin para sa iyo at para sa akin ngayon.

Sa isang pangyayari, **pumunta si Jesus sa bahay ni Pedro at doo'y nakita niya ang biyenan nito, nakahiga at inaapoy ng lagnat. Hinawakan ni Jesus ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Pagkatapos, bumangon ito at naglingkod sa kanya.**

Nang gabing iyon, dinala kay Jesus ang maraming inaalihan ng mga demonyo. Sa isang salita lamang ay pinalayas niya ang masasamang espiritu, at pinagaling ang lahat ng may karamdaman.

Ginawa niya ito upang matupad ang sinabi ni Propeta Isaias, "Kinuha niya ang ating mga kahinaan at binata ang ating mga karamdaman."

Daang taon bago pa ipanganak si Jesus ay nakasulat na:

Tiniis niya ang hirap
Na tayo ang dapat magbata,
Gayon din ang kirot na tayo sana ang lumasap;
Akala natin ang dinanas niya'y
Parusa sa kanya ng Diyos.
Dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan;
Siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan.
Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na tinamo niya
At sa mga hampas na kanyang tinanggap.
Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw;
Nagkanya-kanya tayo ng lakad.
Ngunit inibig ni Yahweh
Na sa kanya ipataw ang parusang
Tayo ang dapat tumanggap.

Ilang taon pagkamatay ni Jesus sa Krus ay isinulat sa Salita ng Diyos ang ganito:

Sa kanyang pagkamatay sa krus, dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tuluyan na nating iwan ang pagkakasala at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Kayo'y gumaling sa pamamagitan ng kanyang mga sugat. Sapagkat nagkawatak-watak kayo gaya ng mga tupang naligaw, ngunit tinipon kayong muli ng Pastol at Tagapangalaga ng inyong mga kaluluwa.

Mahalagang maunawaan at paniwalaan mo na nang si Jesu-Cristo ay namatay alang-alang sa iyo, Siya'y naghirap at namatay para sa iyong mga kasalanan, mga karamdaman, mga sakit, at mga paghihirap upang ikaw ay mapatawad at mapagaling.

Nasusulat din, **"Mahal kong Gayo, idinadalangin kong ikaw sana'y nasa mabuting kalagayan, at malusog ang pangangatawan tulad ng alam kong mabuting kalagayan ng iyong buhay espirituwal."**

Pinatawad ng Diyos ang iyong mga kasalanan, at Siya ang gumawa ng paraan para sa ikagagaling ng iyong katawan sa pamamagitan ng paghihirap, pagkamatay, pagkalibing, at pagkabuhay-muli ni Jesu-Cristo. Karapatan mo, na binili at ipinagkaloob ni Jesus, ang mabuhay nang malusog, malaya mula sa pagpapahirap ng kasalanan at ni Satanas, kung paanong may karapatan kang mapatawad sa iyong mga kasalanan.

Naparito si Jesus upang magkaroon ka nang masaganang buhay. Nais ng iyong Ama na nasa Langit na magkaroon ka ng lubos at kumpletong buhay. Kalooban Niya na mamuhay ka sa tagumpay, sa kabanalan, sa maka-Diyos na kalusugan, sa kasaganaan, at sa Kanyang pag-ibig at kapayapaan na di-matarok ng pang-unawa.

Naparito si Satanas upang magnakaw, pumatay at pumuksa, at nais niyang manatili kang nakagapos sa kasalanan, sa adiksyon, imoralidad, karamdaman, kirot, sakit, kahirapan, kasalatan, kaguluhan, pagkamuhi, kasakiman, kasinungalingan, at sa lahat ng uri ng pagdurusa at kaguluhan sa pag-iisip, sa katawan, at sa damdamin, na ang mga ito ang aagaw ng kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Dapat mong pagpasiyahan sa iyong puso at isipan na ang nais mo lamang ay ang nais ng Diyos para sa iyong buhay, at ang Kanyang kalooban ay laging para sa ikabubuti mo. Dapat mong naisin para sa iyong sarili kung ano ang ninanais ng Diyos para sa iyo, at naisin mo ito sa parehong dahilan na ninanais ito ng Diyos para sa iyo, at makiisa ka sa Espiritu Santo upang ang lahat ng ito'y maisakatuparan ng Diyos sa iyong buhay.

Dapat mo ring pagpasiyahan sa iyong puso na lalabanan mo si Satanas at ang lahat ng kanyang mga pakana at hangarin para sa iyong buhay sa pamamagitan ng paggamit mo ng Salita ng Diyos upang magapi mo si Satanas, at upang malaman mo ang pagkakaiba ng kagustuhan niya para sa iyong buhay at ang kagustuhan ng Diyos para sa iyong buhay.

Nasusulat, **"Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo. Lumapit kayo sa Diyos at lalapit siya sa inyo. Linisin ninyo ang inyong mga kamay, kayong mga makasalanan! Linisin ninyo ang inyong puso, kayong pabagu-bago ang isip."**

Dapat mong gustuhin kung ano ang gusto ng Diyos para sa iyo sa lahat ng bagay sa iyong buhay, at dapat mong paniwalaan na gagawin ng Diyos ang lahat ng bagay na sinasabi Niyang gagawin Niya para sa iyo, na Kanyang anak. Ang iyong katawan at espiritu ay binili sa isang halaga. Kaya, dapat mong asahan ang kalusugang dulot ng Diyos sa iyong katawan at espiritu, at huwag kang umasa ng mas kaunti rito.

Nasusulat, **"Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo at tinanggap ninyo mula sa Diyos? Ang inyong katawan ay hindi talagang inyo kundi sa Diyos; binili niya kayo sa malaking halaga. Kaya't gamitin ninyo ang inyong katawan upang maparangalan ang Diyos."**

Kapag ang pagpapatawad ng Diyos at ang Kanyang kapangyarihang magpagaling ay nakikita sa iyong katawan at espiritu, ang Diyos ay napaparangalan. Kapag si Jesus ay nagpapatawad ng makasalanan at nagpapagaling ng may sakit, ang Diyos ay napaparangalan. Gusto ni Satanas na agawan ng kaluwalhatian ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang pagpigil sa mga tao na manatili sa pagka-alipin sa kasalanan, karamdaman, at sakit, ngunit talo na si Satanas, at ang kapangyarihan ng Diyos sa pagpapagaling at pagpapatawad ay makakamtan pa rin ng lahat ng sasampalataya at maniniwala sa Salita ng Diyos.

Upang mapagaling ka dapat mong malaman na nais ng Diyos na gumaling ka, kung paanong nalalaman mong nais ng Diyos na mapatawad ka at maligtas. Mahal ng Diyos ang buong pagkatao ng Kanyang nilikha. Nais Niyang tugunan ang lahat ng iyong pangangailangan. Kailanma'y hindi tinalikuran ni Jesus ang sinumang sumasampalataya sa Kanya at humiling sa Kanya na pagalingin sila, kailanma'y hindi Niya sila tatalikuran! Pinagaling Niya at Pinatawad ang lahat ng naniwala sa Kanyang pagpapatawad at pagpapagaling, at ito'y ginagawa Niya hanggang ngayon.

Basahin natin ang ilang kasaysayan tungkol sa paglilingkod ni Jesus noong narito pa Siya sa daigdig na ito, mga 2,000 taon na ang nakalilipas. Ang mga ito'y nakatala sa Biblia:

Nang si Jesus ay nasa isang bayan, isang lalaking ketongin ang lumapit sa kanya. Pagkakita ng ketongin sa kanya, ito'y nagpatirapa at namanhik sa kanya, "Ginoo, kung ibig po ninyo, ako'y inyong mapagagaling." Hinipo siya ni Jesus at ang sabi, "Ibig ko; gumaling ka!" Pagdaka'y nawala ang kanyang ketong.

Itinanong ng taong ito kung kalooban ba ng Diyos o hindi na pagalingin siya ni Jesus. Malinaw ang sagot ni Jesus, **"Nais ko!"** Ito rin ang sagot na ibibigay ni Jesus ngayon. Laging kalooban ng Diyos ang magpagaling.

Makaraan iyon, pumunta si Jesus sa isang bayang tinatawag na Nain. Sumama sa kanya ang kanyang mga alagad at ang napakaraming tao. Nang malapit na siya sa pintuan ng bayan, nasalubong niya ang libing ng kaisa-isang anak na lalaki ng isang babaing balo. Marami ang nakikipaglibing. Nahabag ang Panginoon nang makita ang ina ng namatay, at sinabi sa kanya, "Huwag kang tumangis." Lumapit siya at hinipo ang kinalalagyan ng patay at tumigil naman ang mga may dala nito. Sinabi niya, "Binata, bumangon ka!" Naupo ito at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina.

Si Jesus ay mapagmahal at maawain, kaya't binubuhay Niya pati ang mga patay.

Isang araw, si Jesus ay sumakay sa bangka, kasama ang kanyang mga alagad. Sinabi niya sa kanila, "Tumawid tayo sa ibayo." At gayon nga ang ginawa nila. Nang sila'y naglalayag na, nakatulog si Jesus. Bumugso ang isang malakas na unos at ang bangka ay pinasok ng maraming tubig kaya't nalagay sila sa panganib. Nilapitan siya at ginising ng mga alagad. "Guro, Guro, lulubog na po tayo! sabi nila. Bumangon si Jesus, at sinaway ang hangin at ang nagngangalit na mga alon, at tumahimik ang mga ito. Bumuti ang panahon.

Maging ang hangin at tubig ay sumusunod kay Jesus.

Malapit na si Jesus sa Jerico, at doo'y may isang lalaking bulag na nakaupo sa tabi ng daan at nagpapalimos. Nang marinig nitong nagdaraan ang maraming tao, itinanong niya kung ano ang nangyayari. "Nagdaraan si Jesus na taga-Nazaret," sabi nila. At siya'y sumigaw, "Jesus, Anak ni David! Mahabag po kayo sa akin!"

Sinaway siya ng mga nasa unahan, ngunit lalo pa niyang nilakasan ang sigaw: "Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!" Kaya't tumigil si Jesus, at iniutos na dalhin sa kanya ang bulag. Inilapit nga ito at tinanong ni Jesus, "Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?" "Panginoon, ibig ko po sana'y manumbalik ang aking paningin," sagot niya.

At sinabi ni Jesus, "Mangyari ang ibig mo! Pinagaling ka dahil sa iyong pananalig." Noon din, nakakita siya at sumunod kay Jesus, at nagpasalamat sa Diyos. Nang makita ito ng mga tao, silang lahat ay nagpuri sa Diyos.

Kinilala ni Jesus ang pananampalataya ng taong ito. Nanampalataya siya at siya'y gumaling.

Kaya't binibigyang-diin natin ang kahalagahan ng pananampalataya sa Salita ng Diyos. **At hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa kanya. Sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat maniwalang may Diyos, at siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa kanya.** Tandaan mo, ang pananampalataya ay ang pagtitiwala na gagawin ng Diyos ang Kanyang ipinangakong gagawin. Ang pananampalataya ay ang paniniwala sa sinabi ng Diyos. Ito'y kalugud-lugod sa Diyos.

Minsa'y may napakaraming tao ang sumusunod kay Jesus at nagsisiksikan sa palibot Niya. **Kabilang sa mga ito ang isang babaing labindalawang taon nang dinudugo at hindi mapagaling ninuman. [Naubos nang lahat sa kapapagamot ang kanyang kabuhayan.]**

Lumapit siya sa likuran ni Jesus at humipo sa palawit ng kanyang damit; at pagdaka'y tumigil ang kanyang pagdugo.

Nagtanong ngayon si Jesus, "Sino ang humipo sa akin?" Nang walang umamin, sinabi ni Pedro, "Guro, naliligid po kayo at sinisiksik ng mga tao!" Ngunit sinabi ni Jesus, "May humipo sa akin! Naramdaman kong may bisang lumabas sa akin."

Nang malaman ng babae na hindi pala nalingid ang kanyang ginawa, siya'y nanginginig na lumapit at nagpatirapa sa paanan ni Jesus. Pagkatapos, sinabi niya sa lahat ng naroon kung bakit niya hinipo si Jesus, at kung paano siya gumaling agad. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananalig sa akin. Umuwi ka na't ipanatag mo ang iyong kalooban."

Muli, ginawa ni Jesus ang hindi kayang gawin ng mga doctor bilang katugunan sa pananampalataya ng babaing ito.

Ilan lamang ang mga ito sa mga himalang nakatala sa Salita ng Diyos ngunit **marami pang ginawa si Jesus na kung susulating lahat, inaakala kong hindi magkakasya kahit sa buong daigdig ang mga aklat na masusulat.**

Ang kaligtasan sa pananaw ng Diyos ay may kinalaman sa pagsagip at paghango sa buong sangkatauhan mula sa mga epekto ng kasalanan at ang lubos na panunumbalik ng lahat ng tao sa orihinal na plano ng Diyos.

Huwag mong limitahan ang Diyos. Maniwala ka sa Nakasulat na Salita ng Diyos, ang Biblia, at sa Nabubuhay na Salita ng Diyos, si Jesu-Cristo. Lubos mong gamitin ang mga pagpapala ng pagkakilala sa Diyos, at ibigay mo ang lahat ng papuri sa Kanya dahil sa lahat ng ginawa Niya para sa iyo. Huwag mong hayaang mapagnakawan ka ng diyablo. Siya'y sinungaling!

Itututuro sa iyo sa susunod na kabanata ng aklat ng ito kung paano mo matatanggap ang lahat ng mga pagpapalang walang bayad na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus. Matutuklasan mo kung paano tamasahin ang mga pangako ng Diyos, at maranasan ang lahat ng mga pagpapala ng personal na pagkakilala sa Kanya. Ito'y magandang lugar sa pagtatapos ng Kabanatang Apat. Mag-alay tayo ng panalangin ng pasasalamat sa Diyos dahil sa mga natutuhan mo ngayon:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Salamat po na ang Iyong kapuspusan ay nasa katauhan ni Jesus. Sa Kanya, ako'y kumpletong tao. Mayroon na ako ngayong Tunay na Kaligayahan sapagkat nasa akin si Jesus. Wala na akong hahanapin pang sinuman o anuman. Ako'y na kay Jesus, at Siya'y nasa akin. Taglay ko si Jesus, at ako'y taglay Niya. Kami ngayo'y iisa sa Iyo.

Salamat, Panginoon, na Ikaw ang aking Pastol at ako'y hindi magkukulang sa anuman. Salamat po na ikaw ay lagi kong kasama at kailanma'y hindi mo ako iiwan. Salamat sa Iyong pagpatnubay sa akin, sa pag-iingat Mo sa akin at pagkakaloob ng aking bawat pangangailangan. Salamat sa pag-akay Mo sa akin sa landas ng katuwiran at hindi ko na kailangan pang matakot, mag-alala o mag-alinlangan.

Salamat, Panginoon, na walang kahit ano sa sangnilikha na makapaghihiwalay sa akin sa Iyong pag-ibig. Salamat po na ako ngayo'y nasa lilim ng Iyong anino, at walang masamang mangyayari sa akin, at pinatatamasa Mo sa akin ang mahabang buhay.

Salamat, Panginoon, na wala nang kapangyarihan sa akin ang sakit at karamdaman. Lalabanan ko ang mga ito, tulad ng paglaban ko sa diyablo, at ako'y palaging lalapit sa Iyo upang gumaling, tulad ng paglapit ko sa Iyo

upang mapatawad, sapagkat alam kong lalapit Ka sa akin at ako'y iingatan Mo ayon sa Iyong Salita. Salamat po na ang Iyong Salita ay buháy at aktibo sa aking buhay.

Ako'y nagpapasalamat na alam ko na kapag nakikita ko si Jesus, ay nakikita kita, O Diyos, at palagi kitang maaasahan na gagawin Mo para sa akin, sa pamamagitan ni Jesus, ang ginawa Mo sa pamamagitan ni Jesus para sa kanilang sumampalataya sa Kanya noong narito pa siya sa lupa.

Mahal kong Panginoon, hindi kita lilimitahan sa aking buhay. Nais kong makilala kung sino Ka talaga. Tatanggapin ko ang Iyong Salita at paniniwalaan ko ang Iyong sinasabi, maging anuman ang aking nakikita, naririnig, nararamdaman, o iniisip. Alam kong ang Salita Mo'y katotohanan at kailanmay' hindi Ka magsisinungaling o dadayain man ako sa anumang paraan. Alam kong mahal Mo ako sa pagmamahal na hindi ko pa naranasan noon, at minamahal din kita.

Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin,

Amen!

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pananalanging May Tagumpay

Kabanatang Lima

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pananalanging May Tagumpay! Milyun-milyong tao sa buong daigdig ang nananalangin araw-araw, ngunit kakaunti lamang ang nakakatanggap ng kasagutan.

Ang tunay na panalangin ay hindi basta isang gawain sa relihiyon o isang tradisyon o ritwal na idinaraos natin upang magpalubag-loob sa nakakataas na kapangyarihan o sa "mga diyos." Ang tunay na panalangin ay direktang komunikasyon sa ating Lumikha, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

Mahalagang matutuhan mong manalangin ayon sa Salita ng Diyos upang magtagumpay ka bilang isang Cristiano. Ito ay isa sa pinakamahahalagang pribilehiyo natin bilang mga anak ng Diyos.

Anumang oras, saanmang lugar, sa anumang pangyayari, maaari tayong manalangin at makakaasa tayo na pakikinggan tayo ng ating Ama na nasa Langit, at sasagutin Niya ang ating panalangin ayon sa pangako Niya na nasa Kanyang Salita.

Ituturo sa iyo sa kabanatang ito kung paano makipag-ugnayan sa iyong Ama na nasa Langit, at tatanggapin mo mula sa Kanya ang lahat ng iyong kinakailangan.

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pananalanging May Tagumpay....

Ang tunay na panalangin ay direktang komunikasyon sa ating Lumikha, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Ang panalanging binigkas mo sa huling bahagi ng Kabanatang Isa ay nagbalik sa iyo sa isang personal na relasyon sa Diyos. Naging anak ka Niya, at Siya'y naging iyong Ama na nasa Langit. Iyon ang pinakamahalagang panalangin na maaari mong ipanalangin.

Patuloy na gagampanan ng panalangin ang isang napakahalagang papel upang magtagumpay ka bilang isang anak ng Diyos. Kailangang gumugol ka ng panahon sa pakikipagtalastasan sa iyong Ama na nasa Langit upang lalo mo Siyang makilala. Napakahalaga ng komunikasyon sa pagbubuo mo ng personal na relasyon sa Kanya.

Gustong-gusto ng Diyos na nakikipag-usap ang Kanyang mga anak sa Kanya, at hindi tulad ng maraming mga ama dito sa lupa, Siya'y palaging may panahong makinig sa kanila. Ang panalangin ay maaaring maging simple lang tulad ng pakikipag-usap ng isang bata sa kanyang ama at maaaring tungkol sa kahit anong bagay at may kalakip na pagpupuri, pasasalamat, at mga kahilingan para sa iyong sarili at sa iba.

Ang mga panalangin sa pagtatapos ng bawat kabanata ay halos mga pasasalamat at pagpupuri. Ipinaabot mo ang iyong pasasalamat kung Sino ang Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa iyo at para sa buong sangkatauhan. Sa pagpupuri ay ibinabalik mo sa Diyos kung ano ang Kanyang ipinahayag sa iyo tungkol sa Kanyang sarili, at ipinagpapasalamat mo kung Sino Siya.

Ang pagpupuri at pasasalamat ay mga paraan ng pagsasabi at pagsisiwalat ng iyong iniisip tungkol sa Diyos ng iyong paghanga sa Kanya. Maaari ka ring umawit ng papuri at pasasalamat sa Diyos. Kasama sa pagpupuri at pasasalamat ang iyong buong pagkatao: ang iyong espiritu, pag-iisip, damdamin, at ang iyong katawan. Maaari kang sumigaw ng mga papuri sa Diyos. Maaari kang sumayaw sa harap ng Panginoon. Maaari mo Siyang purihin sa pamamagitan ng mga instrumento ng musika. Maaari mong itaas ang mga kamay mo at purihin Siya, o maaaring tahimik mo Siyang purihin at pasalamatan.

Ang pagpupuri at pasasalamat ay nagmumula sa puso mo at nag-uumapaw sa Panginoon upang ipahayag ang iyong pag-ibig at pasasalamat sa Kanya. Walang iisang paraan sa pagpupuri sa Diyos, at walang mga nakatakdang mga pananalita. Ang pagpupuri at pasasalamat ay iba't iba tulad ng Kanyang mga anak, at gusting-gusto Niyang marinig at mapagmasdan ang pagpapahayag mo ng iyong pag-ibig at pasasalamat sa Kanya.

Sinasabi ng Biblia, **"Kaya't lagi tayong maghandog ng hain ng pagpupuri sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus—pagpupuring nagpapahayag ng ating pagkilala sa kanyang pangalan."**

Sinasabi ng Biblia, **"Datapwat kayo ay isang lahing hinirang, mga saserdote ng Hari, isang bansang nakatalaga sa Diyos. Pinili kayo ng Diyos upang maging kanya at maghayag ng mga kahanga-hangang gawa niya. Siya rin ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kanyang kagila-gilalas na kaliwanagan."**

Sinasabi rin ng Biblia, **"Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos."**

Marami na ka nang dapat bigyang-papuri at ipagpasalamat sa Diyos. Makagawian mo sana ang magpuri at magpasalamat. Magkaroon ka ng mapagpasalamat na pag-iisip. Hindi lamang mabibigyan mo ang Diyos ng kaluwalhatiang nararapat sa Kanya, kundi makakatagpo ka rin ng kagalakan at kaligayahang mag-uumapaw sa iyong isip at diwa. Gagawa ang Diyos ng mga espesyal na bagay sa iyong buhay habang nagpupuri at nagpapasalamat ka sa Kanya.

Ang tunay na panalangin ay isa ring paraan ng pagtanggap ng pagpapala mula sa Diyos. Natalakay na natin ang napakaraming pagpapala na ipinangako Niya sa Kanyang mga anak. Gayunman, tulad ng kapatawaran ng kasalanan, ang lahat ng Kanyang mga pagpapala ay dapat makuha o matanggap sa pamamagitan ng panalanging may pananampalataya.

Halimbawa, si Jesu-Cristo ay namatay upang bayaran ang kasalanan ng bawat tao, ngunit hindi lahat ng tao ay ligtas. Bakit? Sapagkat hindi sila tumatawag na may pananampalataya sa Pangalan ng Panginoon upang hingin sa Diyos na iligtas sila, tulad ng ginawa mo. Bagaman ang Buhay na Walang Hanggan ay walang bayad na regalo na binayaran na ng Diyos, kailangang tanggapin ito ng lahat sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit hindi lahat ay ganito ang ginagawa.

Sa gayon ding paraan, bagaman si Jesus ay nagdusa at pinasan Niya ang karamdaman, sakit, at paghihirap ng sangkatauhan sa Kanyang Katawan, marami ang hindi gumagaling sapagkat hindi sila tumatawag na may pananalig kay Jesus na Manggagamot upang iligtas sila.

Tinalakay na natin kung paanong ang Diyos, ang ating Ama na nasa Langit, ay nagnanais na pagpalain tayo, patawarin tayo, pagalingin tayo, tustusan tayo at ibigay ang lahat nating pangangailangan, at patnubayan tayo at pangunahan sa ating buhay, ngunit hindi ito basta nangyayari na lamang. Dito pumapasok ang paghingi sa pamamagitan ng panalangin. Ang panalanging may pananalig ang paraan upang tanggapin natin ang mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa atin.

Sinasabi ng Biblia, **"Hindi tayo nag-aatubiling lumapit sa kanya, sapagkat alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin na naaayon sa kanyang kalooban. Yamang alam nating dinirinig nga niya tayo, alam**

din nating ibinibigay niya ang hinihiling natin sa kanya." Ang paghingi ayon sa kalooban ng Diyos ay paghingi ayon sa Kanyang Salita, o lalong tamang sabihin, ayon sa Kanyang mga pangako.

Kapag humihingi tayo ayon sa kalooban ng Diyos, na ito'y ang Kanyang Salita, makakaasa tayo na sasagot ang Diyos ayon sa Kanyang Salita. Kaya't nalalaman natin na sasagutin ang ating mga panalangin at tatanggapin natin ang ating hinihingi. Gustong-gusto ng Diyos na sagutin ang mga panalangin ng Kanyang mga anak.

Sabi ni Jesus, **"Humingi kayo, at kayo'y bibigyan; humanap kayo, at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo, at ang pinto'y bubuksan para sa inyo. Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi, nakasusumpong ang bawat humahanap, at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok. Bibigyan ba ninyo ng bato ang inyong anak kung humihingi ng tinapay? Bibigyan ba ninyo siya ng ahas kung humihingi ng isda? Kung kayo na masasama, ay marunong magbigay ng mababuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit? Ibibigay niya ang mababuting bagay sa mga humihingi sa kanya!"**

Maaari at dapat mong lapitan na may pagtitiwala ang iyong Ama na nasa Langit bilang Kanyang anak. Mahal ka Niya at nais lamang Niya ang makakabuti sa iyo. Alalahanin mong isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesus upang mamatay alang-alang sa iyo, upang magkaroon Siya ng ganitong relasyon sa iyo. Mahalaga ring malaman mo na nasa Diyos ang lahat ng mga kailangan mo, lahat ng uri ng mga di-mauubos na yaman. Walang mahirap para sa Panginoon. Magtiwala ka sa Kanya at lumapit ka sa Kanya sa panalangin.

Sa isang pangyayari, maraming taon na ang nakalilipas, tinanong si Jesu-Cristo ng Kanyang mga tagasunod kung paano manalangin. Ganito ang sagot Niya: **"Huwag ninyo silang tutularan. Sapagkat alam na ng inyong Ama ang inyong kinakailangan bago pa ninyo hingin sa kanya. Ganito kayo mananalangin:**

'Ama naming nasa langit,
Sambahin nawa ang pangalan mo
Ikaw nawa ang maghari sa amin,
Sundin nawa ang iyong kalooban
dito sa lupa tulad ng sa langit.
Bigyan mo kami ng pagkaing
kailangan namin sa araw na ito;
At patawarin mo kami sa aming
mga kasalanan,
Tulad ng aming pagpapatawad sa
mga nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming iharap sa

mahigpit na pagsubok,
Kundi ilayo mo kami sa Masama!
[Sapagkat iyo ang kaharian at ang
kapangyarihan at ang
kapurihan, magpakailanman!
Amen.]'

Natutuhan natin kay Jesus na alam na ng Diyos ang ating kailangan bago pa man tayo humingi sa Kanya, at dapat nating tawagin Siya na ating Ama na nasa Langit. Dapat nating pakabanalin, igalang, at parangalan ang Pangalan ng Diyos. Bagaman ang Diyos ay ating Ama at Kaibigan at tunay na nagmamahal sa atin, dapat pa rin nating ibigay sa Kanya ang karangalan, paggalang, at respeto na nararapat sa Kanya.

Tinuruan din tayo ni Jesus na ipanalangin ang Kanyang Kaharian at ang Kanyang kalooban na dumating at mangyari dito sa lupa, gaya ng sa langit. Ang Kanyang Kaharian ay ang pamamahala Niya at ang Kanyang pagiging hari at Panginoon sa ating buhay. Sa madaling salita, ipanalangin natin na ang pamamahala, paghahari at pagka-Panginoon ng ating Ama na nasa Langit ay mangyari sa ating buhay dito sa lupa, gaya ng sa langit. Ipanalangin natin na anumang mangyayari sa Langit para sa atin ay mapasaatin na ngayon dito sa lupa.

Ito ay isang kahanga-hangang Katotohanan na tumutulong sa atin upang malaman kung paano manalangin ayon sa kalooban ng Diyos, ayon sa Kanyang mabuti, kaaya-aya at sakdal na kalooban. Hindi lamang ipinapanalangin natin na mamahala at maghari ang Diyos sa bawat sitwasyon dito sa lupa, tulad ng ginagawa Niya sa Langit, kundi ipinapanalangin din natin na ang Kanyang kalooban ay maganap dito sa lupa, kung paanong ito'y nagaganap ngayon sa Langit.

Halimbawa, kung ikaw ay nalulungkot o nanghihina ang loob ngayon, alam mong dapat mong ipanalangin sa iyong Ama na nasa Langit na magkaroon ka ng kagalakan at lakas ng loob at alam mong ito ay kalooban Niya para sa iyo, sapagkat ito naman ang mangyayari para sa iyo sa Langit. Walang kalungkutan at panghihina ng loob sa Langit.

Kung ikaw naman ay may sakit o karamdaman, alam mong kalooban ng Diyos para sa iyo na ikaw ay gumaling at mawalan ng sakit dito at ngayon, sapagkat walang sakit o karamdaman sa Langit. Kaya, maaari mong ipanalanging may pagtitiwala na pagagalingin ka ng Diyos sa iyong sakit o karamdaman.

Itinuturo ni Jesus na dapat tayong umasa na ipagkakaloob ang ating mga kailangan sa bawat araw at dapat tayong manalangin nang ganoon, na may paniniwalang ibibigay ng Diyos ang ating mga pangangailangan ayon sa Kanyang kayamanan sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Anuman ang ating pangangailangan, maaari tayong manalangin at umasa na tutustu-

san tayo ng Diyos sa bawat araw. Tandaan mo, **ang Panginoon ang ating Pastol, at hindi tayo magkukulang**.

Tinuruan tayo ni Jesus na kapag tayo'y nagkasala, dapat tayong humingi ng kapatawaran, sapagkat nalalaman nating **maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid.** Bagaman tayo'y natubos na at ngayo'y mga anak na ng Diyos, kung minsa'y nagkakasala pa rin tayo.

Tinuruan din tayo na dapat nating ipanalangin at patawarin ang ibang tao kapag sila'y nagkakasala sa atin. Ginagawa natin ito, sapagkat pinatawad tayo ng Diyos sa ating mga kasalanan sa Kanya.

Itinuturo ni Jesus sa atin na manalangin tayo upang maligtas sa masama at huwag madala ng tukso. Tayong lahat ay tinutukso upang magkasala. Si Satanas ang manunukso, at tayo'y madalas ding tuksuhin upang magkasala sa pamamagitan ng ating sariling puso, ngunit hindi kasalanan ang tukso. Dapat nating labanan ang kasalanan kapag tayo'y tinutukso, at maaari tayong humingi ng saklolo upang maligtas tayo sa kasamaan.

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod, **"Magpuyat kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit mahina ang laman."**

Nasusulat din tungkol kay Jesus, **"Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa sa ating mga kahinaan sapagkat sa lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, ngunit hindi nagkasala. Kaya't huwag na tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos at doo'y kakamtan natin ang habag at kalinga sa panahong kailangan natin ito."**

Kaya, kapag tayo'y tinutukso sa pagkakasala, tayo'y nagiging kaisa ni Jesu-Cristo na Siyang ating tagumpay laban sa tukso at sa manunukso, at tayo'y lumalapit sa trono ng biyaya na may pagtitiwala, sapagkat alam natin na ang ating Ama na nasa Langit ay naghihintay upang bigyan tayo ng biyaya at awa sa oras ng ating pangangailangan.

Tinapos ni Jesus ang Kanyang pagtuturo tungkol sa panalangin sa pamamagitan ng Katotohanan na tayo'y nananalig sa walang hanggang kaharian, kapangyarihan, at kaluwalhatian ng ating Ama na nasa Langit. Ang pamamahala at paghahari at kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay nananatili magpakailanman upang tugunan ang ating mga panalangin. Inilaan ng Diyos ang mga kayamanan ng Langit upang tugunan ang ating mga pangangailangan dito sa lupa kapag tayo'y nananalangin nang may pananampalataya, at nananalig na gagawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako sa Kanyang mga anak.

Sabi ni Jesus, **"Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo."** Napakahalagang ito'y maunawaan at maisagawa. Kapag nananalangin ka, maniwala kang natanggap mo na nang sandaling iyon ang iyong hinihingi. Huwag mo nang hintaying makita pa ang iyong hinihingi, sa halip ay tanggapin mo na ang kasagutan sa iyo sa pamamagitan ng pananampalataya, sapagkat alam mong nakasagot na ang Diyos, at kung magkagayo'y makikita mo iyon.

Ang pagkakita ay hindi pananampalataya, kundi ang pananampalataya ay ang pagkakita. Minsa'y sinabihan ni Jesus ang isang tagasunod na ang pangala'y Tomas, **"Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita."** Tandaan mo na **"Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita."** Sapagkat nagtitiwala tayo sa Salita ng ating Ama na nasa Langit, hindi na natin kailangang makita pa ang isang bagay upang ito'y paniwalaan. Ito ang pananampalatayang kasiya-siya sa Diyos. **"At hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa kanya."**

Alalahanin mo na ang ating relasyon sa Diyos ay batay sa ating pananampalataya sa katapatan at katotohanan ng Kanyang Salita. May sinasabi o ipinapahayag ang Diyos sa atin sa Kanyang Salita, sa Biblia, pinapaniwalaan natin ito at sinusunod natin, maging anuman ang ating kinalalagyan, o anuman ang ating nararamdaman, nakikita, o naiisip. Tinatanggap natin kung ano ang sinasabi ng Diyos, at tayo'y umaasa na matutupad ang Kanyang ipinangako, lalong lalo na kapag tayo'y nananalangin.

Ang mga sumusunod ay mga salita ni Jesus tungkol sa panalangin:

"Sinasabi ko sa inyo: anumang ipagbawal ninyo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at anumang ipahintulot ninyo sa lupa ay ipahihintulot sa langit. Sinasabi ko pa rin sa inyo: kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay sa inyong panalangin, ipagkakaloob ito sa inyo ng aking Amang nasa langit. Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila."

"Sinasabi ko sa inyo: ang nananalig sa akin ay makagagawa ng mga ginagawa ko at higit pa rito, sapagkat pupunta na ako sa Ama. At anumang hilingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay gagawin ko, upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak. Gagawin ko ang anumang hihilingin ninyo sa pangalan ko."

"Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin ninyo ang inyong maibigan, at ipagkakaloob sa inyo."

"Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo'y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo."

"Hindi na kayo kailangang magtanong sa akin sa araw na iyon. Tandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo. Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa pangalan ko; humingi kayo, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan."

Mayroon tayong relasyon sa ating Ama na nasa Langit dahil kay Jesus, at sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin dahil kay Jesus. Si Jesu-Cristo ang lahat sa atin. Kung wala Siya ay wala tayo. Kaya lumalapit tayo sa ating Ama na sa langit sa pamamagitan ng panalangin sa pangalan ni Jesu-Cristo. Kapag humihingi tayo sa Pangalan ni Jesus, para na ring si Jesus ang humihingi sa Ama para sa atin.

Gaya ng nakikita mo sa mga naturang Salita ni Jesus, makakalapit tayo sa ating Ama na nasa Langit nang may buong pagtitiwala sa Pangalan ni Jesus, at sasagutin ng Diyos ang ating mga panalangin. Kapag humihingi ka sa Pangalan ni Jesus, asahan mong tatanggapin mo ang iyong hinihingi at higit pa roon. Alalahanin mo kung sino ang hinihingan mo ng tulong, walang iba kundi ang Lumikha ng buong Sansinukob, na Siyang Lumikha ng lahat ng bagay na iyong nakikita mula sa wala. Nagsalita Siya at nangyari nga!

Nasusulat, **"Sa Diyos na makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin."**

Hindi mo na kailangan pang mag-alala o mabalisa sa anumang bagay. Nasusulat, **"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus."** Sa tuwing nagkukulang ka sa kapayapaan ng Diyos, manalangin ka at ipagkatiwala mo lahat sa Panginoon ang iyong mga kabalisahan. Pasalamatan mo Siya habang sinasabi mo ang iyong mga kahilingan, at mapapasaiyo ang Kanyang kapayapaan.

Darating ang mga panahon sa iyong buhay-Cristiano na hindi mo alam kung ano ang iyong gagawin at kailangan mo ng karunungang mula sa Diyos. Nasusulat, **"Ngunit kung kulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan; sapagkat ang Diyos ay saganang magbigay at di nanunumbat. Subalit ang humihingi'y dapat manalig at huwag mag-alinlangan; sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan. Huwag umasang tatanggap**

ng anuman mula sa Panginoon ang taong pabagu-bago ang isip at di alam kung ano ang talagang ibig." Kahit kailan ay maaari kang humingi ng karunungan sa Diyos, subalit dapat mong asahan na sasagot Siya sa karunungang kailangan mo.

Ang panalangin ang iyong koneksyon ng buhay sa Diyos. Sinasabi ng Biblia, **"Huwag kayong magsasawa sa pananalangin. Gawin ninyo itong mataimtim at may pasasalamat." "Ang mata ng Panginoo'y nakatuon sa matuwid, Panalangin nila'y malugod na agad dinirinig."** Sanayin mo ang iyong sarili na manalangin araw-araw, kahit maraming beses sa isang araw. Humanap ka ng isang tahimik na lugar na maaari mong pag-ukulan ng panahon kapiling ang Panginoon sa bawat araw.

Inilalahad ng mga sumusunod na talata mula sa Salita ng Diyos ang panahon ni Jesus para sa panalangin.

Pagkaalis ng mga ito, umahon siya sa burol upang manalangin. Nag-iisa siyang inabot doon ng gabi.

Madaling-araw pa'y bumangon na si Jesus at nagtungo sa isang ilang na pook at nanalangin.

Nang panahong iyon, umahon si Jesus sa isang burol at magdamag doong nanalangin.

At si Jesus ay laging nagpupunta sa ilang na pook at nananalangin.

Ginawa ni Jesu-Cristo na pangunahin sa Kanyang buhay ang mapag-isa na kapiling ang Diyos sa panalangin, at dapat din natin gawin iyon upang mapanatili ang ating relasyon sa Kanya.

Ngayon di'y magpasalamat tayo sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Nais kong purihin at pasalamatan Ka sa Iyong pagiging Ikaw. Ikaw ay kahanga-hanga at lubhang dakila. Namamangha ako sa Iyong Kabutihan at Kaluwalhatian. Nagpapasalamat ako sa Iyo na pinayagan Mo akong makalapit sa Iyo sa pamamagitan ng panalangin sa Pangalan ni Jesu-Cristo. Pinupuri kita sa pagpapahayag Mo ng Iyong pag-ibig sa akin, na Iyong anak.

Salamat sa pag-anyaya Mo sa akin sa Iyong Salita na may lakas loob akong lumapit sa Iyong trono ng biyaya, upang ako'y makatagpo ng awa sa oras ng aking pangangailangan. Salamat, Panginoon, na lagi Kang handang makinig at sumagot sa aking mga panalangin. Salamat po na maaari kitang lapitan nang may pagtitiwala kapag dumudulog ako sa Iyo sa Pangalan ni Jesus.

Salamat, Panginoon, na gustung-gusto Mong magbigay ng mababuting kaloob sa Iyong mga anak, at nalalaman Mo ang kailangan ko bago pa man

ako humingi. Salamat at ipinaalam Mo sa akin ang kalooban Mo sa pamamagitan ng Iyong Salita upang ako'y laging makapanalangin ayon sa Iyong kalooban, dahil dito'y lagi akong makakaasa na ako'y Iyong sasagutin.

Nagpapasalamat ako na kalooban Mo na mangyari sa akin dito sa lupa kung paano riyan sa Langit. Hinihiling ko ngayon, Ama na nasa Langit, na ang Iyong Kaharian ay dumating at mamahala at maghari sa aking buhay ngayon. Salamat sa pagpapatawad Mo sa aking mga kasalanan, at napagpasyahan kong ako'y magpapatawad sa mga nagkakasala sa akin.

Hinihiling ko na ipagkaloob Mo sa akin ang lahat ng aking mga pangangailangan ngayon ayon sa Iyong kayamanan sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Hinihiling kong mabuhay sa kalusugan at kasaganaang buhat sa Iyo ayon sa Iyong Salita, kung paanong sumasagana rin ang aking kaluluwa. Salamat po na ako'y masagana Mong tinustusan, at Ikaw para sa akin ay higit pa sa sapat, at hindi ko kailangang mag-alala para sa anuman.

Salamat sa Iyong kapayapaan na di masukat ng pagka-unawa at siyang nag-iingat sa aking puso at pag-iisip kay Cristo Jesus ngayon. Salamat po na ang kasalanan, karamdaman, at kasalatan ay walang kapangyarihan sa akin, at ako ngayo'y higit pa sa matagumpay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na aking Panginoon, Tagapagligtas, at Manggagamot.

Hinihiling ko sa Iyo ngayon na bigyan Mo ako ng lahat ng karunungang kailangan ko sa araw na ito upang mamuhay akong may pananampalataya at pag-ibig para sa Iyong Kaluwalhatian at Karangalan. Salamat sa Espiritu Santo na papatnubay sa akin ngayon sa buong katotohanan. Turuan Mo akong mamuhay nang kalugod-lugod sa Iyo upang ako'y palaging maging katulad sa Iyong inaasahan sa akin, at upang lagi kong magampanan ang Iyong kalooban. Salamat po sa pakikinig Mo sa aking mga panalangin.

Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin,

Amen!

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Buhay sa Espiritu

Kabanatang Anim

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Buhay sa Espiritu! Napakalaki na ng ginawa ng Espiritu Santo sa iyong buhay nang tanggapin mo si Jesus bilang iyong sariling Tagapagligtas at Panginoon!

Naliwanagan ka sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, at ipinanganak kang muli sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nanininirahan Siya sa iyo ngayon at nais Niyang patnubayan at pangunahan ka sa lahat ng bagay sa iyong buhay.

Nagawa mong tumaas nang higit sa iyong mga likas na kakayahan at pag-unawa sa buhay sapagkat naninirahan na sa iyo ngayon ang Espiritu Santo.

Ibinangon ka na at muling binuhay kay Cristo, at walang hanggan ang maaari mong gawin.

Maaari ka na ngayong akayin at patnubayan ng Espiritu Santo sa bawat bahagi ng iyong buhay sa mga paraang hindi mo man lang pinangarap. Pinatotohanan ng Espiritu ng Diyos kasama ng iyong espiritu na ikaw ay Kanyang Anak, at ngayo'y maaari ka nang pangunahan ng Kanyang Espiritu sa lahat ng gagawin mo, habang nakikiisa ka sa Kanya at sumusunod sa Kanyang pamumuno.

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Buhay sa Espiritu...

Sa pagkaalam ni Jesu-Cristo na malapit na Niyang ialay ang Kanyang buhay para sa sangkatauhan at babalik na Siya sa Kanyang Ama sa Langit, sinabi Niya ang mga salitang ito sa mga nakasama Niya at sumampalataya sa Kanya:

"Dadalangin ako sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman. Ito'y ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat hindi siya nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y sumasainyo at nananahan sa inyo. "Hindi ko kayo iiwang nangungulila; babalik ako sa inyo.

Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito samantalang kasama pa ninyo ako. Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo. Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot."

Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu ng Katotohanan, ang paparito mula sa Ama. Susuguin ko siya sa inyo buhat sa Ama, at siya ang magpapatotoo tungkol sa akin. At magpapatotoo rin kayo tungkol sa akin, sapagkat sa pasimula pa'y kasama ko na kayo.

At ngayong sabihin ko sa inyo, natigib kayo ng kalungkutan. Ngunit dapat ninyong malaman ang katotohanan: ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito sa inyo ang Patnubay kung hindi ako aalis. Ngunit kung umalis ako, susuguin ko siya sa inyo. Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tutulungan niya kayo upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan. Sapagkat magsasalita siya hindi sa ganang kanyang sarili; sasabihin niya sa inyo ang kanyang narinig, at ipapahayag ang mga bagay na darating.

Pararangalan niya ako, sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo. Ang lahat ng sa Ama ay akin; kaya ko sinabing sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo."

Si Jesu-Cristo sa Kanyang katawang-lupa ay araw-araw na nakasama ng Kanyang mga alagad nang mahigit na tatlong taon. Sila'y natuto mula sa Kanya mismo, at ibinigay Niya ang lahat nilang pangangailangan. Kaya, nais Niyang aliwin sila, palakasin ang loob at bigyan ng katiyakan na pagbalik Niya sa Kanyang Ama sa Langit, makakasama pa rin nila ang Diyos, kung paanong Siya'y nakasama nila.

Itinuturo ng Biblia, ng Salita ng Diyos, na mayroong Iisang Tunay na Diyos, na ipinahayag sa Tatlong Persona, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo.

Mahalaga na makilala natin ang bawat Persona ng Pagka-Diyos at magkaroon tayo ng tamang relasyon sa bawat isa ayon sa itinuturo ng Salita sa atin.

Ang iyong unang pakikipagtagpo sa Espiritu Santo ay nang simulan Niyang ipakita sa iyo na kailangan mong magkaroon ng relasyon sa iyong Lumikha. Binuksan Niya ang iyong mga mata sa mga espirituwal na bagay, at binuhay ka Niya noong patay ka pa dahil sa iyong mga kasalanan. Ipinahayag Niya sa iyo si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas, ang tanging daan pabalik sa Diyos.

Ipinanganak kang Muli, o ipinanganak ka ng Espiritu, noong nanalangin ka upang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Nagmana ka ng isang maka-Diyos o espirituwal na kalikasan mula sa Diyos, at nakapagpasimula kang makipag-ugnayan sa Kanya. Buháy ka na ngayon sa espirituwal na Katotohanan at sa isang bagong-bagong larangan ng buhay.

Itong bago at di-nakikitang Kaharian ay espirituwal at Makalangit, hindi pisikal at makalupa, at ipinapahayag lamang ng Espiritu Santo sa mga ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. Sa isang pagkakataon, nang nakikipag-usap si Jesus sa isang napakarelihiyosong tao, ay sinabi Niya,

“Sinasabi ko sa inyo: maliban na ipanganak na muli ang isang tao, hindi siya paghaharian ng Diyos.” “Paano pong maipanganganak na muli ang isang tao kung matanda na siya? Makapapasok pa ba siya sa tiyan ng kanyang ina para ipanganak uli?” tanong ni Nicodemo.

“Sinasabi ko sa inyo,” ani Jesus, “maliban na ang tao’y ipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi siya paghaharian ng Diyos. Ang ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu. Huwag kayong magtaka sa sinabi ko sa inyo, ‘Lahat ay kailangang ipanganak na muli.’

Umiihip ang hangin kung saan ibig at naririnig ninyo ang ugong nito, ngunit hindi ninyo alam kung saan nanggagaling at kung saan naparoroon. Gayon din ang bawat ipinanganak sa Espiritu.”

Hanggang ngayon, ang daigdig ay puno ng mga relihiyosong tao na hindi nakakaunawa ng espirituwal na Katotohanan. Hindi sila makakakita o makakapasok sa Kaharian ng Diyos. Lahat ng kanilang gawaing pangrelihiyon, mga tradisyon at mababuting gawa ay walang kabuluhan. Kailangang maipanganak sila ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap nila kay Jesu-Cristo bilang kanilang sariling Tagapagligtas at Panginoon.

Palagi mong tandaan ang sinabi ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili:

“Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.” Si Jesu-Cristo lamang ang daan patungo sa Diyos!

Hindi ka mauunawaan ng mga relihiyosong tao pati ang iyong bagong buhay at uri ng pamumuhay, at wala kang ibang maaasahang kaibahan. Sinasabi ng Biblia:

Sapagkat ang taong di nagtataglay ng Espiritu ay ayaw tumanggap ng mga kaloob mula sa Espiritu ng Diyos. Para sa kanila, kahangalan ang mga iyon at di nila nauunawaan, sapagkat ang mga bagay na espirituwal ay mauunawaan lamang sa paraang espirituwal. Nauunawaan ng taong nagtataglay ng Espiritu ang kahalagahan ng bawat bagay, ngunit walang nakauunawa sa kanya. Ganito ang nasasaad sa Kasulatan, "Sino ang nakaaalam ng pag-iisip ng Panginoon? Sino ang makapagpapayo sa kanya?" Ngunit ang pag-iisip ni Cristo'y taglay natin.

Kaya huwag mong asahan ang sinumang hindi pa ipinanganak ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesu-Cristo sa kanilang buhay bilang kanilang sariling Tagapagligtas at Panginoon, na mag-isip nang kagaya mo o magbigay pansin sa mga mahahalagang bagay para sa iyo, o kumilos nang katulad mo. Ang iyong buong pamumuhay at pag-iisip ay maaaring kalokohan para sa kanila.

Huwag kang magpasakop sa takbo ng kanilang pag-iisip, at sa kanilang uri ng pamumuhay, at paghatol sa mga bagay-bagay. Taglay mo na ngayon ang pag-iisip ni Cristo, at ang Espiritu Santo ay tutulong at magtuturo sa iyo ng lahat ng bagay na kailangan mong malaman upang mabuhay ka ayon sa mga tuntunin ng Kaharian ng Diyos.

Gaya ng sinabi ni Jesus, **"tutulungan niya (ng Espiritu Santo) kayo upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan."** Nasusulat din, **"Walang nakaaalam sa iniisip ng isang tao maliban sa kanyang sariling espiritu. Gayon din naman, walang nakaaalam sa mga iniisip ng Diyos maliban sa Espiritu ng Diyos."** At **"Hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu ng Diyos ang tinanggap natin upang ating maunawaan ang mga kaloob niya sa atin."**

Itinuturo ng Salita ng Diyos sa mga mananampalataya na magtiwala sa Espiritu Santo na magtuturo sa kanila ng Katotohanan, at hindi sa mga tao. **"Ang isinulat ko sa inyo ay tungkol sa mga nagnanasang magligaw sa inyo. Ang Espiritu'y ipinagkaloob na ni Cristo sa inyo. At habang siya'y nananatili sa inyo, hindi na kailangang turuan kayo ninuman. Ang Espiritu ang nagtuturo sa inyo sa lahat ng bagay, at totoo ang itinuturo niya—hindi kasinungalingan. At tulad ng itinuro ng Espiritu, manatili kayo kay Cristo."**

Ang Espiritu Santo ay palaging magtuturo sa iyo ng Katotohanan at kung paano makikilala ang Katotohanan sa mga kasinungalingan ng ating kaaway na si Satanas. Kailangang magtiwala ka sa Espiritu ng Diyos at hindi sa sarili mong pang-unawa o ng iba na walang Espiritu ng Diyos.

Ang Espiritu Santo ang pumatnubay upang maisulat ang Salita ng Diyos, ang Biblia, at alam Niya ang mga iniisip ng Diyos. Palagi Niyang papatnubayan ang ating mga pag-iisip sa Katotohanan habang kinikilala natin Siya at lubos na ipinagkakatiwala sa Kanya ang pamumuno at pagpatnubay sa bawat bahagi ng ating buhay, sa parehong paraan na ipinagkatiwala natin kay Jesu-Cristo ang ating Walang Hanggang Patutunguhan.

Dapat nating pagsikapan sa araw-araw na mabuo ang ating relasyon sa Espiritu Santo, hindi sa intelektuwal, emosyonal, o pisikal na pamamaraan, kundi sa paraang ang ating espiritu ay nakikipag-ugnayan sa Espiritu ng Diyos habang ating binabasa, pinag-aaralan, at pinagbubulay-bulayan ang Salita ng Diyos, ang Biblia. Ang Kanyang Salita ay dapat maging kalakip at kabahagi ng ating relasyon sa Espiritu Santo.

Alalahanin mong ang iyong kaaway na si Satanas ay isang mandaraya, at siya'y palaging nagkukunwari. Ginagawa niyang parang Katotohanan ang kanyang mga kasinungalingan, at ang tanging paraan upang makilala ang kasinungalingan ay ang pagkilala sa Katotohanan. Kapag alam natin ang Salita ng Diyos, ang Katotohanang kinasihan ng Espiritu Santo, makikilala natin ang mga kasinungalingan ng diyablo sa pamamagitan ng paghahambing natin ng mga ito sa Katotohanan.

Kaya, mahalaga ang Salita ng Diyos upang malaman natin kapag nagsasalita ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Kinukuha ng Espiritu Santo ang nagmumula kay Cristo at ipinaaalam sa atin, at ang lahat ng sa Ama ay kay Jesus. Kapag nakikipag-usap ang Espiritu Santo sa ating mga espiritu, sinasabi Niya ang iniisip ng Diyos, na lubusang naaayon sa Kanyang Salita, ang Biblia. Ang Kanyang nakasulat na Salita at ang Kanyang binigkas na Salita ay Iisa.

Kung sa palagay natin tayo ay pinapatnubayan ng Espiritu Santo sa isang bagay na salungat sa nakasulat na Salita, alam nating hindi iyon sa Diyos. Malamang na iyon ay ang diyablo na nagnanais na linlangin tayo, o kaya'y ang ating natural na talino, ang ating damdamin, o kaya'y ang ating mga likas na pagnanasa na nagnanais na sila ang masunod.

Nasusulat, **"Sapagkat ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao."**

Ang Salita ng Diyos ang ating tagapag-ingat sa bawat sitwasyon. **Iyon ang ilawan sa ating paa at tanglaw sa ating landas.** Palaging ipapahayag at patutunayan ng Salita ng Diyos ang Kanyang Pag-iisip sa atin, at ang Kanyang mabuti, kaaya-aya at perpektong kalooban para sa ating buhay. Mapaghihi-

walay ng Kanyang Salita ang espirituwal at ang likas sa ating puso, pag-iisip, damdamin, at pagnanasa.

Gayunman, upang matanggap nating ang pagpatnubay ng Diyos at ang pag-akay ng Espiritu Santo sa ating buhay sa bawat araw, kailangang lubos nating isuko ang ating kalooban sa Kanya. Dapat nating gustuhin kung ano ang gusto ng Diyos para sa ating buhay. Dapat nating naisin para sa ating sarili ang ninanais ng Diyos para sa atin, at sa parehong kadahilanan na ninanais iyon ng Diyos para sa atin. Kung gayon, maaaring makipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa atin at isagawa sa atin ang mabuti, perpekto at kaaya-ayang kalooban ng Diyos para sa atin.

Wala nang mas kapanapanabik at kasiyasiya pa kaysa sa buhay na inihanda ng Diyos para sa atin. Ang mamuhay ng may lubos na pagkakaisa sa iyong Lumikha at Manunubos ang pinakamapayapa at masayang karanasan na maaaring mangyari sa iyo, at ito ang nais ng Diyos para sa iyo. Habang sumusunod ka sa pag-akay ng Espiritu Santo, sa bawat saglit, mararamdaman mo ang presensiya at kapayapaan ng Diyos sa iyong buhay, gayundin ang Kanyang pagiging Ama.

Nasusulat, **"Sapagkat ang mga namumuhay ayon sa hilig ng laman ay nahuhumaling sa mga bagay na ukol sa laman, ngunit ang namumuhay sa patnubay ng Espiritu ay nagsisikap ukol sa mga bagay na espirituwal. Ang pagkahumaling sa mga bagay ukol sa laman ay magbubulid sa kamatayan, ngunit ang pagsisikap sa mga bagay ukol sa espiritu ay magbubunga ng buhay at kapayapaan."** At **"Ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos."**

Dapat nating itutok ang ating mga pag-iisip sa ninanais ng Espiritu at hayaang nating ang Espiritu Santo ang mangibabaw at pumigil ng ating mga pag-iisip. Kung gayo'y maaari tayong pangunahan ng Espiritu Santo sa lahat ng bagay. Hindi natin maaaring diktahan ang Diyos kung ano ang dapat Niyang naisin para sa ating buhay. Dapat nating alisin ang ating mga napagpasyahan nang mga plano at kaisipan, at isuko natin ang ating kagustuhan sa Kanyang kagustuhan.

Kasunod, dapat tayong maging handa sa pagsunod. Hindi tayo bibigyan ng Diyos ng patnubay at liwanag kung hindi naman natin ito gustong sundin. Daragdagan lamang nito ang ating pagsuway sa Diyos kung ganoon ang gagawin natin. Kailangang totoo ang ating hangarin na malaman ang kalooban ng Diyos upang tayo'y makasunod, anuman ang Kanyang kalooban.

Kung tayo'y mapili sa ating pagsunod sa ipinahayag na kalooban ng Diyos, mahahadlangan natin o kaya'y mapapawalang-saysay ang ating kakayahang marinig ang Kanyang tinig at maramdaman ang pagpatnubay ng Espiritu Santo. Para sa ikabubuti natin at para sa kaluwalhatian ng Diyos, dapat tayong maging handa sa pagsunod sa pag-akay at pagpatnubay ng Espiritu

Santo sa lahat ng sitwasyon. Sa paggawa natin nito, sinasabi natin sa pamamagitan ng ating mga kilos na buong-buo at walang pag-aalinlangang nagtitiwala tayo sa ating Ama na nasa Langit.

Bukod dito, dapat tayong magtiwala sa Patnubay ng Espiritu Santo. Dapat tayong maniwala na Siya'y kasama natin at pumapatnubay sa atin. Buong puso tayong manalig sa Kanya at umasa sa Kanya at magtiwalang magiging tapat Siya sa atin. Ganito ang sabi ng Biblia:

"Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan,
At huwag kang mananangan sa sariling karunungan.
Siya ay sangguniin sa lahat mong mga balak,
At kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong lakad."

Nasusulat din,

"Ngunit maligaya ang taong nananalig kay Yahweh,
pagpapalain ang umaasa sa kanya.
Ang katulad niya'y halamang nakatanim sa tabi ng batisan,
ang mga ugat ay patungo sa tubig;
hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init,
sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito,
kahit di umulan ay wala itong aalalahanin;
patuloy pa rin itong mamumunga."

Hindi natin dapat ikabahala kung tayo'y aakayin ng Espiritu Santo sa direksyong hindi makakabuti sa atin. Tanging ang para sa ikabubuti lamang natin ang Kanyang iniisip. Alam Niya ang isip ng Diyos at alam Niya ang dulo mula sa simula, at kailanma'y hindi Siya nagkakamali. Pag-aralan mong magtiwala sa Kanya nang lubusan. Hindi kaagad-agad nakakamtan ang ganitong pagtitiwala at pananalig. Sa pagpapaulit-ulit ay natututo tayo. Nauunawaan iyon ng Diyos at Siya'y matiyaga sa atin.

Maaaring madapa tayo paminsan-minsan sa ating paglakad kasama ng Panginoon, ngunit hindi Niya tayo hahayaang mabuwal, lalong-lalo na kapag alam Niyang nais nating malaman ang Kanyang kalooban at mga paraan, at nais nating sumunod sa Kanya at magdala ng kaluwalhatian sa Kanyang Pangalan. Tutulungan tayo ng Diyos na matuto mula sa ating mga pagkakamali upang makilala natin ang Kanyang Tinig at ang Kanyang pagpatnubay sa mga darating na sitwasyon.

Nagsisimula tayo bilang mga sanggol sa ating espirituwal na buhay, tulad sa ating pisikal na buhay. Kailangan ng ilang panahon upang matutong gumapang, pagkatapos ay tumayo, at pagkatapos ay lumakad. Sa ganoon ding paraan, ang paglakad sa Espiritu ay kailangan din ng ilang panahon upang matutuhan at maisagawa nang palagian.

Ang paglakad sa Espiritu ang paraan ng pamumuhay na kalugod-lugod sa Diyos. Bilang Kanyang mga anak, nais nating mamuhay sa paraang magdadala ng kaluwalhatian sa ating Ama na nasa Langit at nagpapahayag ng buhay ni Jesu-Cristo sa iba. Naisasagawa ito sa bawat saglit sa pamamagitan ng paglakad sa Espiritu.

Sinasabi ng Biblia, **"Ito ang sinasabi ko sa inyo: ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at huwag ninyong susundin ang pita ng laman." "Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya. Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos."**

Hindi na tayo namumuhay tulad ng pamumuhay natin noong tayo'y nasa pang-aalipin pa ng kasalanan at ng diyablo. Nasusulat, **"Pinalaya tayo ni Cristo upang manatiling malaya. Magpakatatag nga kayo, at huwag nang paaalipin uli!"**

Tayo noon ay mga alipin ng kasalanan, ngunit tayo ngayo'y malaya nang mabuhay sa paraang nais ng Diyos para sa atin. Makakapamuhay tayo ngayon nang tulad sa pamumuhay ni Jesus, at tutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman kung paano tayo mamumuhay nang tulad Niya, at bibigyan Niya tayo ng kapangyarihan at kakayahang mamuhay nang tulad ng kay Jesus.

Sinasabi ng Biblia, **"At pinatay na ng mga nakipag-isa kay Cristo Jesus ang likas nilang pagkatao, kasama ang masasamang pita nito. Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay sa atin kaya ito rin ang dapat maghari sa ating mga buhay."** Hindi na tayo nabubuhay ayon sa mga pagnanasa ng ating makasalanang pagkatao. Ipapahayag din ng Espiritu Santo sa atin ang buhay ni Jesus habang tayo'y humahakbang na kasama Niya.

Ang paglakad at paghakbang na kasama ng Espiritu ay mga desisyong ginagawa natin sa bawat saglit. Laging sinisikap ng Espiritu Santo na maisabuhay ang buhay ni Jesus sa pamamagitan natin. Ang buhay ni Jesus ay isang buhay ng pag-ibig. Ang Diyos ay pag-ibig, at wala nang iba pang salita na mas makapagsasalarawan ng buhay ni Jesu-Cristo liban sa salitang pag-ibig.

Tulad ng Anak ng Tao na naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay upang matubos ang marami. Sa gayon ding paraan, dapat nating isabuhay ang buhay-pag-ibig ng Diyos habang pinapatnubayan tayo at binibigyan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang buod ng buong kautusan ng Diyos ay nasa mga salita ni Jesus: **"Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas, at ibigin mo ang iyong kap-**

wa gaya ng iyong sarili." At **"Gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo."**

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili." Ang Espiritu Santo ay magbubunga ng pag-ibig sa iyong buhay habang ikaw ay nagpapasakop at sumusunod sa Kanya.

"Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi nananaghili, nagmamapuri, o nagmamataas, hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim sa kapwa. Hindi nito ikinatutuwa ang gawang masama, ngunit ikinagagalak ang katotohanan. Ang pag-ibig ay mapagbata, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagtitiyaga hanggang wakas."

Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob na sa atin, kaya ngayo'y nagagawa na nating magmahal nang lubos sa Diyos at sa tao gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili. Sa madaling salita, sumusunod tayo sa Espiritu Santo sa lahat ng bagay, at isinasaalang-alang natin kung ano ang gagawin ni Jesus sa bawat sitwasyon, pagkatapos ay iyon ang ginagawa natin, maging anuman ang gusto ng ating laman o damdamin.

Tungkol sa ibang tao, kung ano ang gusto mong gawin sa iyo ng ibang tao sa ganoon ding sitwasyon, ay iyon ang dapat mong gawin sa iba. Kung paano ang pagtrato mo sa iyong sarili, ganoon din dapat ang pagtrato mo sa iba.

Hindi mo na kailangang gawing pangunahin ang iyong sarili sapagkat ginawa ka nang kumpleto ni Cristo at Kanyang pinunan ang kakulangan sa iyong buhay. Maaari mo na ngayong ilagay ang Diyos na pangunahin sa lahat ng bagay, at ang ibang tao na una kaysa iyong sarili. Basahin mo, pagbulay-bulayan, at sundin ang mga sumusunod na bahagi ng Salita ng Diyos:

Nagbibigay ba sa inyo ng kasiglahan ang buhay na nakaugnay kay Cristo? Naaaliw ba kayo ng kanyang pag-ibig? May pagkakaisa ba kayo sa Espiritu Santo? Kayo ba'y may nadaramang hangarin na tumulong sa iba? Kung gayon, lubusin ninyo ang aking kagalakan—maghari sa inyo ang pagkakasundo, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig at maging isa kayo sa puso't diwa. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili. Magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus:

Kahit siya ay Diyos, hindi siya nagpumilit na manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip ay kusa niyang binitawan ang karapatan niyang ito, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siyang tulad ng isang karani-

wang tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipapahayag ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama.

Basahin mo at sundin ang mga sumusunod na mga Salita ni Jesus, at ikaw ay pagpapalain:

"Ngunit sinasabi ko sa inyo, mga nakikinig: Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, idalangin ninyo ang mga umaapi sa inyo.

Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag inaagaw ang iyong balabal, ibigay mo pati ang iyong baro. Bigyan mo ang bawat nanghihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian ay huwag mo nang bawiin pa ang mga iyon. Gawin ninyo sa iba ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.

"Kung ang iibigin lamang ninyo ay ang mga umiibig sa inyo, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay umiibig din sa mga umiibig sa kanila. At kung ang gagawan lamang ninyo ng mabuti ang gumagawa sa inyo ng mabuti, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay gumagawa rin nito! Kung ang pahihiramin lamang ninyo ay ang mga taong inaasahan ninyong makababayad sa inyo, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay nagpapahiram din sa mga makasalanan sa pag-asang ang mga ito'y makababayad!

Sa halip, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gawan ninyo sila ng mabuti. Magpahiram kayo, na hindi umaasa ng anumang kabayaran. Sa gayon, malaking gantimpala ang tatamuhin ninyo, at kayo'y magiging mga anak ng Kataas-taasan. Sapagkat siya'y mabuti sa masasama at sa mga hindi marunong tumanaw ng utang na loob. Maging mahabagin kayo gaya ng inyong Ama."

"Huwag kayong humatol, at hindi kayo hahatulan ng Diyos. Huwag kayong magparusa at hindi kayo parurusahan ng Diyos. Magpatawad kayo sa inyong kapwa, at patatawarin kayo ng Diyos. Magbigay kayo, at bibigyan kayo ng Diyos: hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang takalang ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamitin ng Diyos sa inyo."

Palagi tayong papatnubayan at uudyukan ng Espiritu Santo na tularan si Jesus sa ating buhay sa bawat araw at sumunod sa Kanyang mga turo. Sundin mo ang Espiritu Santo, at lalo mong mararamdaman ang Kanyang presensiya at pagpatnubay hanggang sa makabuo ka ng isang tunay at malapit na relasyon sa iyong Ama na nasa Langit, kay Jesus, at sa Espiritu Santo.

Alalahanin mo na ang Espiritu Santo ay Diyos, isang Persona na hindi mo nakikita, subalit higit na totoo kaysa alinmang bagay na iyong nahahawakan o nakikita. Hindi Niya ipipilit ang sarili Niya sa iyo. Dapat mong pakiramdaman ang Kanyang presensiya sa iyong buhay at hayaang mong ipakilala Niya sa iyo si Jesus.

Kung paano ka namumuhay bilang anak ng Diyos ay napakahalaga. Ang sumusunod na bahagi ng Salita ng Diyos ay magbibigay sa iyo ng gabay at tulong upang hindi mo pighatiin ang Espiritu Santo:

Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makaririnig.

At huwag ninyong dulutan ng pighati ang Espiritu Santo, sapagkat ito ang tatak ng Diyos sa inyo, ang katibayan ng inyong katubusan pagdating ng takdang araw. Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya. Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos.

Kayo'y mga hinirang ng Diyos, kaya't hindi dapat mabanggit man lamang sa inyong usapan ang anumang uri ng pakikiapid, karumihan o pag-iimbot. Gayon din ang anumang malaswa o walang kabuluhang usapan at pagbibirong di nararapat. Sa halip, magpasalamat kayo sa Diyos.

Alam ninyo na walang bahagi sa kaharian ni Cristo at ng Diyos ang taong mapakiapid, mahalay, o mapag-imbot (sapagkat ang pag-iimbot ay pagsamba sa diyus-diyusan). Huwag kayong padaya kaninuman sa pamamagitan ng mga pangangatwirang walang kabuluhan, sapagkat dahil sa mga gawang iyon, ang Diyos ay napopoot sa mga suwail. Kaya't huwag kayong makikisangkot sa kanila.

Dati, nasa kadiliman kayo, ngunit ngayo'y nasa liwanag sapagkat kayo'y sa Panginoon. Mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga taong na-

liwanagan (sapagkat ang ibinubunga ng pamumuhay sa liwanag ay pawang mabuti, matuwid at totoo). Pag-aralan ninyo kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon. Huwag kayong makikisama sa mga taong gumagawa ng mga bagay na walang ibinubungang kabutihan—mga bagay na dulot ng kadiliman. Sa halip ay ilantad ninyo sila at ang kanilang mga gawa.

Sa kabanatang ito ay nasimulan mong makilala kung Sino ang Espiritu Santo at kung paano ka makakabuo ng isang malapit na relasyon sa Kanya, nang sa ganoon ay maranasan mo ang Tunay na Kaligayahan. Sa kasunod na kabanata, Matututuhan mo pa ang iba pang bahagi na paglilingkod ng Espiritu Santo sa iyong buhay. Bago ka manalangin, basahin mo muna ang mga sumusunod na salita ni Jesu-Cristo:

"Kaya sinasabi ko sa inyo: Humingi kayo, at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo, at ang pinto'y bubuksan para sa inyo. Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi; nakasusumpong ang bawat humahanap; at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok. Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung humihingi ng isda? Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya'y humihingi ng itlog? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mababuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit! Ibibigay niya ang Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya!"

Ang panalanging ito ay makakatulong sa paglago ng iyong relasyon sa Espiritu Santo:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Nais kitang pasalamatan sapagkat inilapit mo ako sa Iyong sarili sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at dahil sa pagbibigay mo ng kaloob na Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ng aking bagong espirituwal na kapanganakan. Salamat po na ipinangako Mo na Iyong ibibigay ang Espiritu Santo sa sinumang humihingi. Kaya't hinihingi ko ngayon na ang Espiritu Santo ay pumasok sa aking buhay at Siyang pumatnubay, manguna, pumunô at mamahala sa bawat bahagi ng aking buhay; ipahayag si Jesus sa akin, at ipakita sa akin kung paano ako dapat mamuhay para sa Iyo.

Salamat po na lagi Mong tinutupad ang Iyong pangako, at salamat po na ang Espiritu Santo ay nasa aking buhay ngayon, at lalo Niyang ginagawang totoo para sa akin si Jesus. Tulungan mo akong maramdaman ang Espiritu Santo at tulungan mo akong huwag Siyang pighatiin sa anumang paraan. Kinikilala ko ngayon ang Kanyang Presensya sa aking buhay. Nagtitiwala ako sa Iyo, Espiritu Santo, na pangungunahan mo ako at papatnubayan sa buong katotohanan, at ipapahayag mo si Jesus sa akin at sa pamamagitan ng buhay ko sa bawat araw.

Salamat, O Diyos, sa Espiritu ng Katotohanan, at ngayo'y taglay ko ang pag-iisip ni Cristo, kaya't makikilala ko at mahahatulan ang pagkakaiba ng Katotohanan sa kasinungalingan. Salamat, O Diyos, na sa tuwina'y maaari kong subukin ang isang espiritu sa pamamagitan ng Salita ng Diyos upang malaman ko kung Ikaw nga ang umaakay sa akin, o ibang espiritu na nagtatangkang ako'y linlangin. Nais kong laging malaman ang Iyong kalooban at gawin ito.

Salamat po, Ama, na ang Iyong pag-ibig ay ibinuhos sa aking puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at ngayo'y makakapamuhay ako na may pag-ibig sa Iyo, at sa aking kapuwa. Alam kong ako'y kumpleto kay Jesus, kaya't maaari kitang gawing pangunahing at ang iba kaysa sarili ko.

Pinili kong isuko ang aking sarili sa Espiritu Santo at ninanais kong makita ang bunga ng Espiritu sa aking buhay, upang Ikaw ay luwalhatiin sa akin at sa pamamagitan ko, nang ang iba ay makinabang mula sa aking buhay.

Nais kong gamitin Mo ang aking buhay, Panginoon, at nagtitiwala akong palalakasin Mo ako at babaguhin sa paraang kinakailangan upang ako'y maging kapakipakinabang sa Iyo. Mahal kita, O Diyos, at ako'y nagpapasalamat na ako ay sa Iyo!

Sa pangalan ni Jesus ito ang aking dalangin,

Amen!

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pagiging Katuwang ng Diyos

Kabanatang Pito

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pagiging Katuwang ng Diyos! Ang pamumuhay bilang katuwang ng ating Lumikha ay may pinakamaraming hatid na gantimpala sa mga karanasan natin sa buhay. Dito natin naaabot ang lahat na maaari nating abutin at natutupad ang pinakamarangal na layunin bilang mga anak ng Diyos.

Walang ibang karanasan sa buong buhay natin ang maaaring ihambing sa mga panahong namuhay tayo sa pagiging katuwang ng Diyos. Ang ating pang-araw-araw na pakikiisa sa Diyos upang matupad ang Kanyang mga plano at layunin para sa ating buhay at sa buhay ng ating kapuwa na nakakasalamuha natin, ay nagdudulot sa atin ng pinakamalalim na kagalakan at Tunay na Kaligayahan.

Ang pamumuhay sa labas ng relasyon at pakikipagkaisa sa Diyos ay siyang dahilan kung bakit naging walang kabuluhan at walang kahulugan ang iyong buhay, ngunit nang tanggapin mo si Jesus at Ipinanganak kang Muli, naging katuwang mo sa gawain ang Diyos. Handa ka na sa mahimalang pamumuhay, at kaagapay Siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang mga alagad ay humayo at nangaral sa lahat ng dako, at kasama nilang gumagawa ang Panginoon at pinatutunayan ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng mga himalang kalakip, at ngayo'y nais Niyang makasama ka sa trabaho.

Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pagiging Katuwang ng Diyos…

Sa nakaraang kabanata, tinalakay natin ang ilan sa mga gawain sa paglilingkod ng Espiritu Santo sa iyong buhay, lalong-lalo na ang may kinalaman sa iyong pamumuhay na may tagumpay sa sanlibutan, sa laman, sa diyablo, at sa patnubay ng Espiritu Santo sa bawat saglit ng iyong buhay. Dadako naman tayo sa isang maituturing na pinakamahalagang bahagi ng iyong buhay Cristiano: ang pamumuhay bilang katuwang ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ganito talaga dapat ang buhay sa pagitan ng Diyos at ng tao: ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng tao upang maisagawa ang Kanyang mga panukala sa daigdig. Alalahanin mo sa Kabanatang Isa:

"Napakaganda at pinagpala ang buhay nina Adan at Eva habang pareho silang naghaharing kasama ng kanilang Lumikha. Binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihan at pamamahala sa lahat ng mga nilikhang nabubuhay sa lupa at sila'y sinabihang maging mabunga, magpakarami, punuin ang lupa at supilin ito. Inatasan sila ng Diyos na mamahala sa lahat ng bagay maging hanggang sa pagbibigay ng mga pangalan sa mga hayop."

Tayo ngayo'y tinawag para gampanan ang higit na dakilang layunin bilang mga anak ng Diyos. Yamang tinubos tayo ni Jesus sa pagkamatay Niya alang-alang sa atin at binili Niya tayo ng Kanyang Napakahalagang Dugo, hindi na natin pag-aari ang ating mga sarili kundi ibinukod na tayo para sa dakila at banal na layunin na tulungan ang iba na makilala rin si Jesus.

Ginagawa natin ito kung hinahayaan nating makapamuhay ang Diyos sa pamamagitan natin tulad ng Kanyang pamumuhay sa pamamagitan ni Jesus noong narito pa Siya sa lupa. Isang di-pangkaraniwang gawain ang ipakilala ang Diyos sa buong sangkatauhan, at ito'y magagawa lamang sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santong nagtrabaho sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay Siya ring nagnanais magtrabaho sa pamamagitan natin upang maipahayag ang Diyos sa lahat ng tao.

Nang bumalik si Jesus sa Kanyang Ama sa Langit, inatasan Niya ang Kanyang mga tagasunod, at kasama tayo ngayon, na humayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Magandang Balita tungkol sa Kanya sa lahat ng tao upang sila man ay manampalataya, tumanggap sa Kanya, at maligtas, tulad natin.

Sinasabi ng Biblia, **"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon." Ngunit paanong tatawagan ng mga tao ang hindi nila sinasampalatayanan? Paano silang mananampalataya kung wala pa silang napapakinggan tungkol sa kanya? Paano naman silang makakapakinig kung walang nangangaral?"**

Mahalagang bahagi ka sa plano ng Diyos na ipakilala si Jesus sa iba. Nais ng Diyos na ipahayag sa mga taong nakapalibot sa iyo ang Magandang Balita tungkol kay Jesus sa pamamagitan ng pakikipagkaisa Niya sa iyo sa gawain. Ngayong ligtas ka na at nakilala mo na si Jesus, ang layunin mo sa buhay ay

ang ipakilala si Jesu-Cristo sa iba sa pamamagitan ng pagsasabi mo sa kanila tungkol sa Kanya.

Hindi tama na tanggapin mo lahat ang mga pagpapala mula sa Diyos at hindi mo ito ibabahagi sa ibang nakakasalamuha mo. Si Jesu-Cristo ay namatay para sa kasalanan ng lahat. Kaya dapat malaman ng lahat ang Magandang Balitang ito. Hindi mo maaaring hayaang ang sinuman ay mamatay sa kasalanan at pumunta sa Impiyerno magpakailanman, nang hindi nagkaroon ng parehong pagkakataong tanggapin si Jesu-Cristo tulad ng sa iyo.

Ang pinakadakilang gawa ng pag-ibig na maaaring gawin ng isang tao para sa kanyang kapuwa ay ang sabihin sa kanila ang Magandang Balita tungkol kay Jesus Cristo, upang sila man ay sumampalataya, tumanggap, at tumawag sa Pangalan ng Panginoon upang maligtas. Ngunit hindi sila makakatawag kay Jesus kung hindi nila narinig na Siya'y namatay alang-alang sa kanila bilang kabayaran sa lahat nilang mga kasalanan, at Siya lamang ang tangi at iisang daan pabalik sa kanilang Lumikha, ang Diyos.

Ang pangunahing dahilan na iniwan ka ng Diyos dito sa lupa at hindi ka Niya agad dinala sa Langit ay upang maipakilala mo si Jesus sa iba. Ginamit ng Diyos ang isang tao upang dalhin ang Ebanghelyo sa iyo at ngayo'y nais Niyang gamitin ka upang ganoon din ang gawin mo para sa iba na maaabot Niya ng Magandang Balita sa pamamagitan mo.

Pag-aralan natin ang mga sumusunod na bahagi ng Salita ng Diyos, na magpapahayag sa iyo tungkol sa plano ng Diyos na marating ang ibang tao sa pamamagitan mo:

Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya akong kaibigan—di na kaaway—at hinirang niya ako upang panumbalikin sa kanya ang mga tao. Ang ibig kong sabihin, ang tao'y ibinibilang ng Diyos na kanyang kaibigan sa pamamagitan ni Cristo, at nililimot na niya ang kanilang mga kasalanan. At ipinagkatiwala niya sa akin ang balitang ito. Kaya't ako'y sugo ni Cristo; parang ang Diyos na rin ang namamanhik sa inyo sa pamamagitan ko: makipagkasundo kayo sa Diyos. Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.

Nagsisimula ang mga salitang ito sa pagpapaalala sa atin na ikaw ay isa nang bagong nilalang kay Cristo. Lumipas na ang iyong dating pamumuhay. Mayroon ka na ngayong bagong buhay, at ang lahat ng ito'y mula sa Diyos. Pinakipagkasundo ka Niya sa Kanyang sarili. Hindi lamang ibinalik ka ng Diyos sa Kanya, kundi binago ka Niya upang magkaroon ka ng pakikisama sa Kanya at mamuhay ka bilang katuwang Niya.

Hindi lamang pinakipagkasundo ka ng Diyos sa Kanya, kundi binigyan ka pa Niya ng ministeryo ng pakikipagkasundo, kasama naming mga mananampalataya. Ito'y isang paglilingkod na maaari mong gawin para sa iba, sa kapakanan nila, alang-alang kay Jesu-Cristo at sa Kanyang Kaluwalhatian.

Ikaw ngayon ay isa nang sugo ni Cristo, isang kinatawan ng Diyos. Ito ay isang napakalaking pribilehiyo at kapangyarihang ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Ikaw ay isang sugo ng pag-asa, kapayapaan at buhay sa mga napapahamak at namamatay na kaluluwa saan ka man magpunta. Bilang sugo ni Cristo, nasa iyo lahat ang kinakailangan mo upang maisagawa ang ministeryo ng pakikipagkasundo. Maaari kang humayo sa Pangalan ni Jesus, at makakaasa kang magtatrabaho ang Diyos sa pamamagitan mo sa mahimalang paraan upang maipakilala mo si Cristo sa iba. Ang Kanyang Awtoridad ay nasa iyo ngayon.

Hindi lamang ibinigay sa iyo ang ministeryo ng pakikipagkasundo, kundi ipinagkatiwala rin ng Diyos sa iyo ang mensahe ng pakikipagkasundo: **"ang tao'y ibinibilang ng Diyos na kanyang kaibigan sa pamamagitan ni Cristo, at nililimot na niya ang kanilang mga kasalanan."** Ang mensaheng ito ang sinasabi mo sa iba upang marinig din nila ang tungkol sa kabutihan ng Diyos at ang Kanyang kaloob na si Jesu-Cristo na Kanyang Anak, alang-alang sa kanila. Kapag narinig nila ang Magandang Balitang ito ay saka pa lamang nila malalaman na maaari na silang panumbalikin sa kanilang Lumikha.

Alam ng maraming tao ang tungkol sa kanilang mga kasalanan, at sila'y lumalayo sa Diyos dahil doon. Hindi pa nila narinig na pinakipagkasundo na sila ng Diyos sa Kanyang sarili sa pamamagitan ni Cristo at hindi na Niya ipinaparatang ang kanilang mga kasalanan laban sa kanila. Kapag narinig ng mga tao ang kahanga-hangang balitang ito, nanaisin nilang manumbalik sa Diyos at tanggapin ang kanilang nararapat na katayuan bilang Kanyang mga anak.

Ngunit dapat nilang marinig, at pinili ka ng Diyos na sabihin mo sa kanila, ang magandang Balita tungkol kay Jesus na namatay sa Krus alang-alang sa kanila at Siya ang nagdusa para sa kanila upang hindi na sila ang magdusa. Kailangang marinig nila mula sa iyo ang tungkol sa napakahalagang Dugo na ibinuwis ni Jesus bilang kabayaran sa kanilang mga kasalanan, at upang bilhin sila mula sa pamilihan ng pagka-alipin sa kasalanan. Hindi sila maaaring sumampalataya sa Kanya na hindi nila narinig.

Dapat nilang marinig mula sa iyo na, **"ang tao'y ibinibilang ng Diyos na kanyang kaibigan sa pamamagitan ni Cristo, at nililimot na niya ang kanilang mga kasalanan."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo na, **"Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, ngunit wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."**

Dapat nilang marinig mula sa iyo, **"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos. Sila nga'y naging anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan, ni sa pita ng laman o sa kagagawan ng tao. Ang pagiging anak nila ay buhat sa Diyos."**

Tandaan mo na **"Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig; at makakapakinig lamang kung may mangangaral tungkol kay Cristo."** Kaya, kailangang ipahayag mo ang Katotohanan ng Salita ng Diyos sa mga nakakasalamuha mo bawat araw. Kapag narinig nila kung sino si Jesus at kung ano ang Kanyang ginawa para sa kanila, makakatakbo sila patungo sa Diyos at yayakapin ang Kanyang Kaloob na Buhay na Walang Hanggan, sa halip na tatakbong palayo at magtatago sa Kanya dahil sa kanilang mga kasalanan at sa panlilinlang ng diyablo.

Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng tao. Anumang ginawa Niya para sa iyo, nais Niyang gawin para sa iba sa pamamagitan mo. Ang pangunahing dahilan na iniwan ka ng Diyos dito sa lupa, matapos kang iligtas, ay upang hayaan kang makiisa sa Kanya sa pamamahagi ng Magandang Balita tungkol kay Jesus sa mga taong nakakasalamuha mo. **"Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad."**

Nasusulat, **"Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang mahabaging Ama at Diyos na pinagmumulan ng lahat ng kaaliwan. Inaaliw niya tayo sa ating mga kapighatian upang makatulong naman tayo sa mga namimighati, sa pamamagitan ng kaaliwang tinanggap natin sa kanya."**

Ang biyaya, awa, kapayapaan, kaaliwan, at kapatawaran na tinanggap mo mula sa Diyos ay nasa iyo ngayon upang ipasa mo sa iba. Ito ang plano at layunin ng Diyos sa iyong buhay; ipasa mo sa iba ang lahat ng ibinigay ng Diyos sa iyo. Ang Tunay na Kaligayahan ay lalong makikita sa iyong buhay kapag ikaw ay naging kasangkapan upang magdala ng Tunay na Kaligayahan sa iba.

Nang pasimula, **"…at sila'y pinagpala. Wika niya, "Magpakarami kayo at punuin ng inyong mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito."** At sinabi ni Jesu-Cristo, **"Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo'y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo."**

Noon pa ma'y plano na ng Diyos para sa Kanyang mga anak na tumanggap ng Kanyang mga pagpapala at pagkatapos ay ipasa ang mga ito sa iba. Nais ng Diyos na mabuhay Siya sa pamamagitan mo, at gawin sa pamamagitan mo ang ginawa Niya sa pamamagitan ni Jesus. Habang ipinapahayag mo sa iba ang parehong Magandang Balita na pinaniniwalaan mo, sila man ay maaaring sumampalataya, at tanggapin si Jesu-Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Sinabi ni Jesus, **"Sinasabi ko sa inyo: ang nananalig sa akin ay makagagawa ng mga ginagawa ko at higit pa rito, sapagkat pupunta na ako sa Ama. At anumang hilingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay gagawin ko, upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak. Gagawin ko ang anumang hihilingin ninyo sa pangalan ko."**

Sinabi rin ni Jesus, **"Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayon din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin."**

Ang lahat ng kapangyarihan, pag-ibig, at katapangan na kinakailangan natin ay nanggagaling sa Espiritu Santo, habang nananatili tayo kay Cristo at nagtitiwala sa Espiritu Santo na magpapalakas sa atin at isasabuhay sa pamamagitan natin ang buhay ni Jesu-Cristo. Hindi natin magagawa ang mga ginawa ni Jesus sa sarili nating lakas o kapangyarihan. Kung wala Siya ay wala tayong magagawa. Kailangang manatili tayo sa Kanya.

Isa sa mga huling utos na ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod ay ito:

At sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan.

Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika;

Sila'y hindi maaano dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay."

Pagkatapos magsalita sa kanila, ang Panginoong Jesus ay iniakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos. Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihang gumawa ng himala, na ipinagkaloob niya sa kanila.

Kapanapanabik na basahin kung paanong inutusan sila ni Jesus na humayo at mangaral sa lahat ng tao sa lahat ng lugar at kung paanong Siya'y nagtrabahong kasama nila mula sa Langit upang patunayan ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng mga himalang kalakip habang ipinapahayag nila ito. Makikita natin sa mga talata ng Kasulatan na nasa ibaba ang papel ng Espiritu Santo sa lahat ng ito at kung gaano Siya kahalaga sa ikapagtatagumpay natin bilang mga sugo ni Cristo:

"Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbautismo nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo." Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig." Pagkasabi nito, siya'y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap."

Sinunod ng mga unang tagasunod ni Jesu-Cristo ang lahat ng mga ipinagbilin Niya sa kanila. Naghintay sila at nanalangin, at ginawa ng Diyos kung ano

ang ipinangako Niya. Narito ang salaysay ng Salita ng Diyos kung paano ito nangyari:

"Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila.

Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat? Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahang mula sa Roma, maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos."

Ang Magandang Balita tungkol kay Jesus ay ipinahayag ng mga pangkaraniwang tao na binigyan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo upang humayo sa lahat ng tao sa buong mundo. Narito ang salaysay ng Salita ng Diyos kung ano pa ang nangyari sa patuloy nilang pangangaral at pagpapatotoo tungkol kay Jesus:

"Mga Israelita, pakinggan ninyo ito! Si Jesus na taga-Nazaret ay sinugo ng Diyos. Pinatutunayan ito ng mga himala, mga kababalaghan, at mga tandang ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya. Alam ninyo ito sapagkat lahat ay naganap sa gitna ninyo. Ngunit ang taong ito na ibinigay sa inyo ayon sa pasiya at pagkaalam ng Diyos sa mula't mula pa, ay ipinapako ninyo at ipinapatay sa mga makasalanan. Subalit siya'y muling binuhay ng Diyos at pinalaya sa kapangyarihan ng kamatayan. Hindi ito maaaring mamayani sa kanya.

Itong si Jesus ay muling binuhay ng Diyos, at saksi kaming lahat sa bagay na ito. Nang itaas siya sa kanan ng Diyos, tinanggap niya sa kanyang Ama ang ipinangakong Espiritu Santo at ito'y kanyang ipinagkaloob sa amin, tulad ng inyong nakikita at naririnig ngayon. "Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus—siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!"

Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, at tinanong nila si Pedro at ang mga apostol, "Mga kapatid, ano ang gagawin namin?" Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako'y para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo—sa bawat tatawagin ng Panginoong Diyos."

Marami pa siyang inilahad upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, "Lumayo kayo sa masamang lahing ito upang kayo'y maligtas." Kaya't ang mga naniwala sa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon.

Nanatili sila sa itinuro ng mga apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa pagpipira-piraso ng tinapay, at sa pananalangin. Dahil sa maraming himalang nagawa sa pamamagitan ng mga apostol, naghari sa lahat ang magkahalong pitagan at takot. At nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya at para sa lahat ang kanilang ari-arian. Ipinagbibili nila ito at ang pinagbilhan ay ipinamamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa. Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa templo, nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang tahanan, at nagsasalu-salong masaya ang kalooban. Nagpupuri sila sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng tao. Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.

Nabasa natin dito ang salaysay ng Biblia tungkol sa pagsisimula ng Cristianismo. Libo-libong mga tao ang nanampalataya kay Jesus at nabautismuhan at idinagdag sa Iglesya. (Mababasa mo pa ang tungkol sa Bautismo at sa Iglesya sa Apendise ng aklat na ito). Ang buhay ng mga taong ito ay magpakailanmang nabago. Ang mga tanda, kababalaghan, at mga himala ay naganap sa Pangalan ni Jesus, at ang lahat ay namangha. Ginagawa noon ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng mga mananampalataya ang ginawa Niya sa pamamagitan ni Jesus, noong narito pa Siya sa lupa, at ito ay nagpatuloy.

Minsan, ikatlo ng hapon, oras ng pananalangin, nagpunta sina Pedro at Juan sa templo. Sa malapit sa tinatawag na Pintuang Maganda ay may isang lalaking ipinanganak na lumpo. Dinadala siya roon araw-araw upang magpalimos. Nang makita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo, siya'y nanghingi ng limos. Tinitigan siya ng dalawa, at sinabihan ni Pedro, "Tumingin ka sa amin!" Tumingin nga siya sa pagasang siya'y lilimusan. Ngunit sinabi ni Pedro, "Wala akong pilak o ginto, subalit may iba akong ibibigay sa iyo: sa ngalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, lumakad ka."

Hinawakan niya sa kanang kamay ang lumpo at itinindig. Pagdaka'y lumakas ang mga paa at bukung-bukong ng lalaki; ito'y napalukso at nag-

simulang lumakad. Paluksu-lukso siyang pumasok sa templo, kasama nila, at masayang nagpupuri sa Diyos. Nakita ng lahat na siya'y lumalakad at nagpupuri sa Diyos. Nanggilalas sila nang makilala nilang siya ang pulubing dati'y nakaupo sa Pintuang Maganda ng templo. Samantalang nakahawak siya kina Pedro at Juan sa may Portiko ni Solomon, patakbong lumapit sa kanila ang mga taong takang-taka sa nangyari.

Pagkakita ni Pedro sa mga tao, kanyang sinabi, "Mga Israelita, bakit kayo nanggigilalas sa nangyaring ito? Bakit ninyo kami tinitingnan nang ganyan? Akala ba ninyo'y napalakad namin siya sa pamamagitan ng sarili naming kapangyarihan o kaya'y dahil sa aming kabanalan? Ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbigay ng pinakamataas na karangalan sa kanyang Lingkod na si Jesus. Ngunit siya'y ibinigay ninyo sa maykapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya na nitong palayain siya. Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at isang mamamatay-tao ang hiniling ninyong palayain. Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa bagay na ito.

Ang kapangyarihan ng pangalan ni Jesus ang nagpagaling sa lalaking ito; nangyari ito dahil sa pananalig sa kanyang pangalan. Ang pananalig kay Jesus ang lubusang nagpagaling sa kanya, tulad ng inyong nakikita. "At ngayon, mga kapatid, batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa, gayon din ang inyong mga pinuno. Ngunit sa ginawa ninyo'y natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Cristo'y kailangang magbata. Kaya't magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng kaunting panahon ng pamamahinga. At susuguin niya si Jesus, ang Mesias na hinirang niya para sa inyo.

Pagkatapos nito'y pinadakip sina Pedro at Juan ng mga pinuno ng relihiyon ng panahong iyon. **Gayunman, marami sa nakarinig ng kanilang pangangaral ang sumampalataya kay Jesus, at umabot sa 5,000 ang bilang ng mga lalaki..** Patuloy na dumami ang bilang ng mga mananampalataya sa kabila ng pag-uusig at pagsalungat ng mga kaaway.

Kinabukasan, nagkatipon sa Jerusalem ang mga pinuno, ang matatanda ng bayan, at ang mga eskriba. Kasama nila si Anas na pinakapunong saserdote, si Caifas, si Juan, si Alejandro at ang buong angkan ng pinakapunong saserdote. Pinaharap nila ang mga apostol at tinanong, "Sa anong kapangyarihan o kaninong pangalan ninyo ginagawa ang bagay na ito?" Sumagot si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo: "Mga pinuno, at matatanda ng bayan, kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling, talastasin ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito'y nakatindig sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng

pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret. Siya'y inyong ipinako sa krus, ngunit muling binuhay ng Diyos.

Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao." Nagtaka ang mga bumubuo ng Sanedrin sa katapangang ipinakita nina Pedro at Juan, lalo na nang mabatid nilang mga karaniwang tao lamang ang mga ito at hindi nag-aral. Napagkilala nilang sila'y kasamahan ni Jesus noong nabubuhay pa. At nang makita nila ang taong pinagaling, na nakatayo sa tabi ng dalawa, wala silang masabi laban sa kanila.

Sa wakas ay pinalaya rin ng mga pinuno at mga awtoridad ang mga mananampalataya at inutusan silang huwag nang magsalita pa sa Pangalan ni Jesus, subalit bumalik sina Pedro at Juan sa ibang mananampalataya at sama-sama silang nanalangin ng ganito:

"At ngayon, Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan mo ang iyong mga alipin na maipangaral nang buong tapang ang iyong Salita. Iunat mo ang iyong kamay upang magpagaling, at loobin mo na sa pangalan ng iyong banal na Lingkod na si Jesus ay makagawa kami ng mga kababalaghan."

Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang pinagtitipunan nila. Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos. Nagkaisa ang damdami't isipan ng lahat ng sumasampalataya at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat.

Ang mga apostol ay patuloy na gumagawa ng kababalaghan at nagpapatotoo sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ibinuhos ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat. Walang nagdarahop sa kanila, sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang lupa o bahay, at ang pinagbilhan ay ibinibigay sa mga apostol. Ipinamamahagi naman ito ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

Ang Espiritu Santo na nagpahayag sa sanlibutan tungkol sa Diyos at sa Kanyang dakilang kapangyarihan noong si Jesus ay narito pa sa lupa, ay Siya ring gumawa ng parehong mga bagay sa buhay at sa pamamagitan ng mga buhay ng mga mananampalataya pagkatapos na makabalik si Jesus sa Langit.

Nasusulat, **"Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman.** At **"Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Jesu-Cristo, ang Diyos ding iyan ang magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan ng kanyang Espiritung nananahan sa inyo.**. Ang Espiritu

Santo, na naninirahan ngayon sa iyo, ay Siya ring nagnanais na ihayag ang buhay ni Jesu-Cristo sa pamamagitan mo ngayon.

Ang katapangan, pag-ibig, at kapangyarihan ng mga mananampalataya noong mga unang araw ng Cristianismo ay ipinagkaloob ng Espiritu Santo, at maaari tanggapin din natin ngayon upang tayo'y maging mga saksi na tulad ng inaasahan ng Diyos sa harap ng ating henerasyon, sa ating mga pamilya, mga kaibigan, at sa lahat ng ating nakakasalamuha sa bawat araw.

"Ang Tunay na Kaligayahan ay ang Pagiging Katuwang ng Diyos." Tayo'y katuwang Niya at Siya'y katuwang natin habang hinahayaan nating magtrabaho Siya sa atin at sa pamamagitan natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo at habang tayo'y humahayo at nagpapahayag ng Magandang Balita tungkol kay Jesus sa ibang tao. Nagtatrabaho nga Siyang kasama natin, at pinatutunayan ang Kanyang Salita ng mga tandang kalakip.

Habang hinahayaan mong tuparin ng Diyos ang Kanyang mga layunin para sa iyo sa iyong buong buhay, mapupuno ka ng di-maipaliwanag na kagalakan na maghahatid sa iyo ng higit pang Tunay na Kaligayahan kaysa iyong inaakalang mangyayari. Gayunman, ang Tunay na Kaligayahang ito ay hindi mo mapasisimulang Ihambing sa Kaluwalhatiang mararanasan mo pagdating mo sa Langit kapiling si Jesus, at kapag nakita mo na Siya nang mukhaan at sinabi Niya sa Iyo:

'Magaling! Tapat at mabuting alipin! Yamang naging tapat ka sa kaunting halaga, pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!'

Maaaring sinimulan mong basahin ang aklat na ito upang punan lamang ang kakulangan sa iyong buhay, ngunit ngayo'y natuklasan mong ang buhay ay higit pa kaysa iyong pinangarap, at lahat ng ito'y dahil kay Jesus. Huwag mong pakawalan ang pagkakataong ito, at huwag mo nang hahayaang linlangin ka pa ni Satanas.

Panghawakan mo ang bagay na pinanghawakan ng Diyos sa iyo. Gamitin mo ang lahat ng bagay na pinapangyari ng Diyos sa iyo ngayon. Gamitin mo sa sukdulan ang Buhay na Walang Hanggan. Lumapit kayo sa Diyos at lalapit siya sa inyo.

Pagkatapos mong basahin ang apendise, magkakaroon ka ng pagkakataong humingi ng isang libreng kopya ng Salita ng Diyos upang mabasa at mapag-aralan mo ito at humayo ka at gawin ang sinasabi nito, ngunit ngayon pa man ay maaari mo nang simulang sundin at isagawa ang lahat ng iyong Nabasa at natutuhan. Paulit-ulit mong basahin ang aklat na ito at humingi ka pa ng maraming kopya, na walang bayad, upang maipasa mo ang mga ito sa iba na wala pa kay Jesus. Alalahanin mo, **"Tinanggap ninyong walang bayad, ipamigay ninyong walang bayad."**

Narito ang isang panalanging tutulong sa iyo upang mailaan mo ang iyong sarili sa Diyos para sa isang buhay na naglilingkod at nagtatrabaho na katuwang Niya:

Mahal kong Ama na nasa Langit,

Maraming salamat po sa pagbibigay Mo ng Iyong Anak na si Jesus, na namatay alang-alang sa akin upang ako'y makabalik sa Iyo at maging isang anak Mo. Nagpapasalamat ako sa Iyong pag-ibig at sa pagtustos Mo sa aking buhay sa lahat ng paraan. Salamat sa pag-aalaga Mo sa akin at sa masagana Mong pagkakaloob ng lahat ng aking pangangailangan.

Ngunit ngayon, Panginoon, ay nauunawaan ko na ako'y iniligtas Mo hindi lamang para sa aking sarili, kundi upang Ikaw ay mabuhay sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo at upang matanggap din ng iba ang lahat ng ibinigay Mo sa akin.

Alam ko na ang pagiging sugo ni Cristo ay isang napakalaking pribilehiyo, at may kapakumbabaang tinatanggap ko ang panawagan mong ito sa akin ngayon, at nalalaman kong sa pamamagitan lamang ng Iyong kapangyarihan matutupad ko ang pananagutang ito.

Kaya, hinihingi ko sa Iyo ngayon na punuin Mo ako ng Iyong Espiritu Santo, at ibahagi Mo sa akin ang lahat ng kailangan ko mula sa Iyo, upang ako'y maging tulad sa iyong inaasahan sa pagkatawag Mo sa akin. Ngayon di'y binubuksan ko sa Iyo ang aking buhay, O Espiritu Santo, at inanyayahan kitang pumasok sa aking buhay at ako'y Iyong punuin, kontrolin, at palakasin upang si Jesu-Cristo ay luwalhatiin sa akin at sa pamamagitan ng aking buhay, habang ipinapahayag ko Siya sa iba.

Salamat, Jesus, na ako'y binautismuhan mo sa Espiritu Santo gaya ng ipinangako Mo. Ngayon din ay tinatanggap ko ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Iyong Salita, at ako'y naniniwala na ako'y binigyan ng Diyos ng kapangyarihan upang maglingkod sa iba sa pangalan ni Jesus at habang ako'y nagsasabi sa iba ng Magandang Balita tungkol kay Jesus, nagpapatong ng kamay sa may sakit, at nagpapalayas ng mga demonyo sa Pangalan ni Jesus, magtatrabaho Ka na kasama ako, at patutunayan Mo ang Iyong Salita ng mga tandang kalakip.

Naniniwala ako na ang bunga ng Espiritu ay maipapakita sa akin at sa pamamagitan ng aking buhay, habang ako'y lumalakad sa Espiritu at humahakbang na kasama ng Espiritu Santo. Itinatalaga ko ang aking sarili na iibigin ko ang Diyos nang higit sa lahat at ang aking kapuwa na gaya ng aking sarili.

Espiritu Santo, gamitin mo ang aking buhay sa anumang paraan, anumang oras, at saanmang lugar na ninanais Mo. Ipakita Mo ang Iyong mga kaloob at ang buhay ni Jesus sa pamamagitan ng aking buhay, habang sinisikap kong sundin ang Iyong pamumuno at sinisikap kong maging tulad sa lahat ng inaasahan ng Diyos sa akin ayon sa pagkatawag Niya sa akin.

Sa pangalan ni Jesus, AMEN!

Apendise

Sa Apendiseng ito, may ilan pang mga paksa na kailangang talakayin upang makatulong sa iyong pagiging isang mabungang Cristiano at sugo para kay Cristo na tunay na kumakatawan kay Jesus.

Ang unang paksa na ating tatalakayin ay ang Bautismo. Ayon sa Biblia, kapag binabautismuhan ang isang tao, siya'y inilulubog sa tubig sa ilang sandali at muling iniaahon sa tubig. Ginagawa ito bilang pagsunod sa utos ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod:

At sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan."

Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

Ang bautismo ay paraan ng isang bagong Cristiano na ipahayag niya sa madla at pagtibayin ang kanyang pasiya na tanggapin si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon. Ang panlabas na pisikal na aksyong ito ay kumakatawan sa panloob at espirituwal na pangyayaring naganap na sa isang bagong mananampalataya.

Ang mga sumusunod na bahagi ng Kasulatan mula sa Biblia ay nagpapakita na pangkaraniwan nang binabautismuhan ang mga tao pagkatapos na sila'y manampalataya:

Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo." Kaya't ang mga naniwala sa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon.

Ngunit nang ipangaral ni Felipe ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at tungkol kay Jesu-Cristo, sila'y sumampalataya at nagpabautismo—lalaki't babae.

Buhat sa kasulatang ito'y isinalaysay sa kanya ni Felipe ang Mabuting Balita tungkol kay Jesus. Nagpatuloy sila sa paglalakbay, at dumating sa isang lugar na may tubig. "May tubig dito!" sabi ng eunuko. "Ako ba'y hindi pa maaaring bautismuhan?" Sinabi sa kanya ni Felipe, "Maaari, kung sumasampalataya ka nang buong puso." Sumagot siya, "Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos." Pinatigil

ng eunuko ang karwahe; lumusong silang dalawa sa tubig, at binautismuhan siya ni Felipe.

Tulad natin, sila'y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino pa ang makakahadlang na bautismuhan sila sa tubig? At iniutos niyang bautismuhan sila sa pangalan ni Jesu-Cristo. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili roon ng ilang araw.

Si Crispo na tagapamahala ng sinagoga at ang kanyang sambahayan ay sumampalataya sa Panginoon. Sumampalataya rin naman at nagpabautismo ang marami sa mga taga-Corintong nakikinig kay Pablo.

Ang bautismo ay isang paraan ng mananampalataya na ipakitang siya'y nakakasama ng Panginoong Jesu-Cristo sa Kanyang pagkamatay, pagkalibing, at muling pagkabuhay alang-alang sa iba.

Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan? Samakatwid, tayo'y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay na muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama'y mabuhay sa isang bagong pamumuhay.

Kaya, nanaisin mong maging masunurin sa utos ni Cristo na magpabautismo ka. Ito ay isang napakagandang paraan ng pagpapahayag mo sa iba ng iyong bagong buhay kay Cristo. Ipanalangin mo sa Diyos na dalhin ka Niya sa isang kapuwa mananampalataya, na nais mong magbautismo sa iyo, maaaring ang taong nagbigay sa iyo ng aklat na ito.

Mahalaga rin para sa iyo na regular na makipagpulong ka sa ibang mga tagasunod ni Jesu-Cristo. Ang pakikisama sa ibang mga Cristiano na nagmamahal kay Jesus at sa Kanyang Salita ay makapagpapalakas sa iyo at sa kanila. Ang ginawa ng Diyos para sa iyo kay Cristo ay malaking kasiglahan sa ibang mananampalataya, at ang ginawa ng Diyos sa buhay ng ibang mananampalataya ay magiging pampasigla at pagpapala sa iyo.

Gaya ng nabasa mo sa Kabanatang Pito, ang mga bagong mananampalataya ay nagtitipon araw-araw upang magsama-sama at manalangin, magsalu-salo, makinig at matuto ng Salita ng Diyos, upang umawit ng mga papuri sa Diyos, upang tugunan ang mga pangangailangang materyal at espirituwal ng isa't isa, at upang humayo at ipamahagi ang Magandang Balita tungkol kay Jesus sa mga hindi pa nakarinig nito.

Nagpupuri sila sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng tao. Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.

Kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Samantala, siya'y taimtim na ipinananalangin ng iglesya.

Ang mga mananampalataya ay nagtipon-tipon sa iba't ibang lugar at sa iba't ibang oras. Hindi mahalaga kung saan sila nagtitipon, kundi regular nilang ginagawa iyon, lalong-lalo na upang ang mas malalakas na mananampalataya ay makatulong sa mga mas mahihina. Ang mga napagkatiwalaan ng mga kayamanan ng Diyos ay maaaring makapamahagi sa mga nangangailangan.

Sa ngayon ang mga gusaling pinagpupulungan ng mga mananampalataya ay tinatawag na "Church," ngunit itinuturo ng Biblia na ang "Church" o Iglesya ay ang pangkat ng mga mananampalataya kay Jesu-Cristo. Ang Iglesya ay ang mga tao, hindi ang gusali o bahay na kanilang pinagpupulungan.

Ang Diyos na gumawa ng sanlibutan at ng lahat ng naroroon ang siyang Panginoon ng langit at lupa, kaya't hindi siya tumatahan sa mga templong ginawa ng tao.

Sabi ni Jesus, **"Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila."** Ang Espiritu ng Diyos ay makakasama mo sa isang espesyal na paraan kapag kayo'y nagsasama-sama sa Pangalan ni Jesus upang sambahin ang Diyos, patatagin ang isa't isa, at upang pasiglahin ang isa't isa sa inyong paglakad na kasama ang Panginoon.

Mahalaga ring matandaan mo na ikaw ay templo ng Espiritu Santo. Ang Diyos ay nabubuhay at naninirahan sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Siya ay isang mapagmahal at personal na Diyos. Pakiramdaman mo ang Espiritu ng Diyos na nasa iyo, hindi lamang kapag nag-iisa ka, kundi kapag kasama mo rin ang ibang mananampalataya. Parangalan mo ang Diyos sa pamamagitan ng iyong katawan.

Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo at tinanggap ninyo mula sa Diyos? Ang inyong katawan ay hindi talagang inyo kundi sa Diyos; binili niya kayo sa malaking halaga. Kaya't gamitin ninyo ang inyong katawan upang maparangalan ang Diyos.

Sa Kabanatang Pito ay nabasa mo kung paano nagtrabaho ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga naunang mga tagasunod ni Jesus, at ipinapahayag Siya sa mga di-mananampalataya saanman sila magpunta. Nagpatuloy ito araw-araw. Nagsama-sama sila, tinugunan ang mga pangangailangan ng isa't isa, pinasigla ang isa't isa, at sila'y humayo at ipinahayag sa iba ang Magandang Balita tungkol kay Jesus.

Ito na ngayon ang kabuuan ng iyong buhay: ang ipakilala si Jesus sa ibang tao sa pamamagitan ng Salita at gawa. Ikaw ay isang sisidlang pinili ng Diyos, hindi lamang upang sa iyo'y manirahan, kundi upang mamuhay sa pamamagitan mo. Ang Jesus na naninirahan sa iyo ang siya ngayong pag-asa ng mga nakakasalamuha mo sa bawat araw. Ikaw ay espesyal at kailangan ka ng Diyos upang maisakatuparan sa daigdig ang Kanyang plano at kagustuhan.

Ibigay mo ang iyong sarili nang buong-buo sa pamumuhay para sa Diyos. Hindi ito palaging magiging madali, ngunit ito'y palaging magiging sulit. Maaaring usigin ka ng iba gaya ng nangyari sa maraming Cristiano, subalit ang kaluwalhatiang mahahayag sa iyo ay higit pa sa alinmang magagaan at pansamantalang mga kaguluhan na maaaring nararanasan mo. Basahin mo ang mga nakasulat na mga salita ng isang dakilang lingkod ng Diyos:

"Si Cristo Jesus na ating Panginoon ang ipinangangaral ko at hindi ang aking sarili. Ako'y lingkod ninyo alang-alang kay Jesus. Sapagkat ang Diyos na nagsabing "Mula sa karimlan ay sisilang ang liwanag" ay siya ring nagbigay-liwanag sa aming mga isip upang makilala ang kadakilaan ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo. Ngunit kaming pinagkalooban ng kayamanang espirituwal na ito ay hamak—kung baga sa sisidlan ay palayok lamang—upang ipakilalang ang di malirip na kapangyarihan ay sa Diyos, at hindi amin.

Ginigipit kami sa kabi-kabila ngunit di nagagapi. Kung minsa'y nagaalinlangan kami ngunit di nawawalan ng pag-asa. Pinag-uusig kami ngunit di nawawalan ng kaibigan; naibubuwal ngunit di tuluyang naililugmok. Lagi kong taglay sa aking katawan ang kamatayan ni Jesus upang sa pamamagitan ng katawan ko'y mahayag ang kanyang buhay. Kami'y laging nabibingit sa kamatayan alang-alang kay Cristo upang sa aming katawang may kamatayan ay mahayag ang kanyang buhay. Anupat habang ako'y dahan-dahang namamatay, nagkakaroon naman kayo ng buhay na walang hanggan.

Sinasabi ng Kasulatan, "Nagsasalita ako sapagkat ako'y sumasampalataya." Bunga ng gayong diwa ng pananampalataya, nagsasalita rin ako sapagkat ako ma'y sumasampalataya. Sapagkat nalalaman kong ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Jesus ang siya ring bubuhay sa akin kasama niya, at magdadala sa inyo at sa akin sa kanyang piling.

Ang lahat ng pagtitiis ko ay sa kapakanan ninyo upang sa pagdami ng mga nakatatanggap ng mga kaloob ng Diyos, lalo namang dumami ang magpapasalamat at magpupuri sa kanya. Kaya't hindi ako pinanghihinaan ng loob. Bagamat humihina ang aking katawang-lupa, patuloy namang lumalakas ang aking espiritu.

Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas ko ngayon ay magbubunga ng kaligayahang walang hanggan at walang katulad. Kaya't ang paningin namin ay nakapako sa mga bagay na di nakikita, hindi sa nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di nakikita."

Kaya't kapag tayo'y nahaharap sa mga paghihirap, mga pagsubok at mga tukso:

"Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos."

"Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok, sapagkat alam ninyo na lalong magiging matatag ang inyong pananampalataya matapos ninyong pagtagumpayan ang mga pagsubok na iyan. At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang.

Ang pagtitiis ay isang napakahalagang bahagi ng ating karanasang Cristiano. Kailangang magkaroon tayo ng ganitong katangian sa ating buhay sapagkat kung walang pagtitiis, ang ating pananampalataya ay hindi magiging dalisay at ganap.

Kaya't huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon, tayo'y mag-aani kung hindi tayo magsasawa.

"Kaya't huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, sapagkat taglay nito ang dakilang gantimpala. Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ang kanyang ipinangako."

Ang pinakabuod ng iyong pang-araw-araw na paglakad kasama ni Jesus ay **"ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig."** Gaano man kahirap sa tingin mo ang iyong kalagayan sa buhay, hindi ka dapat mawalan ng pananalig sa Salita ng Diyos, at hindi ka dapat tumigil sa pamumuhay na may pag-ibig. Hindi ka dapat mapalayo sa mga pangako ng Diyos.

May mga pagkakataong ang iyong pananampalataya sa Salita ng Diyos ay parang walang nagagawa, subalit iyon ang panahon na dapat kang magtiis sa halip na sumuko. Kapag inaapi ka ng iba, huwag mong itigil ang pagmamahal sa kanila at huwag mong **"gantihan ng masama ang masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama."**

"Sa wakas, magpakatibay kayo sa pamamagitan ng inyong pakikipag-isa sa Panginoon at sa tulong ng dakilang kapangyarihan niya. Isuot ninyo ang baluting kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. Sapagkat ang kalaban nati'y hindi mga tao, kundi mga pinuno, mga maykapangyarihan, at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa sanlibutang ito—ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid. Kaya't isuot ninyo ang baluting mula sa Diyos. Sa gayon, makatatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng masamang araw na iyon, at pagkatapos ng inyong pakikipaglaban ay matatag pa rin kayong nakatayo. Kaya't maging handa kayo: gawin ninyong bigkis ang katotohanan, itakip sa dibdib ang baluti ng pagkamatuwid, at isuot ang panyapak ng pagiging handa sa panganga-

ral ng Mabuting Balita ng pakikipagkasundo sa Diyos. Taglayin ninyong lagi ang kalasag ng pananalig kay Cristo, bilang panangga't pamatay sa lahat ng nagliliyab na palaso ng Masama. Isuot ninyo ang helmet ng kaligtasan, at kunin ninyo ang tabak na kaloob ng Espiritu, samakatwid, ang Salita ng Diyos. Ang lahat ng ito'y gawin ninyo sa pamamagitan ng mga panalangin at pagsamo. Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon."

Alalahanin mong **"ikaw ngayo'y isang sugo ni Cristo sa isang napapahamak at namamatay na sanlibutan. Ikaw ay isang kawal sa hukbo ng Diyos. Gawin mo ang buo mong makakaya sa pakikibaka alang-alang sa pananampalataya Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang laban sa atin? sapagkat ang Espiritung nasa inyo ay makapangyarihan kaysa espiritung nasa mga makasanlibutan. Ang lahat ng ito'y kayang-kaya nating pagtagumpayan sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin. Panghawakan mo ang pinanghawakan ni Cristo Jesus sa iyo. ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo."**

Magbigay ka. Anumang ibinigay sa iyo ng Diyos, ibahagi mo sa iba na hindi pinagpala na tulad mo. **Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad. Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap.** Kapag may nakita kang nangangailangan, huwag kang magdamot; tugunan mo ang kanilang pangangailangan sa Pangalan ni Jesus.

Darating na si Jesus! Noong narito pa Siya sa lupa, sinabi Niya sa Kanyang mga tagasunod, **"Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid; kung hindi gayon, sinabi ko na sana sa inyo. At paroroon ako upang ipaghanda ko kayo ng matitirhan. Kapag naroroon na ako at naipaghanda na kayo ng matitirhan, babalik ako at isasama kayo sa kinaroroonan ko."**

Binuhay kayong muli, kasama ni Cristo, kaya't ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit, hindi ang mga bagay na panlupa, sapagkat namatay na kayo at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Cristo. Si Cristo ang tunay na buhay ninyo, at pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.

Ang Salita ng Diyos

Ang nakasulat na Salita ng Diyos, ang Biblia, ang batayan at saligan ng buong aklat ng ito. Ang lahat ng nakasulat sa aklat na ito ay batay sa Katotohanan na nakatala sa Salita ng Diyos. Ang Biblia ang nakasulat na talá, kasaysayan at pagpapahayag ng Diyos sa tao tungkol sa Kanyang sarili.

Maraming bahagi ng Kasulatan mula sa Biblia ang ginamit sa aklat na ito. Ang mga ito'y nasa **maiitim na titik** sa buong aklat na ito. Sa muli mong pagbasa nito, bigyang-pansin mo ang mga Salitang mula sa Biblia, ang Salita ng Diyos. Narito ang ilan sa mga sinasabi ng Biblia tungkol sa kanyang sarili:

"Higit sa lahat, tandaan ninyo na walang makapagpapaliwanag ng alinmang hula sa Kasulatan sa bisa ng kanyang sariling kakayahan. Sapagkat hindi nagbuhat sa kalooban ng tao ang hula ng mga propeta; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong kinasihan ng Espiritu Santo"

"Mula pa sa pagkabata, alam mo nang ang banal na Kasulatan ay nagtuturo ng daan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo Jesus. Lahat ng kasulata'y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay. Sa gayon, ang lingkod ng Diyos ay magiging handa sa lahat ng mabubuting gawain."

Ang mga taong pinili ng Diyos na sumulat at magsalita ng Salita ng Diyos ay pinatnubayan ng Espiritu Santo, at inihinga Niya ang Kanyang mga Salita sa kanila. Ang Biblia ay Salita ng Diyos, hindi salita ng tao, at bagama't gumamit ang Diyos ng mga tao bilang mga kasangkapan upang isulat ang Kanyang Salita, kailanma'y hindi ito lilipas. Ito'y Walang Hanggan, kung paanong ang Diyos ay Walang Hanggan.

"Ang salita mo, O Yahweh, di kukupas, walang hanggan, matatag at di makilos sa rurok ng kalangitan."

"Mawawala ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi magkakabula."

"Ang damo ay natutuyo, at nalalanta ang bulaklak, ngunit ang salita ng Panginoon ay mamamalagi kailanman."

"Ang lahat ng salita ng Diyos ay mapananaligan at siya ang kanlungan ng mga nananalig sa kanya."

"Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pi-

naghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao."

"Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, sapagkat lumalakas ang ating loob at nagkakaroon ng pag-asa kapag binabasa natin ang mga aral na matatagpuan dito."

Ang Salita ng Diyos ang pinakamahalagang bagay na maaari mong basahin. Sa paulit-ulit mong pagbabasa at pag-aaral sa aklat na ito, nagsisimula kang maglagay ng pundasyon ng Katotohanan mula sa mga Kasulatan na nasa **Maiitim na Titik** sa buong aklat na ito, ngunit gusto rin naming makapagpadala sa iyo ng isang kopya ng Bagong Tipan, na siyang bahagi ng Biblia na nagsasaad ng Nakasulat na Salita ng Diyos, buhat sa Kapanganakan ni Jesu-Cristo.

Ang aklat na ito, "Ang Tunay na Kaligayahan—Maaaring Maging Iyo," ay hindi Salita ng Diyos, bagaman naglalaman ito ng maraming mga pangungusap mula sa Biblia. Buong pusong inaanyayahan ka namin na sulatan mo kami para sa iyong kopya ng Bagong Tipan, na ipapadala namin sa iyo nang walang bayad.

Makikita mo sa kasunod na pahina ang isang "Order Form." Punan mo ang mga puwang nito at ipadala mo sa amin sa pamamagitan ng koreo. Padadalhan ka namin ng isang libreng Bagong Tipan, kalakip ang mga tuntunin kung paano ang pinakamakabuluhang pagbasa at pag-aaral nito upang higit mo itong mapakinabangan.

Makikita mo rin sa "Order Form" ang isang bahagi na kung saan ay maaari ka pang humingi ng marami pang kopya ng aklat na ito, nang walang bayad, para ipamigay mo sa iyong pamilya, mga kaibigan, mga taong nakakasalamuha mo sa araw-araw. Kung natulungan ka ng aklat na ito, tutulungan din nito ang iba. Ito ay isang kasangkapan na magagamit mo para matulungan ang iba na makilala si Cristo.

Ang huling dalawang pahina ng aklat na ito ay naglalaman ng isang pinaikling paglalahad ng Plano ng Diyos sa Kaligtasan. Inilagay ito dito para magamit mo sa pagtulong mo sa ibang tao na makipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap nila kay Jesu-Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Ang pinakamakahulugang mga sandali ng iyong buhay Cristiano ay kapag tumutulong ka sa ibang tao na manumbalik sa tamang relasyon sa kanilang Lumikha sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Pagpalain ka nawa ng Diyos sa pagtulong mo sa iba na matagpuan din ang Tunay na Kaligayahan na iyong natagpuan.

Order Form

Padalhan po ninyo ako ng isang libreng Bagong Tipan, at _____ libreng kopya ng aklat na ito, Ang Tunay na Kaligayahan—Maaaring Maging Iyo. (Hilingin mo ang bilang ng mga kopya na magagamit mo, at sisikapin naming maipadala ang mga iyon sa iyo.)

Pangalan: _____

Tirahan: _____

Lungsod/Bayan: _____

Lalawigan: _____

Zip Code: _____

Bansa: _____ Edad: _____

Gupitin sa putol-putol na guhit at ipadala
ang Order Form na ito sa:

DenSu Ministries, Inc.
P.O. Box 764
MANILA CPO
1099 PHILIPPINES

O mag-Email sa amin:
book@densu.com

Puntahan ang Aming Web Site:
http://www.densu.com

Mangyaring gamitin ang kabilang bahagi ng Order Form na ito upang sabihin sa amin kung paano mo natanggap ang aklat na ito at kung paano nakatulong ito sa iyo. Sabihin mo rin sa amin kung paano at saan mo binabalak gamitin ang mga libreng kopya ng aklat na ito para matulungan mo ang iba na makilala si Cristo.



Ang Plano ng Diyos sa Kaligtasan

Nilikha ka ng Diyos, ang Lumikha ng Sansinukob, na may kakayahang maging tunay na maligaya sa pamamagitan ng isang malapit at may pagtitiwalang relasyon sa Kanya. Subalit ikaw at ang buong sangkatauhan ay nagkanya-kanya ng daan, na siyang sumira ng pagtitiwala sa Diyos at pinili ninyo na mamuhay nang malayo sa inyong Lumikha.

Tinukso ng diyablo, na si Satanas, ang sangkatauhan, at nagsinungaling tungkol sa katangian ng Diyos, at inakit ang sangkatauhan na huwag magtiwala sa Diyos at sa halip ay magkasala sa Kanya. Inalis ng kasalanan, di-pagsampalataya, at pagsuway mula sa sangkatauhan ang kagalakan, kapayapaan, at Tunay na Kaligayahan na inilaan ng Diyos para sa bawat tao.

Ang pagkahiwalay ng tao sa Diyos dahil sa kasalanan ay nag-iwan sa tao ng kawalan at kakulangan na walang iba kundi ang Diyos lamang ang maaaring magpunô. Sa loob ng daan-daang taon ay sinikap ng mga tao na punan ang kakulangang iyon ng lahat ng iniaalok ng sanlibutan, kasama ang mabubuting bagay at masasamang bagay, maging ang relihiyon mismo, ngunit sila'y nananatiling may kawalan, matatakutin, malungkot, nabibigatan at nalilito.

Kailanma'y hindi tumigil ang Diyos sa pagmamahal sa tao na nilalang ayon sa Kanyang sariling wangis, sa halip ay gumawa Siya ng paraan, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo, upang manumbalik ang buong sangkatauhan sa Kanya at sa Kanyang orihinal na plano para sa kanila.

Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.

Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."

Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.

Sapagkat si Cristo'y namatay para sa inyo. Namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat—ang walang kasalanan para sa mga makasalanan—upang iharap kayo sa Diyos.

"Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan."

Namatay si Jesu-Cristo para sa iyo upang mapatawad ka sa iyong mga kasalanan, magkaroon ng tamang relasyon sa Diyos, na iyong Lumikha, at upang maranasan mo ang Tunay na Kaligayahan, ngayon at magpakailanman, sa pamamagitan ni Jesus.

Sabi ni Jesus, "Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay—isang buhay na ganap at kasiya-siya."

Sabi ni Jesus, "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y pagpapahingahin ko. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; ako'y maamo at mababang-loob, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong kaluluwa."

Sabi ni Jesus, "Ako'y naparito bilang ilaw ng sanlibutan, upang hindi manatili sa kadiliman ang nananalig sa akin."

"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos."

"Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka."

"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."

Maaari kang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ngayon mismo at tumanggap kay Jesu-Cristo bilang iyong sariling Tagapagligtas at Panginoon sa pamamagitan ng panalanging ito:

Mahal kong Diyos,

Ako'y sumasampalataya na si Jesus ay namatay para sa aking mga kasalanan at Siya'y muli Mong binuhay mula sa mga patay. Salamat sa pagbibigay Mo sa akin ng Iyong Anak. Ngayon din ay tumatawag ako sa Pangalan ni Jesus at tinatanggap ko Siya sa aking puso bilang aking Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay.

Salamat, O Diyos, sa pagliligtas Mo sa akin mula sa aking mga kasalanan at sa pagpapanumbalik Mo sa akin sa tamang relasyon sa Iyo. Tulungan Mo po ako sa bawat araw na lalo kitang makilala at makapamuhay ako nang kasiya-siya sa Iyo sa lahat ng bagay. Nais kong ipagkatiwala sa Iyo ang lahat ng bahagi ng aking buhay at nais kong Ikaw ay sundin. Minamahal kita!

Sa pangalan ni Jesus, Amen!